

Liakhona

A photograph of a woman with a white headscarf and a yellow short-sleeved shirt. She is looking down at a baby lying in a hospital bed. The baby is wrapped in a white blanket. The scene is lit with warm, soft light, possibly from a window.

**Sinusunod Natin
si Jesucristo, mga
pahina 16, 22, 28**

**Bakit Natin Kailangan ng
Organisadong Relihiyon,
p. 44**

**Paano Ko Malilimutan
ang Sakit? p. 46**

**Game Na! . . . o Ayawan Na?
p. 70**



“Ang kababaang-loob ay mayamang lupa kung saan lumalago ang espirituwalidad at nagbubunga ng inspirasyon para malaman kung ano ang gagawin.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Paano Makatatanggap ng Paghahayag at Inspirasyon sa Inyong Personal na Buhay,” *Liahona*, Mayo 2012, 47.



MGA MENSAHE

- 4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Isang Payo para sa Nag-aatubiling Missionary**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 8 **Mensahe sa Visiting Teaching: Nagbalik-loob sa Panginoon**

SA PABALAT

Harap: Larawan ng babaeng tumutulong pagkaraan ng lindol sa Haiti noong 2010, nina Jeffrey D. Allred at Mike Terry © *Deseret News*.
Likuran: Larawang kuha ni Howard Collett © IRI. Sa likod ng pabalat sa harapan: Larawang kuha ni Royce Bair © Flickr/Getty Images.




TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 16 **Integridad: Pundasyon ng Buhay na Katulad ng kay Cristo**
Ni Elder Tad R. Callister
Ang pitong alituntuning ito ay magbibigay sa atin ng inspirasyon na gawing mahalagang katangian ng ating pagkatao ang integridad sa ating personal na buhay.
- 22 **Pagiging Disipulo sa Lahat ng Panahon, sa Lahat ng Bagay, sa Lahat ng Lugar**
Ni Melissa Merrill
Ibinahagi ng anim na miyembro ang natutuhan nila sa “eksperimento sa pagiging disipulo.”
- 28 **Pagbalanse ng Katotohanan at Pagpaparaya**
Ni Elder Dallin H. Oaks
Dapat tayong manindigan sa katotohanan, bagama’t nagpaparaya tayo at iginagalang ang mga paniniwala at ideyang naiiba sa atin.

MGA BAHAGI

- 9 **Pagtuturo ng Para sa Lakas ng mga Kabataan: Libangan at Media**
- 10 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre**
- 13 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Paghingi ni Itay ng Paumanhin**
Ni David Hixon
- 14 **Ang Ating Paniniwala: Kailangan Tayong Ipanganak ng Tubig at ng Espiritu**
- 36 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 76 **Mga Balita sa Simbahan**
- 79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**
- 80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pag-alala sa Kanya sa Araw ng Sabbath**
Ni Michael R. Morris

MGA YOUNG ADULT



40

40 Mga Pamantayan sa Lahat ng Panahon

Ni Lori Fuller

Ano ang gagawin ninyo kapag alinlangan kayo kung tama o maling gawin ang isang bagay? Magagabayan kayo ng limang alituntuning ito mula sa Aklat ni Mormon.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito.
Hint: Hanapin sa langit.

50



MGA KABATAAN

44 Kailangan Natin ang Simbahan ni Cristo

Ni David A. Edwards

Iniisip ng ilan kung bakit kailangan ang organisadong relihiyon. Narito ang limang dahilan.

46 Mga Tanong at mga Sagot

Talagang nasaktan ako sa ginawa ng isa sa mga kaibigan ko. Alam ko na dapat akong magpatawad, pero paano ko malilimutan ang sakit?"

48 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Lights . . . Camera . . . Action!

Ni Adrián Ochoa

50 Adik sa Video Games

Hindi ibinigay ang pangalan Nang magsimula akong hindi magsimba at hindi mag-aral ng mga banal na kasulatan para makapaglaro ng video games, natanto ko na kailangan kong balansehing muli ang buhay ko.

52 Magpokus sa mga Pinahahalagahan

Ni Elder Russell M. Nelson

Ang pagkakaroon ng walong pinahahalagahan ito sa inyong buhay ay tutulong sa inyo na maging tulad ng nais ng Ama sa Langit na kahinatnan ninyo.

56 Ang Bahaging para sa Atin


58 Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Plano ng Kaligtasan

Maiikling sagot sa apat na bagay na maaaring itanong ng iyong mga kaibigan.

60 Paano Ko Pangangasiwaan ang Isang Miting?

Subukang sundin ang pitong mungkahing ito kapag nanggasiwa kayo sa isang miting.

MGA BATA



62

61 Natatanging Saksi: Paano Ako Matutulungan ng mga Banal na Kasulatan?

Ni Elder Richard G. Scott

62 Ang Tunay na Mahalaga

Ni Charlotte Wood Wilson

Nang pagtawanan ako ng mga kaibigan ko sa eskuwela, itinuro ni Inay na dalawang opinyon lang ang talagang mahalaga.

64 Ang Ating Pahina

65 Magandang Ideya

66 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang Mundo ay Nilikha para sa mga Anak ng Ama sa Langit

68 Kagandahan sa Buong Paligid

Ni Marissa Widdison

Tingnan ang sining at mga nililok na kahoy ni Pangulong Boyd K. Packer noong bata pa siya.

70 Ang Patakaran sa mga Rating

Ni Jennifer Maddy

Ano ang gagawin ni Ethan kapag nagsimulang maglaro ng video game si Chase na hindi angkop sa mga pamantayan ng pamilya ni Ethan?

72 Para sa Maliliit na Bata

81 Larawan ng Propeta: Brigham Young

PEBRERO 2013 TOMO 16 BLG. 2
LIAHONA 10782 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Family and Member Support: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot:

Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

Assistant ng Publikasyon: Melissa Zenteno

Writing and Editing Team: Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flittin, Mindy Raye Friedman, Garry H. Garff, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Design Team: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

Intellectual Property Coordinator:

Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen

Pagsasalain: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa

Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

February 2013 Vol. 16 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

Marami Pang Iba Online Liahona.Lds.org



PARA SA MATATANDA

Ang Ating Paniniwala (pahina 14) ay nagtuturo ng mga pangunahing doktrina sa simpleng pananalita. Maraming iba pang simpleng paliwanag tungkol sa iba't ibang doktrina at alituntunin ang matatagpuan online sa lds.org/topics.

PARA SA MGA KABATAAN

Sa pahina 48, itinuro ni Adrián Ochoa, pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency, kung bakit mahalagang piliin nang may katalinuhan ang media na ating pinanonood at pinakikinggan. Marami pa kayong matututuhan tungkol sa mga pamantayan sa media at libangan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa youth.lds.org.

Sa pahina 52, may sinabi si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa walong pinahahalagahan ng Young Women. Marami pang matututuhan ang mga kabataang babae tungkol sa mga pinahahalagahan at gawaing iyon sa Personal na Pag-unlad online sa PersonalProgress.Lds.org.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Binyag, 14
Gawaing misyonero, 4
Halimbawa, 4, 28, 36, 38, 39
Integridad, 16, 52
Jesucristo, 22
Kahalagahan ng sarili, 52, 60
Kapatawaran, 46
Katapatan, 36
Katotohanan, 28
Kristiyanismo, 38, 44
Kumpirmasyon, 14
Media, 9, 13, 48, 50, 70
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 22, 56, 61

Pag-asa sa sarili, 37
Paggalang, 28
Pagiging disipulo, 22
Pag-iimbak ng pagkain, 37
Pagkakaibigan, 57
Paglikha, 66, 68, 72
Paglilingkod, 22
Pagpapaaktibo, 8
Pagpaparaya, 28
Pagsunod, 40
Pagtuturo, 9
Pakikipagkaibigan, pakikipagkapatiran, 8
Pamantayan, mga, 9, 13, 28, 39, 40, 48, 70

Pamilya, 13
Pananalita, 56
Pananatiling aktibo ng mga nabinyagan, 8
Pangkalahatang kumperensya, 10
Pinahahalagahan, 52
Pulong, mga, 60
Sabbath, 80
Seminary, 56
Tipan, mga, 14
Ugnayan ng iba't ibang relihiyon, 28, 38
Visiting teaching, 8
Young, Brigham, 81



**Ni Pangulong
Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang Tagapayo
sa Unang Panguluhan

ISANG PAYO PARA SA Nag-aatubiling Missionary

Noon pa man ay obligasyon na ng mga disipulo ni Jesucristo na dalhin ang Kanyang ebanghelyo sa buong mundo (tingnan sa Marcos 16:15–16). Gayunpaman, kung minsan ay mahirap magbuka ng bibig at magsalita sa mga tao sa ating paligid tungkol sa ating pananampalataya. Samantalang ang ilang miyembro ng Simbahan ay may likas na talento sa pagsasalita sa ibang tao tungkol sa relihiyon, ang iba naman ay medyo atubili o maaaring asiwa, nahihiya, o natatakot pang gawin ito.

Dahil diyan, magmumungkahi ako ng apat na bagay na magagawa ng sinuman para masunod ang utos ng Tagapagligtas na ipangaral ang ebanghelyo “sa bawat kinapal” (D at T 58:64).

Maging Liwanag

Nakasaad sa paborito kong sawikain na madalas iukol kay St. Francis of Assisi na, “Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng panahon at kung kailangan, magsalita.”¹ Mahihiwatigan sa sawikaing ito ang pagkaunawa na ang pinakamabibisang sermon kadalasan ay yaong hindi sinasambit.

Kapag tayo ay may integridad at laging namumuhay ayon sa ating mga pamantayan, napapansin ito ng mga tao. Kapag nakita ng iba na masaya at maligaya tayo, lalo nila itong napapansin.

Lahat ng tao ay gustong sumaya. Kapag nabanaagan sa buhay nating mga miyembro ng Simbahan ang liwanag ng ebanghelyo, makikita nila ang ating kaligayahan at madarama ang pagmamahal ng Diyos na pumupuspos at nag-uumpaw sa ating buhay. Gusto nilang malaman kung bakit. Gusto nilang malaman ang ating sikreto.

Humahantong iyan sa pagtatanong nila ng “Bakit ang saya-saya ninyo?” o “Bakit laging positibo ang pananaw ninyo?” Siyempre pa, ang sagot sa mga tanong na ito ay

humahantong sa pag-uusap tungkol sa ipinambalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Makipag-usap

Ang pakikipag-usap tungkol sa relihiyon—lalo na sa ating mga kaibigan at mahal sa buhay—ay maaaring nakakatakot at mahirap. Hindi kailangang magkagayon. Ang pagbanggit sa espirituwal na mga karanasan o aktibidad o kaganapan sa Simbahan sa kaswal na pag-uusap ay maaaring maging madali at nakasisiya kung magkakaroon tayo ng kaunting lakas ng loob at common sense o sentido komun.

Ang asawa kong si Harriet ay magandang halimbawa nito. Noong nakatira kami sa Germany, naghanap siya ng paraan na mapag-usapan ang mga paksang may kaugnayan sa Simbahan sa pag-uusap nila ng kanyang mga kaibigan at kakilala. Halimbawa, kapag may nangumusta sa ginawa niya sa araw ng Sabado’t Linggo, sasabihin niya, “Sa Linggong ito nagkaroon kami ng napakagandang karanasan sa simbahan namin! Isang 16-na-taong-gulang na binatilyo ang nagbigay ng magandang mensahe sa harap ng 200 katao sa aming kongregasyon tungkol sa malinis na pamumuhay.” O, “Nalaman ko na may isang 90-anyos na babaeng nakapag-gantsilyo ng mahigit 500 kumot at ibinigay ang mga ito sa humanitarian program ng aming Simbahan para maipadala sa mga taong nangangailangan sa lahat ng dako ng mundo.”

Kadalasan, ang mga nakakarinig nito ay nagiging interesado na malaman pa ang tungkol dito. Nagtatanong sila. At humahantong iyan sa mga usapan tungkol sa ebanghelyo sa paraang natural, walang pangamba at di-nakasasakit sa iba.

Sa paglitaw ng Internet at social media, mas madali na ngayong pag-usapan ang mga bagay na ito sa di-pormal na paraan kaysa noon. Ang kailangan lang natin ay lakas ng loob na gawin ito.



PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ang isang epektibong paraan ng pagtuturo ay “himukin ang inyong mga tinuturuan na magtakda ng . . . mga layunin na makatutulong sa kanila na ipamuhay ang alituntunan na inyong itinuro” (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 212). Isiping anyayahan ang mga tinuturuan ninyo na mapanalanging mithiin na ibahagi ang ebanghelyo sa isa o mahigit pang mga tao sa buwang ito. Maaaring talakayin ng mga magulang kung paano makatutulong ang musmos pang mga anak. Matutulungan din ninyo ang mga miyembro ng pamilya na magpalitan ng mga ideya o magdula-dulaan ng mga paraan kung paano matatalakay ang ebanghelyo sa karaniwang usapan at isipin ang darating na mga aktibidad ng Simbahan kung saan maaari nilang anyayahan ang isang kaibigan.

Mapuspos ng Biyaya

Ang nakalulungkot, napakadaling maka-inisan ka. Napakadalas nating makipagtalos, manghamak, at manghugsa. Kapag tayo ay nagalit, nawalan ng paggalang, o nagsalita nang masakit sa mga tao, ang huling bagay na gusto nilang malaman ay ang tungkol sa atin. Imposibleng malaman kung ilang tao na ang tumalikod sa Simbahan o hindi sumapi dahil may sinabi ang isang tao na nakasakit sa kanila o nagpasama sa kanilang kalooban.

Napakaraming kagaspangan ng pag-uugali sa mundo ngayon. Dahil mahirap malaman kung sino ang sumulat ng isang bagay sa Internet, mas madali ngayong magbitaw ng mga salitang masakit o nakasasama ng loob online. Hindi ba nararapat na tayo, na umaasang mga disipulo ng magiliw nating Cristo, ay magkaroon ng mas mataas, puno ng pagmamahal na pamantayan? Itinuro sa mga banal na kasulatan, “Ang inyong pananalita nawa’y laging may biyaya, na magkalasang asin, upang inyong maalaman kung ano ang nararapat ninyong isagot sa bawa’t isa” (Mga Taga Colosas 4:6).

Gusto ko ang ideya na maging malinaw ang ating mga salita na tulad ng maaliwalas na kalangitan at puno ng biyaya. Nawawari ba ninyo kung ano ang kahihinatnan ng ating pamilya, ward, bansa, at maging ng mundo kung susundin natin ang simpleng alituntuning ito?

Mapuspos ng Pananampalataya

Kung minsan ay labis nating pinupuri o sinisisi ang ating sarili pagdating sa pagtanggap ng iba sa ebanghelyo. Mahalagang alalahanin na hindi inaasahan ng Panginoon na tayo ang magpabalik-loob sa iba.

Ang pagbabalik-loob ay hindi nagmumula sa ating mga salita kundi sa makalangit na pagtulong ng Banal na Espiritu. Kung minsan ang kailangan lang gawin ay ipahayag nang maikli ang ating patotoo o ang isang karanasan para mapalambot ang puso ng isang tao o mabuksan ang daan na aakay sa iba na maranasan ang nakasisiglang mga

katotohanan sa pamamagitan ng mga pahiwatig ng Espiritu.

Sinabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77) na alam niya na ang ebanghelyo ay totoo nang “[makakita siya] ng taong walang kahusayan sa pagsasalita, o mga talento sa pagsasalita sa harap ng madla, na nakapagsasalita lamang ng, ‘Alam ko, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na si Joseph Smith ay Propeta ng Panginoon.’” Sinabi ni Pangulong Young nang marinig niya ang mapagpakumbabang patotoong iyon, “[Binigyang]-liwanag ng Espiritu Santo na nagmumula sa taong iyon ang aking pang-unawa, at ang liwanag, kaluwalhatian, at imortalidad ay nasa harapan ko.”²

Mga kapatid, sumampalataya. Maaaring punuin ng inspirasyon ng Panginoon ang mga salitang sinasambit ninyo at gawin itong kapangyarihan. Hindi iniuutos sa inyo ng Diyos na pagbalik-loobin ang mga tao kundi sa halip ay sinabing ibuka ang inyong bibig. Hindi ninyo gawain ang magpabalik-loob—iyan ay para sa taong nakikinig at sa Banal na Espiritu.

Bawat Miyembro ay Misyonero

Mahal kong mga kaibigan, mas marami ngayon ang mga paraan kaysa noon para ibuka ang ating bibig at ibahagi sa kapwa ang masayang balita ng ebanghelyo ni Jesucristo. May paraan para ang lahat—maging ang nag-aatubiling missionary—ay makibahagi sa dakilang gawaing ito. Makahanap ng paraan ang bawat isa sa atin na gamitin ang ating kani-kanyang mga talento at interes para suportahan ang dakilang gawain na punuin ng liwanag at katotohanan ang mundo. Kapag ginawa natin ito, madarama natin ang galak na nadarama ng mga taong sapat ang katapatan at tapang na “tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon” (Mosias 18:9). ■

MGA TALA

1. St. Francis of Assisi, sa William Fay at Linda Evans Shepherd, *Share Jesus without Fear* (1999), 22.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 77.

Pagbabahagi sa Isang Kaibigan

Ni Adriana Vásquez, Colombia

Isang araw habang nag-aaral para sa seminary class ko, nakadama ako ng maganda at malinaw na impresyon. Habang binabasa ko ang aralin para sa susunod na araw, nakita ko sa aking isipan ang mukha ng isang kaibigan ko sa eskuwela at nadama ko na dapat kong ibahagi sa kanya ang aking patotoo.

Sa kabila ng malinaw na impresyong ito, natakot ako. Nag-alala ako na baka hindi ako pansinin ng kaibigan ko, lalo na't tila hindi siya ang klase ng babae na magiging interesadong sumapi sa Simbahan.

Naalala ko ang mensahe ni Sister Mary N. Cook ng Young Women general presidency kung saan hinamon niya kaming magsikap at maging magiting.¹ Gusto kong maging ganito, kaya sinulatan ko ang babaeng ito at nagpatotoo ako tungkol sa katotohanan ng Simbahan at



sa pagmamahal ko sa Aklat ni Mormon. Kinabukasan naglagay ako ng kopya ng Aklat ni Mormon, na may liham ko, sa kanyang bag.

Nagulat ako na nakahanda siyang tanggapin ang ebanghelyo. Simula sa araw na iyon, sinasabi na niya sa akin ang natutuhan niya sa kanyang pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Pagkaraan ng ilang linggo, ipinakilala ko siya sa mga missionary. Halos agad-agad, natanggap niya ang pagpapatibay ng Espiritu Santo na ang kanyang natututuhan noon ay totoo.

Napaiyak kami ng mga missionary nang sabihin niya sa amin ang kanyang saloobin. Hindi nagtagal nabinyangan ang kaibigan ko, at namangha ang kanyang mga magulang sa nakitang mga pagbabago sa kanya.

Napakasaya ko na nadaig ko ang aking mga kinatatakutan at nakatulong ako sa paghahatid ng ebanghelyo sa kanyang buhay.

TALA

1. Tingnan sa Mary N. Cook, "Huwag na Huwag Susuko Kailanman!" *Liahona*, Mayo 2010, 117–19.

MGA BATA

Maaari Akong Maging Liwanag sa Iba

Sinabi ni Pangulong Uchtdorf na para maging liwanag sa iba, ang ating mga salita ay dapat maging "malinaw na tulad ng maaliwalas na kalangitan at puno ng biyaya." Ang ating mga salita ay dapat maging masaya, tapat, at puno ng kabaitan. Ano ang magagawa o masasabi ninyo para maging liwanag sa iba? Para makita ang nakatagong mensahe sa mga kahon sa ibaba, kulayan ng itim ang mga kahon na nagsasabi o gumagawa ng mga bagay na masama o nakasasakit ng damdamin.

Maisusulat ninyo sa inyong journal ang limang magagandang bagay na plano ninyong sabihin sa mga miyembro ng pamilya o sa mga kaibigan.

"Salamat"	Maging masaya	Maging tagapamayapa	"Hati tayo"	Maging magalang
"Sori"	Makipagtalo	"Natutuwa akong makita ka"	Makipag-away	"Gusto kong tumulong"
"Pakiusap"	Maging mabait	"Alis diyan"	"Mahal kita"	"Walang anuman"
Magalit	"Magaling"	Magbigay ng papuri	"Maging magkaibigan tayo"	Huwag mamansin
Tulungan ang isang tao	Mang-insulto	Mag-tsismis	Manakot	Maging mahinahon

Mapanalangin pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.



**Pananampalataya,
Pamilya, Kapanatagan**

Mula sa Ating Kasaysayan

“Sa patuloy na pagdami ng mga nabinyagan,” sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), “kailangang pag-ibayuhin pa ang pagsisikap nating tulungan sila sa pagtahak sa tamang landas. Bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng ‘mabuting salita ng Diyos’” (Moroni 6:4).³

Tungkulin ng mga visiting teacher na tulungan ang mga pinangangalagaan nila. Madalas ay nauuna ang pagkakaibigan, tulad ng nangyari sa isang bata pang miyembro ng Relief Society na naging visiting teacher ng isang nakatatandang babae. Hindi sila naging magkaibigan kaagad hanggang sa magkatulungan sila sa isang proyekto sa paglilinis. Naging magkaibigan sila, at habang pinag-uusapan nila ang Mensahe sa Visiting Teaching, kapwa sila napangalagaan ng “mabuting salita ng Diyos.”

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972) na ang Relief Society “ay mahalagang bahagi ng kaharian ng Diyos sa lupa at . . . natutulungan nito ang matatapat na miyembro upang magkaroon ng buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama.”⁴

Nagbalik-loob sa Panginoon

Ang baguhang kababaihan ng Simbahan—kabilang ang Young Women na papasok sa Relief Society, kababaihang nagbabalik sa pagiging aktibo, at mga bagong binyag—ay kailangan ng suporta at pakikipag-kaibigan ng mga visiting teacher. “Mahalagang tumulong ang mga miyembro na panatilihin aktibo ang mga nabinyagan at maibalik sa ganap na pagkaaktibo ang mga miyembrong di-gaanong aktibo,” sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Isaisip na ang Relief Society . . . ay maaaring maging [isa sa] pinakamabisang kasangkapan sa pakikipagkaibigan natin sa Simbahan. Maagap na tulungan ang mga tinuturuan at pinaaaktibong muli, at mahal sila sa Simbahan sa pamamagitan ng inyong organisasyon.”¹

Bilang mga miyembro ng Relief Society, matutulungan natin ang mga bagong miyembro na matutuhan ang mahalagang ginagawa sa Simbahan, tulad ng:

- Pagbibigay ng mensahe.
- Pagpapatotoo.
- Pagsunod sa batas ng ayuno.
- Pagbabayad ng ikapu at iba pang mga handog.
- Pakikibahagi sa gawain sa family history.
- Pagsasagawa ng mga binyag at kumpirmasyon para sa pumanaw nilang mga ninuno.

“Maalalahaning mga kaibigan ang kailangan para mapanatag ang mga



bagong miyembro at madama nila na kabilang sila sa simbahan,” sabi ni Elder Ballard.² Lahat tayo, lalo na ang mga visiting teacher, ay may mahahalagang responsibilidad na kaibiganin ang mga bagong miyembro para matulungan silang maging matatag sa “[pagba]balik-loob sa Panginoon” (Alma 23:6).

Mula sa mga Banal na Kasulatan

2 Nephi 31:19–20; Moroni 6:4

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, “Members Are the Key,” *Liahona*, Set. 2000, 18.
2. M. Russell Ballard, *Liahona*, Set. 2000, 17.
3. Gordon B. Hinckley, “Every Convert Is Precious,” *Liahona*, Feb. 1999, 9.
4. Joseph Fielding Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 113.

Ano ang Magagawa Ko?

1. Ipagdarasal ko ba ang kompanyon ko at hihilingin sa Espiritu na gabayan kami sa paglilingkod sa aming mga kapatid?

2. Paano namin mapaglilingkuran ang bawat babaeng pinangangalagaan namin para malaman niya na talagang nagmamalasakit kami sa kanya?

LIBANGAN AT MEDIA

Ang ating lipunan ay puno ng pagpipiliang media. Dapat tayong mag-ingat kung anong mga larawan at kaisipan ang ipapasok natin sa ating isipan dahil “anuman ang [ating] binabasa, pinakikinggan, o tinitingnan ay makakaapekto sa [atin]” (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 11). Sumulat si Adrián Ochoa, pangalawang tagapayo sa general Young Men presidency, tungkol sa libangan at media sa pahina 48 ng isyung ito.

“Tandaan na ang totoo ay narito kayo sa buhay na ito para palaguin ang inyong pananampalataya, subukan, at matuto at lumigaya,” pagsulat niya. “Bilang miyembro ng tunay na Simbahan ni Cristo, nasa inyo ang malaking kapangyarihan na tutulong sa inyo. Nasa inyo ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na nagbibigay-babala sa inyo kapag ang nasa harapan ninyo ay hindi tama. Nasa inyo rin ang kapangyarihan ng kalayaan, kaya mapipili ninyo ang inyong gagawin at hindi gagawin.”

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Talakayin sa inyong mga tinedyer ang mga pelikulang pinanonood ninyo bilang pamilya. Pakinggan ang musikang hilig nila. Magkasama ninyong pag-isipan kung angkop ang media na iyon sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.
- Magpunta sa youth.lds.org at mag-klik sa “For the Strength of

Youth” sa ilalim ng Youth Menu. Matatagpuan ninyo roon ang mga video, mga reperensya sa banal na kasulatan, mga radio program sa Mormon Channel, mga tanong at mga sagot, at mga artikulo (tingnan, halimbawa, sa “Getting Real”), kabilang na ang mga mensahe ng mga General Authority.

- Isiping magdaos ng family home evening tungkol sa kahalagahan ng pagpili ng mabuting media (magandang pagkunan ang mensahe ni David A. Bednar, “Ang Katunayan ng mga Bagay-bagay,” *Liahona*, Hunyo 2010, 22–31.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

Sa kuwentong “Ang Patakaran sa mga Rating,” na matatagpuan sa pahina 70, alam ni Ethan kung anong media ang angkop na gamitin dahil napag-usapan na nila ito sa pamilya. Maaari ninyong basahin ang artikulong ito sa inyong mga anak at pag-usapan ninyo ito gamit ang mga tanong na ito:

- *Sino* ang makatutulong sa atin sa pagpili ng tamang media at libangan?
- *Anong* media ang mabuting panoorin, basahin, o pakinggan natin?
- *Kailan* OK na gamitin ang media?
- *Saan* natin dapat gamitin ang media?
- *Bakit* mahalagang maging maingat tungkol sa libangan?



“Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

Isiping gumawa ng gabay ng pamilya sa pagpili ng media sa pagtutupi ng mga blangkong papel sa gitna at pagsama-samahin ito gamit ang stapler para makabuo ng buklet. Sa bawat pahina, maisusulat ninyo ang uri ng media na ginagamit sa inyong tahanan, kasama ang mga pamantayan ng pamilya at payo ng propeta na angkop sa media na iyon.

Maaari din ninyong basahin ang “Isara at Isumbong” ni Danielle Kennington (*Liahona*, Hunyo 2011, 64) para mapag-usapan na ninyo ang angkop na paggamit ng media. ■

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang pinanonood ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA


Batid ng Diyos ang Ating mga Kaloob

Nang maging deacon ako sa edad na 12, nakatira ako noon sa New Jersey, 50 milya (80 km) ang layo sa New York City. Nangarap akong maging bantog na manlalaro ng baseball. Pumayag ang tatay ko na isama ako

para makapanood ng isang laro sa lumang Yankee Stadium, sa Bronx. Parang nakikita ko pa rin ang paghataw ng bat ni Joe DiMaggio nang maka-home run siya at ang bola ay napunta sa may mga upuan sa center field

habang katabi kong nanonood si itay, ang tanging pagkakataon na magkasama kaming nanood ng larong major league baseball.

Ngunit may isa pang araw na kasama ko ang aking itay na habampanahong humubog sa aking buhay. Dinala niya ako mula sa New Jersey tungo sa tahanan ng isang inorden na patriarch sa Salt Lake City. Noon ko lamang siya nakita. Iniwan ako ni itay sa may pintuan. Pinaupo ako ng patriarch sa isang silya, ipinatong ang kanyang kamay sa aking ulo, at



Pangako ng Propeta

“Ngunit maipapangako ko sa inyo na pagpapalain kayong tulungan [ang iba na] makilala ang mga espirituwal na kaloob na taglay nila sa pagsilang. Bawat tao ay kaiba at makagagawa ng iba-ibang kontribusyon. Walang taong nakatakdang mabigo.”

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Tulungan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin,” *Liahona*, Nob. 2012, 60.

binigkas ang basbas bilang kaloob mula sa Diyos na kasama ang pinakamatinding hangarin ng aking puso.

Sinabi niya na isa ako sa mga sinabihan na, “Mapalad ang mga tagapamayapa.” [Mateo 5:9.] Nagulat ako na nalaman ng isang estranghero ang nasa puso ko kaya’t iminulat ko ang aking mga mata para makita ang silid na pinangyayarihan ng gayong himala. Ang basbas tungkol sa mga maaari kong magawa ang humubog sa buhay ko, sa pag-aasawa ko, at sa paglilingkod ko sa priesthood.

Mula sa karanasang iyon at sa mga sumunod pa rito, mapatotohanan ko na, “Sapagkat hindi lahat ay pinagkalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos” (D at T 46:11).

Sa paghahayag sa akin ng Panginoon ng isang kaloob, natanto ko at napaghandaan ang mga pagkaka-taong magamit ito para pagpalain ang mga mahal ko at pinaglilingkuran.

Batid ng Diyos ang ating mga kaloob. Ang hamon ko sa inyo at sa akin ay ipagdasal na malaman ang mga kaloob na ibinigay sa atin, para malaman kung paano pauunlarin ang mga ito, at matanto ang mga pagkakataong ibinibigay sa atin ng Diyos. Higit sa lahat, dalangin ko na mabigyan kayo ng inspirasyong tulungan ang iba na tuklasin ang kanilang espesyal na kaloob mula sa Diyos upang makapaglingkod.

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Tulungan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin,” Liahona, Nob. 2012, 67.



Pagsasabuhay ng Mensaheng Ito

- Habang binabasa at pinagninilayan ninyo ang Doktrina at mga Tipan 46:11–26, ipagdasal na malaman kung ano ang mga espirituwal na kaloob na maaaring nasa inyo.
- Paano mapapaunlad ng paglilingkod sa iba ang inyong mga espirituwal na kaloob?
- Kung wala pa kayong patriarchal blessing, isiping kumuha na nito.

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: *Tapat sa Pananampalataya* (2004), “Mga Espirituwal na Kaloob,” 83–85; “Spiritual Gifts” sa Gospel Topics sa LDS.org.

PAGHAHANAP NG LAKAS SA MGA ORAS NG PAGSUBOK

“Paano kayo mananatiling ‘mata-tag at di natitinag’ [Alma 1:25] sa oras ng pagsubok sa inyong pananampalataya? Magtuon kayo sa mismong mga bagay na nagpalakas sa inyong pananampalataya:

- manampalataya kay Cristo,
- manalangin,
- pagnilayan ang mga banal na kasulatan,
- magsisi,
- sundin ang mga utos,
- at maglingkod sa kapwa.”

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagsubok sa Inyong Pananampalataya,” *Liahona*, Nob. 2012, 40; idinagdag ang mga bullet.

PUNAN ANG PUWANG

1. “Ang pasiyang magmisyon ay huhubog sa _____ ng missionary, ng kanyang asawa, at angkan sa mga henerasyong darating” (Russell M. Nelson, “Tanungin ang mga Missionary! Matutulungan Nila Kayo!” *Liahona*, Nob. 2012, 18).
2. “Upang matulungan tayo na lalo pang _____, gusto kong magmungkahi ng anim na salita na aalalahanin: ‘Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod’ (Linda K. Burton, “Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod,” *Liahona*, Nob. 2012, 78).
3. “Ang gawain sa templo at _____ ay isang gawain na nahahati sa dalawang bahagi” (Richard G. Scott, “Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay,” *Liahona*, Nob. 2012, 93).
4. “Ang pinakadakilang katangian ng pag-ibig ay _____ sa tuwina” (Jeffrey R. Holland, “Ang Unang Dakilang Utos,” *Liahona*, Nob. 2012, 84).

Mga sagot: 1. espirituwal na tadhana; 2. mahalina ang isa't isa; 3. family history; 4. katapatan

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.



PAGLALARAWAN NI CODY BELL © IRI

PAGLIKHA NG MGA KULTURA NG PAMILYA

Itinuro ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol ang limang bagay na magagawa ng mga magulang para makalikha ng mas matatag na mga kultura ng pamilya. Sabi niya: “Ang mga mungkahing ito sa pagkakaroon ng mas matatag na *mga kultura ng pamilya* ay nakatutulong sa kultura ng Simbahan. Ang napatatag na mga kultura ng ating pamilya ay magiging proteksyon sa ating mga anak.”

1. “Maaaring manalangin nang taimtim ang mga magulang, na humihiling sa Amang Walang Hanggan na tulungan sila.”

2. “Maaari silang manalangin bilang pamilya, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at magdaos ng mga family home evening at kumain nang sabay-sabay nang madalas hangga’t maaari.”
3. “Maaaring lubos na makinabang ang mga magulang sa organisasyon ng Simbahan.”
4. “Ang mga magulang ay maaaring magbahagi ng patotoo nang madalas sa kanilang mga anak.”
5. “Maitatag natin ang ating pamilya batay sa malilina at simpleng patakaran at inaasahan ng pamilya, mabubuting tradisyon at aktibidad, at ‘kabuhayan ng pamilya.’”

Mula sa “Pagiging Butihing mga Magulang,” *Liahona*, Nob. 2012, 28.

ANG PAGHINGI NI ITAY NG PAUMANHIN

Mas mabisa ito kaysa isang libong sermon.



Ni David Hixon

Ako ay 16 anyos noon at Nagpapatugtog ng bago kong rock-and-roll album sa unang pagkakataon. Sa kasamaang-palad, habang nakikinig ako, nadismaya ako nang makarinig ako ng di-magandang salita sa huling kanta. Hiyang-hiya ako. Alam kong hindi sasang-ayon ang mga magulang ko—hindi angkop ang kanta sa mga pamantayan ng pamilya namin. Ngunit nagustuhan ko ang iba pang mga kanta sa album, kaya tuwing patutugtugin ko ito, hinihinaan ko ang volume nito bago makanta ang mahalay na salita.

Ang kapatid kong babae na may mabuting intensyon ay ikinuwento sa tatay ko ang tungkol sa album ko. Kalaunan, noong nasa dining room kaming dalawa, sinabi niya ang pag-aalala niya tungkol sa di-angkop na salita. Bagama't mahinahon ang pagpuna niya, nagmatigas ako at ipinagtanggol ko pa rin ang sarili ko.

Lahat ng maisip ko ay idinahilan ko para makumbinsi si Itay na hindi ko itatapon ang record. “Hindi ko po alam na may ganyang salita sa album nang bilhin ko ito,” sabi ko, “at kapag tumutugtog ang kantang iyon, hinihinaan ko ito.”

Nang sabihin niya na dapat ko pa ring itapon ang record, sinabi ko, “Kung iyan ang iniisip ninyo, titigil na rin ako sa pag-aaral! Naririnig ko ang salitang iyan—at *mas malala* pa riyon—araw-araw sa eskuwela!”

Nagsimulang mayamot si Itay. Muli niyang ipinaalala sa akin na hindi kami dapat magkaroon ng di-magandang musika sa bahay namin. Tumindi ang pagtatalo namin nang sabihin ko na may mas mabibigat na kasalanan na maaari kong magawa at na hinding-hindi ko ginamit ang salitang iyon.

Sinubukan kong baligtarin ang sitwasyon: “Sinisikap kong magpakabuti, pagkatapos pagtutuunan ninyo ang maliit na bagay na ito at iisipin ninyong makasalanan ako!”

Magkagayunman, hindi natinag si Itay. Ako rin. Padabog akong umakyat sa kuwarto ko, pabagsak na isinara ang pinto, at humiga sa kama ko, na galit na galit. Paulit-ulit kong inisip ang ikinatwiran ko, lalong pinanindigan ang mali kong katwiran at kinukumbinsi ang sarili ko na tama ako.

Makalipas ang sampung minuto, may mahinang katok sa pinto. Si Itay pala. Nagbago na ang kanyang anyo. Hindi siya naparoon para

makipagtalos. “Sori at nagalit ako,” sabi niya. “Mapapatawad mo ba ako?” Sinabi niya kung gaano niya ako kamahal at mataas ang pagtingin niya sa akin. Hindi siya nangaral. Hindi niya ako pinayuhan. Pagkatapos ay tumalikod siya at tahimik na umalis sa silid.

Kailanman ay hindi magiging gayon kabisa sa akin ang isang libong sermon tungkol sa pagpapakumbaba. Hindi na ako galit sa kanya, sa sarili ko na lang ako galit dahil matigas ang ulo ko at ayaw kong makinig. Kinuha ko ang record, sinira ito, at itinapon. Hindi ko alam kung nasabi ko kay Itay ang ginawa ko, ngunit hindi na mahalaga iyon. Ang mahalaga ay nalaman ko na pinahahalagahan ni Itay ang aming ugnayan nang higit kaysa sarili niyang dignidad, kahit na siya ang tama. ■

Si David Hixon ay nakatira sa Texas, USA.

ANG MALUBAY NA SAGOT

“Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot: nguni’t ang mabigat na salita ay humihila ng galit.”

Mga Kawikaan 15:1

KAILANGAN TAYONG IPANGANAK NG TUBIG AT NG ESPIRITU

Naniniwala tayo na kailangan nating mabinyagan at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo (sa pamamagitan ng ordenansa ng kumpirmasyon) para maligtas sa kaharian ng langit. Itinuro ng Tagapagligtas, “Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios” (Juan 3:5).

Itinuro din ng Panginoon na ang ordenansa ng binyag—gaya ng lahat ng iba pang mga ordenansa ng ebanghelyo—ay dapat isagawa ng isang karapat-dapat na mayhawak ng priesthood: “Ang taong tinawag ng Diyos at may karapatan mula kay Jesucristo na magbinyag, ay bababa sa tubig kasama ang taong bibinyagan. . . . Pagkatapos ay kanyang ilulubog siya sa tubig, at iaahon muli mula sa tubig” (D at T 20:73–74).

Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ay simbolo ng libing ng makasalanan at ng espirituwal

na muling pagsilang ng tao upang mamuhay sa “panibagong buhay” (Mga Taga Roma 6:4). Sa binyag tinalikuran natin ang dati nating buhay at nagsisimula tayo ng bagong buhay bilang mga disipulo ni Jesucristo. Sa ating kumpirmasyon, tayo ay naging mga miyembro ng Kanyang Simbahan.

Kasama rin sa binyag ang isang sagradong tipan, isang pangako, sa pagitan ng Ama sa Langit at ng taong bininyagan. Nakikipagtipan tayong susundin ang Kanyang mga utos, paglilingkuran Siya at ang Kanyang mga anak, at tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Nangangako Siyang patatawarin ang ating mga kasalanan, “[ibubuhos] nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa [atin]” (Mosias 18:10), at pagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan.

Sinunod mismo ng Tagapagligtas ang utos na magpabinyag, kahit wala


Siyang kasalanan (tingnan sa Mateo 3:13–17). Nabinyagan Siya para sumunod, para magpakita ng halimbawa sa atin, at para “ganapin ang lahat ng katwiran” (tingnan sa 2 Nephi 31:5–9). Sa gayon, ang mga nagpapabinyag ay sumusunod sa halimbawa ng Tagapagligtas. ■

Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang kabanata 2 sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Lorenzo Snow (2012).

ISANG SAGRADONG TIPAN

“Ang binyag . . . ay isang ordenansa na sumasagisag sa pagpasok sa isang sagrado at nagbibigkis na tipan sa pagitan ng Diyos at tao. Ang mga tao ay nangangako na tatalikuran ang mundo, na mamahalin at paglilingkuran ang kanyang kapwa, dadalawin ang mga ulila at balo sa kanilang kapighatian, ipahahayag ang kapayapaan, ipangangaral ang ebanghelyo, paglilingkuran ang Panginoon, at susundin ang Kanyang mga utos. Ang Panginoon ay nangangako na ‘[ibubuhos] nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa [atin]’ (Mosias 18:10), tutubusin ang Kanyang mga Banal kapwa sa temporal at espirituwal, ibibilang sila sa mga babangon sa Unang Pagkabuhay na M[ag-]Juli, at magkaloob ng buhay na walang hanggan.”

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Ebanghelyo ni Jesucristo,” *Liahona*, Mayo 2008, 46.




Ang mga nagnanais magpabinyag ay dapat “[mag] pakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, . . . pinatutunayan sa simbahan na sila ay tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan, at [maging handang] taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo” (D at T 20:37).



“Naniniwala kami [sa] . . . pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).



Kasunod ng binyag, kinukumpirma tayong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at tumatanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Ang binyag at kumpirmasyon ay nagtutulot sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo na espirituwal na linisin ang ating buhay, kabilang na ang “kapatawaran ng . . . mga kasalanan” (D at T 33:11).



Sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon tayo ay nagiging “mga kababayan na kasama ng mga banal” sa “sangbahayan ng Dios” (Mga Taga Efeso 2:19).



**Ni Elder
Tad R. Callister**

Ng Panguluhan
ng Pitumpu

Ang klasikong dula ni Robert Bolt na *A Man for All Seasons* ay kuwento tungkol kay Sir Thomas More. Naging kilala siyang iskolar, abugado, embahador, at, sa huli, bilang Lord Chancellor ng England. Siya’y lalaking lubos ang integridad. Ang dula ay nagsimula sa mga salitang ito ni Sir Richard Rich: “Bawat tao ay may katumbas na halaga! . . . Maging sa pera. . . O kasiyahan. Mga titulo, mga babae, mga ari-arian, laging may katumbas na halaga.”¹


Iyan ang tema ng dula. Iyan din ang tema ng buhay. May lalaki o babae ba sa mundong ito na hindi mabibili, na ang integridad ay hindi natutumbasan ng halaga?

Integridad

Ang integridad ay tapang na gawin ang tama anuman ang ibungang nito at kahit mahirap pa ito.

Sa pagpapatuloy ng dula, gustong diborsyohin ni King Henry VIII si Queen Catherine at pakasalan si Anne Boleyn. Pero may problema: bawal ang diborsyo sa Simbahang Katoliko. Kaya nga inutusan ni King Henry VIII, na hindi mapigil sa kanyang mga hangarin, na sumumpa ang kanyang mga tao na susuportahan siya sa kanyang pakikipagdiborsyo. Ngunit may isa pang problema.

Si Sir Thomas More, na minamahal at hinahangaan ng mga karaniwang tao, ay hindi sumusuporta sa kanya—hindi maatim ng konsensya nito na pumirma sa sumpa. Ayaw niyang sumunod, kahit personal pa itong hinihing ng hari. At dumating ang mga pagsubok. Magiliw siyang hinikayat at pinilit ng kanyang mga kaibigan, ngunit hindi siya nakumbinsi. Inalisan siya ng kayamanan, posisyon, at pamilya, ngunit hindi pa rin siya pumirma.



PUNDASYON
NG BUHAY NA
KATULAD NG
KAY CRISTO

Sa huli, inakusahan siya nang mali at nilitis, ngunit hindi pa rin siya nakumbinsi.

Kinuha nila sa kanya ang kanyang pera, kapangyarihan sa pulitika, mga kaibigan, at pamilya—at papatayin pa siya—ngunit hindi nila nakuha sa kanya ang kanyang integridad. Hindi iyon ipinagbibili sa anumang halaga.

Sa pinakamahalagang bahagi ng dula, nilitis si Sir Thomas More dahil sa maling paratang na nagtaksil siya sa bayan. Kinailangan ni Sir Richard Rich na magsinungaling para maipakulong siya. Nang lumabas ng korte si Sir Richard, tinanong siya ni Sir Thomas More, “Iyang kuwintas ng katungkulan na suot mo. . . . Ano [iyang]?”

Sumagot si Prosecutor Thomas Cromwell, “Si Sir Richard ang hinirang na Attorney-General para sa Wales.”

At mapangutyang tumingin si More sa mukha ni Rich at galit na sinabing, “Para sa Wales? Aba, Richard, walang mapapala ang tao kung ibibigay niya ang kanyang buhay para sa buong mundo. . . . Sa Wales pa kaya!”²

Sa kabilang-buhay, walang pag-aalinlangang marami ang mag-iisip sa gitna ng hindi mapigil na iyakan at paulit-ulit na magsasabi, “Bakit ko ipinagpalit ang aking kaluluwa para sa Wales o pansamantalang kaligayahan o katanyagan o katungkulan o pagtanggap ng aking mga kaibigan? Bakit ko ipinagbili ang aking integridad?”

Mga Alituntunin ng Integridad

Gusto kong talakayin ang pitong alituntunin ng integridad na sana’y magbigay-inspirasyon sa atin na gawing mahalagang bahagi ng ating pagkatao ang katangiang katulad ng kay Cristo.

1. *Integridad ang pundasyon ng ating pagkatao at ng lahat ng iba pang mga banal na katangian.* Noong 1853 sinimulan ng mga Banal ang pagtatayo ng Salt Lake Temple. Sa loob ng halos dalawang matagal at mahirap na taon ang mga Banal ay naghukay at naglatag ng pundasyon: mahigit walong talampakan (2.4 m) ang lalim, na yari sa sandstone. Isang araw nagpunta ang foreman kay Pangulong Brigham Young na dala ang malungkot na balitang ito: may mga bitak sa mga bloke ng sandstone. Naharap si Brigham Young sa mahirap na sitwasyong ito: (1) gawin ang lahat ng magagawa nila para takpan ang mga bitak at magtayo ng templong di-gaanong malaki at maringal gaya ng inaasahan o (2) gibain ang dalawang taon na pinaghirapan nila at palitan ito ng pundasyong yari sa granito na mapagtatayuan ng malaking templong nais ng Diyos para sa kanila.



Sa kabutihang-palad, pinili ni Pangulong Young ang huling paraan.³

Integridad ang pundasyong saligan ng pagkatao at pamumuhay na katulad ng kay Cristo. Kung may mga bitak sa pundasyong iyon, hindi nito masusuportahan ang kadakilaan ng iba pang katangiang katulad ng kay Cristo na dapat isalig doon. Paano tayo magpapakumbaba kung wala tayong integridad na aminin ang sarili nating mga kahinaan? Paano tayo magkakaroon ng pag-ibig sa kapwa kung hindi tayo lubos na tapat sa pakikitungo sa kanila? Paano tayo magsisisi at magiging malinis kung hindi natin sasabihin ang buong katotohanan sa ating bishop? Integridad ang batayan ng bawat banal na katangian.

Sinabi ng Kristiyanong awtor na si C. S. Lewis na kapag nagkamali tayo sa isang mathematical equation, hindi na natin maipagpapatuloy ang paglutas sa mathematical problem: “Kapag nagkamali ako ng pagsuma sa simula, at agad kinilala ito at binalikan at sinimulang muli, mas mabilis kong nakukuha ang tamang sagot.”⁴

Gayundin, hindi natin matataglay nang lubos ang lahat ng iba pang katangiang katulad ng kay Cristo hangga’t hindi natin ginagawang matatag na pundasyon ang integridad sa ating buhay. Sa ilang pagkakataon maaaring kailangan nating magpakahirap na gibain ang dati nating pundasyon na nakasalig sa panloloko at palitan ito ng paisa-isang bato ng pundasyon ng integridad. Pero magagawa natin ito.



2. *Ang integridad ay hindi lamang pag-gawa ng legal kundi ng bagay na mabuti o katulad ng kay Cristo.* Maaaring legal ang mangalunya, maaaring legal ang magtalik bago makasal, maaaring legal ang magtssimis, ngunit wala sa mga gawaing ito ang mabuti o katulad ng kay Cristo. Ang integridad ay hindi lamang pagsunod sa batas; pagsunod din ito sa mas mataas na pamantayan ng moralidad. Katulad ito ng sinabi ni U.S. president Abraham Lincoln: mamuhay alinsunod sa “mas mabubuting katangian na likas sa atin.”⁵

Bawat binata ay may tungkuling moral na protektahan at ingatan ang dangal ng kanyang kadeyt, at gayon din ang tungkulin ng bawat dalaga sa kanyang kadeyt. Ito ay pagsubok sa kanyang integridad. Ang lalaki o babaeng nagsisikap magkaroon ng integridad ay magkakaroon ng determinasyon at disiplina na higit pa sa matinding simbuho ng damdamin. Ang integridad na iyon sa Diyos at sa sarili at sa iba ang sumusuporta at nagpapalakas sa kanila kahit gamitin pa ni Satanas ang iba’t ibang paraan para tuksuhin sila. Sinabi ng Panginoon sa henerasyong ito, “Ako ay magbabangon sa aking sarili ng mga dalisay na tao” (D at T 100:16). Inaasahan ng Diyos na tayo ang magiging henerasyong iyon.

Ilang taon na ang nakararaan kinailangan namin ng kasosyo ko sa negosyo na sisantehin ang isang empleyado. Pagkaraan ng kaunting pag-uusap napagkasunduan naming bayaran ang kanyang serbisyo. Naisip ko na makatwiran ang napagkasunduang iyon, pero nasira pa rin ang samahan namin dahil dito. Noong gabing iyon nalungkot ako dahil doon. Sinikap kong alisin ang damdaming iyon sa pangangatwiran sa sarili ko na naging parehas ako, pero hindi ito naalis. Pagkatapos ay nadama ko ito: “Hindi sapat ang maging parehas; kailangan mo ring sikaping maging katulad ni Cristo.” Ang pagsunod sa pinakamataas na pamantayan ng moralidad

ay katangian ng isang lalaki o babaeng may integridad.

3. *Ang integridad ay gumagawa ng mga desisyon batay sa mga walang-hanggang posibilidad.* Isa sa mga dalagita sa aming ward ang kumuha ng test sa high school sa aming lugar. Nang mapatingin siya, nakita niyang nandaraya ang isa sa mga kaibigan niya. Nagkatinginan sila. Napahiya, nagkibit-balikat ang kaibigan niya at iminuwestra sa bibig ang mga salitang “Kailangan kong pumasa.” Kahit paano nawala sa dalagitang ito ang kanyang walang-hanggang pananaw—hindi matataas na grado kundi pagkadiyos ang ating destinasyon. Ano ang mapapala natin kapag natanggap tayo sa pinakatanyag na unibersidad kung mawawala naman sa atin ang kadakilaan? Tuwing nandaraya ang isang tao, ipinagpapalit niya ang kanyang espirituwal na pagkapanganay sa isang nilutong pagkain (tingnan sa Genesis 25:29–34). Dahil makitid ang pag-iisip pinili niyang kunin ang isang dolyar ngayon sa halip na ang walang-katapusang kayamanan sa kabilang-buhay.

Minsan ay sinabi sa akin ng isang napakalungkot na ama na gusto ng kanyang anak na dalagita na “magpakasaya sa buhay” at pagkatapos, tatlong buwan bago ang plano niyang pakasal, ay magbabago at magsisisi siya para makatanggap ng temple recommend. Wala akong kilalang stake president na magbibigay ng recommend sa gayong sitwasyon. Ngunit kahit ibigay pa ito, ito ay magiging sumpa, hindi pagpapala. Ang integridad ay hindi kakitiran ng pag-iisip—hindi lamang ito pansamantalang pagbabago ng ugali; ito ay permanenteng pagbabago ng likas na pagkatao.

Sinabi sa atin ni Haring Benjamin kung paano natin mababago ang ating pagkatao mula sa likas na tao tungo sa pagiging espirituwal na tao: “Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, *maliban*

Hindi natin mata-taglay nang lubos ang lahat ng ibang katangiang katulad ng kay Cristo hangga’t hindi natin ginagawang matatag na pundasyon ang integridad sa ating buhay. Sa ilang pagkakataon maaaring kailangan nating magpakahirap na gibain ang dati nating pundasyon na nakasalig sa panloloko at palitan ito ng paisa-isang bato ng pundasyon ng integridad.



Tumutulong sa pagbabago ng ating likas na pagkatao, hindi lamang ng ating ugali, ang walang-hanggang pananaw na tayo ay mga anak ng Diyos, na taglay natin ang kaunting kabanalan tulad Niya, at na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ay maaari tayong maging katulad Niya—ang sakdal na huwaran ng integridad.

kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama” (Mosias 3:19; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Tumutulong sa pagbabago ng ating likas na pagkatao, hindi lamang ng ating ugali, ang walang-hanggang pananaw na tayo ay mga anak ng Diyos, na mayroon tayong kaunting kabanalan tulad Niya, at na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ay maaari tayong maging katulad Niya—ang sakdal na huwaran ng integridad.

4. *Ang integridad ay pagsasabi ng buong katotohanan at pawang katotohanan lamang.* Naniniwala ako na maaaring mawawala ng Panginoon ang ating mga kahinaan at kamalian, hangga’t nagpapakita tayo ng pagnanais at pagsisikap na magsisi. Iyan ang kahulugan ng Pagbabayad-sala. Ngunit hindi ako naniniwala na madali Siyang magpaparaya sa mga mandaraya o sinungaling.

Ilang taon na ang nakararaan naglibot ako sa mission. Ang ilan sa mga missionary ay nahihirapang sumunod. Nang gabing iyon ininterbyu namin ng mission president ang ilan sa mga missionary. Kinabukasan sinimulan ng mission president ang aming zone conference sa pagbibigay ng napakagan-dang mensahe tungkol sa integridad. Naisip kong magsalita pa tungkol sa paksang iyon. Napansin namin na ilang sandali pa ay mag-iinterbyu ulit kami. Hiniling namin na huwag umimik ang mga missionary kung hindi sila tinatanong nang sa gayon isa lang ang magsasalita ng totoo kapag siya ang tinanong nang tuwiran at tahasan.

Naroon ang Espiritu, at apat na missionary na nainterbyu namin nang gabi bago ang

araw na iyon ang lihim na lumapit at nagsabing, “May ipagtatapat pa po kami.” Sabi ng isa sa kanila, “Gusto ko pong maging matapat.” Sa araw na iyon pinalitan niya ang kanyang pundasyong buhangin ng isang matatag na pundasyon ng integridad.

5. *Ang integridad ay hindi nagdadahilan o nangangatwiran.* Marangal ang lalaki o babae na inaamin ang kanyang mga kahinaan at lubos na tinatanggap ang kanyang kasalanan nang hindi nangangatwiran o nagdadahilan. Sa maraming pagkakataon itinala ni Joseph Smith ang kanyang mga kahinaan sa Doktrina at mga Tipan para mabasa ng lahat. Sinasabi nito sa atin na siya ay hindi perpekto, ngunit wala rin siyang itinatago—siya ay isang taong may integridad. Ano ang epekto nito sa kanyang kredibilidad kapag ikinukuwento niya ang Unang Pangitain o ang mga pagdalaw ni Moroni? Sinasabi nito sa atin na mapagkakatiwalaan natin siya, na maaari nating paniwalaan ang lahat ng sinasabi niya dahil isa siyang taong tunay na may integridad.

6. *Ang integridad ay pagtupad sa ating mga tipan at pangako, maging sa mga oras na mahirap gawin ito.* Ang integridad ay tapang na gawin ang tama anuman ang ibunga nito at kahit mahirap pa. Ikinuwento ni Pangulong N. Eldon Tanner (1898–1982), dating Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang sumusunod na karanasan:

“Kailan lang ay lumapit sa akin ang isang lalaki at sinabi, ‘May kasunduan po kami ng isang lalaki na kailangan kong magbayad sa kanya bawat taon. May mga utang ako, at hindi ko na mababayaran ang mga iyon, dahil kapag ginawa ko ito, maiilit ang bahay ko. Ano po ang gagawin ko?’

“Tiningnan ko siya at sinabi ko, ‘Tumupad ka sa kasunduan.’

“Kahit po maiilit ang bahay ko?’

“Sabi ko, ‘Wala akong sinasabi tungkol sa bahay mo. Ang sinasabi ko ay tungkol sa kasunduan ninyo; at palagay ko mas gusto



ng asawa mo ang isang asawang tumutupad sa kanyang sinabi, nagbabayad ng kanyang mga obligasyon, tumutupad sa kanyang mga pangako o tipan, at uupa ng bahay kung kailangan kaysa magkaroon ng bahay sa piling ng isang asawang hindi tumutupad sa kanyang mga tipan at pangako.”⁶

Nahirapan siyang pumili: bahay niya o ang kanyang integridad. Ang isang lalaki o babaeng may integridad ay hindi nagpapatangay o sumusuko dahil lamang sa mahirap o magastos o malaking abala ito. Sa aspetong ito ay lubos ang integridad ng Panginoon. Sinabi Niya, “Sino ako . . . na nangako at hindi tumupad?” (D at T 58:31).

Ang isa sa pinakamahihirap na pagsubok sa ating integridad ay kung tutuparin natin ang ating mga pangako o kung may mga pagkakataon na hindi tayo tumutupad sa ating sinabi.

7. *Ang integridad ay hindi depende sa kung may ibang nakakakita. Ito ay kusang ginagawa, hindi nang dahil sa iba.* Nagkuwento si Elder Marion D. Hanks (1921–2011) ng Pitumpu tungkol sa lalaki at sa kanyang musmos na anak na lalaki na “tumigil sa isang liblib na taniman ng mais sa isang malayong daan sa bayan” at pinag-interesan ang masarap na mais sa kabilang bakuran. Ang ama, matapos tumingin sa kanyang harapan, likuran, kaliwa, at kanan, ay “nagsimulang umakyat sa bakod” para kumuha ng ilang mais. Tingnan siya ng kanyang anak at pinagsabihan siya, “Itay, nalimutan ninyong tumingala.”⁷

Sa dula ni Shakespeare na *Hamlet*, sinabi ni Polonius sa kanyang anak na si Laertes:

*Maging tapat ka sa iyong sarili,
At kasunod nito, gaya ng kasunod ng umaga ang gabi,
Hindi mo magagawang magsinungaling sa iba.*⁸

Napakagandang payo! Makapipili tayo. Maaari tayong manindigan at kontrolin ang ating buhay o maging mga laruan tayo na kontrolado ng ating kapaligiran at mga kabarkada.

Manonood ba kayo ng pornograpiya sa harap ng inyong ina, kadeyt, asawa, o bishop? Kung maling gawin ito sa harap ng iba, mali rin ito kahit wala sila. Ang taong may integridad na tapat sa sarili at sa Diyos ay pipiliin ang tama may nakatingin man o wala dahil kusa niya itong ginagawa, hindi dahil kontrolado siya ng iba.

Nawa’y magkaroon ng karatula ang integridad ng ating kaluluwa na nakasaad sa malalaking letra ang “HINDI IBINEBENTA SA ANUMANG HALAGA” para masabi tungkol sa atin, tulad ng sinabi tungkol kay Hyrum Smith, na, “Pinagpala ang aking tagapaglingkod na si Hyrum Smith sapagkat ako, ang Panginoon, ay minamahal siya dahil sa katapatan ng kanyang puso” (D at T 124:15).

Nawa’y magkaroon tayong lahat ng integridad—hindi dahil kailangan kundi dahil nais nating taglayin ito. Ipinahayag ng Panginoon ang gantimpala sa mga taong nagtataglay nito: “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, lahat sa kanila na nakababatid na ang kanilang mga puso ay tapat . . . at handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pama-magitan ng paghahain . . . ay *tinatanggap ko*” (D at T 97:8; idinagdag ang pagbibigay-diin).


Nawa’y tanggapin tayong lahat ng Diyos dahil sinisikap nating maging mga lalaki at babaeng may integridad. ■

Mula sa mensahe sa debosyonal na ibinigay noong Disyembre 6, 2011, sa Brigham Young University. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. Robert Bolt, *A Man for All Seasons: A Play of Sir Thomas More* (1960), 2.
2. Bolt, *A Man for All Seasons*, 95.
3. Tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel, “Every Window, Every Spire ‘Speaks of the Things of God,’” *Ensign*, Mar. 1993, 9.
4. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (1960), 22.
5. Abraham Lincoln, unang inaugural address, Mar. 4, 1861.
6. N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1966, 99.
7. Marion D. Hanks, sa Conference Report, Okt. 1968, 116.
8. William Shakespeare, *Hamlet*, ed. W. J. Craig (1914), yugto 1, tagpo 3, mga linya 85–87.

Sa paghahangad na maglingkod sa kapwa tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, nantanto ng isang abalang ina na marami siyang pagkakataong maglingkod—hindi sa labas kundi sa loob ng tahanan.



Pagiging Disipulo

SA LAHAT NG PANAHON,
SA LAHAT NG BAGAY,
SA LAHAT NG LUGAR

Ni Melissa Merrill

Nang ipaliwanag ni Alma ang tipan ng binyag sa mga Tubig ni Mormon, itinuro niya na kabilang dito ang pagtayo bilang saksi ng Diyos “sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar” (Mosias 18:9). Ito ay isang pamantayan na sinisikap ng mga disipulo ng Tagapagligtas na ipamuhay ngayon at isang tipan na pinaninibago linggu-linggo sa pulong ng sakramento, kapag nangangako ang mga miyembro ng Simbahan na “laging [a] alalahanin” ang Tagapagligtas (D at T 20:77).

Ano ba talaga ang katangian ng taong namumuhay bilang isang disipulo? Inanyayahan ng Church Magazines ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo na lumahok sa tinawag naming isang “eksperimento sa pagiging disipulo.” Ibig sabihin, inanyayahan namin ang mga miyembrong ito na magtuon sa isang partikular na turo ni Jesucristo o kuwento tungkol sa Kanya, lagi nilang pag-aralan at pag-nilayan ang napili nilang iyon sa loob ng isang linggo, at ireport kung paano nakaapekto ang masigasig na pag-aaral tungkol sa buhay at mga turo ng Tagapagligtas sa kanilang pagsunod sa Kanya “sa lahat ng panahon” sa kanilang buhay.

Pagiging Disipulo sa Lahat ng Panahon

Para kay Kara Laszczyk ng Utah, USA, ang kahulugan sa kanya noon pa man ng pagiging disipulo ay hangaring sundin si Jesucristo at maging higit na katulad Niya at handang

magsakripisyo at maglingkod sa pagbabahagi ng Kanyang ebanghelyo. Ngunit sa wari niya ay napipigilan siya ng kanyang pagkamahiyain.

“Ugali ko na ang manahimik sa isang tabi dahil hindi ako komportableng magsalita at makipag-usap sa ibang tao,” paliwanag niya. “Masyado kong inaalala ang iniisip ng ibang tao tungkol sa akin sa halip na kung ano ang pagkakakilala ko sa aking sarili at ang pagkakakilala ng Tagapagligtas sa akin.”

Gayunman sinabi ni Sister Laszczyk na ang buong linggong eksperimento sa pag-aaral niya ng Lucas 7, na tumatalakay sa pagmimistryo ng Tagapagligtas sa ilang tao, ang dahilan para pag-isipan niyang muli ang kanyang mga hangarin. Itinanong niya sa kanyang sarili: “Ang ginagawa ko ba ay dahil sa tunay kong hinahangad na maging katulad ng Tagapagligtas at mahal in ang aking kapwa, o ginagawa ko lang ang mga dapat kong gawin para gumanda ang pakiramdam ko dahil alam kong nagampanan ko ang isang tungkulin? Mas inaalala ko ba ang kapakanan ng iba o ang iisipin ng iba sa mga ginagawa ko?”

Sabi niya, natanto niya na bahagi ng pagsunod sa Tagapagligtas—na gawin ang gagawin Niya sa isang sitwasyon—ay nangangahulugan ng pagmamahal at paglilingkod *kapag kailangan siya*, hindi lamang kapag madali itong gawin.

“Ang pagiging disipulo ay pinagsisikapin,” sabi niya. “Hindi ito laging madali. Ang oras,





ANG MGA HAMON NG PAGIGING DISIPULO

“Kapag nangako tayong susundin ang Tagapagligtas, susundan ang Kanyang mga yapak, at magiging Kanyang mga disipulo, nangangako tayong tatahakin ang banal na landas na iyon. At ang landas ng kaligtasan ay laging dumaraan sa Getsemani. Kaya kung naharap ang Tagapagligtas sa matitinding kaapihan at kalungkutan, pang-uusig, kasamaan, at pagdurusa, huwag nating asahang hindi tayo mahaharap sa ilan sa mga ito kung nais pa rin nating tawagin ang ating sarili na tunay Niyang mga disipulo at matatapat na tagasunod.”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Lessons from Liberty Jail,” *Ensign*, Set. 2009, 31.

lakas, at iba pang bagay na ating isinakripisyo sa ating mapagkandiling paglilingkod sa kapwa ay tutulong sa atin na mas mapalapit sa Tagapagligtas.” At, dagdag pa niya, nahikayat siya nang malaman niyang hindi tayo pinatakbo ng Panginoon nang mas mabilis kaysa ating lakas (tingnan sa Mosias 4:27) ni gawin ang mga bagay na hindi natin kayang gawin nang walang tulong Niya.

Nakatulong kay Sister Laszczyk ang kaalaman sa mga alituntuning iyon upang makibahagi sa pag-aayuno para sa mga miyembro ng pamilya, kahit hirap siyang mag-ayuno noong una. Ang kaalamang iyon ay naghikayat din sa kanya na baguhin ang iba pa niyang ugali.

“Gusto kong humanap ng iba pang mga pagkakataon na makapaglingkod sa halip na maghintay na lang na may mangailangan ng mga boluntaryo,” sabi niya. “Gusto kong maging mas mahusay na visiting teacher. Gusto kong humanap ng paraan na makapaglilingkod ako sa komunidad sa labas ng Simbahan. Gusto kong ang una kong maisip ay ‘Ano ang magagawa ko para sa kanila?’ o ‘Ano ang kailangan nila?’ at hindi ‘May oras ba ako?’ o ‘Ano ang mapapala ko rito?’

“Kailangan natin ang ating Tagapagligtas,” pagtatapos niya, “pero kailangan din tayo ng ating Tagapagligtas. Kailangan Niya tayo para tulungan at pasiglahin ang bawat isa.”

Sinabi ni Francisco Samuel Cabrera Perez ng Chihuahua, Mexico, na hindi niya itinuturing ang kanyang sarili na isang masamang tao; hinahangad niyang sundin ang mga utos at gampanan ang kanyang mga tungkulin sa kanyang pamilya at sa kanyang kapwa-tao simula nang mabinyagan siya sa edad na 16. Ngunit ang eksperimento na may kinalaman sa pag-aaral ng buhay ng Tagapagligtas ay nakatulong sa kanya na maunawaan na ang pagiging disipulo ay praktikal o ginagawa at hindi teoriya lamang.

Sa pag-aaral ng Juan 6:27–63, ang sermon kung saan tinawag ng Tagapagligtas ang Kanyang Sarili na Tinapay ng Kabuhayan, natanto ni Brother Cabrera na may ugali rin

siyang taglay ng marami: ang unahin ang sarili niyang kapakanan.

“Lagi akong may isa o maraming ‘dahilan’—mga pangangatwiran—para ipagpaliban ang aking mga tungkulin,” paliwanag niya. Mga ideyang katulad ng “Sandali lang” o “Bukas na” o “Hindi kailangang magmadali” ang pumapasok sa kanyang isipan, sabi niya, na “patuloy na humahadlang sa aking pamilya, trabaho, pakikihalubilo, at, higit sa lahat, sa aking walang-hanggang pag-unlad.”

Kapag sinusunod lamang natin ang Tagapagligtas pagkatapos nating gawin ang gusto natin, tayo ay nagiging “parang mga disipulo,” hindi tunay na mga disipulo, sabi niya. Nagibayo ang sariling katapatan ni Brother Cabrera nang mabasa niya ang katapatan ng Tagapagligtas sa pagsunod sa kalooban ng Ama, at higit niyang naunawaan kung paano siya tinutulungan ng pagtanggap ng sakramento na “hubarin ang likas na tao” (Mosias 3:19).

“Nagpapailalim ako sa impluwensya ng Banal na Espiritu at hinahayaan ko ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na mapabanal ako,” paliwanag ni Brother Cabrera. “Para mangyari ito, kailangan kong taglayin ang mga katangian ni Cristo: maging katulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa kalooban ng Panginoon” (tingnan sa Mosias 3:19).

Nang sikapin ni Brother Cabrera na hubarin ang likas na tao, mas minahal niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo, ang kanyang pamilya, ang kanyang mga lider, at iba pa niyang kasamahan. Nakita niya na humusay siya sa trabaho. At higit sa lahat, nakita niya na nagalak siya—hindi nahirapan—sa paggawa ng mga bagay-bagay para itayo ang kaharian ng Diyos.

“Kahit dati-rati ay itinuturing kong pasanin ang pagiging disipulo ng Tagapagligtas, nakikita ko na ngayon na malambot ang Kanyang pamatok at magaan ang Kanyang pasan” (tingnan sa Mateo 11:30), sabi ni Brother Cabrera. “Iyan ang dakilang plano ng kaligayahan: ang sundin si Jesucristo at magalak sa Kanya ngayon at sa mga kawalang-hanggan.”

Ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay hindi lamang paminsan- minsang ginagawa kundi isang paraan ng pamumuhay.

Pagiging Disipulo sa Lahat ng Bagay

Pinag-aralan ni Chioma N., edad 15, ng Nigeria, ang Juan 7 at 3 Nephi 14 bilang bahagi ng hangarin niyang maging mas masunurin. Inaamin niya na mahirap “gawin ang ilang bagay na kinaiinisan kong gawin—lalo na ang paglilinis ng kusina kapag pagod ako.” Pero hangad din niyang “mahalin ang mga tao sa kanyang paligid,” at nalaman niya na ang pagsunod ay paraan para ipakita ang pagmamahal na iyon (tingnan sa Juan 14:15).

Nang pag-aralan ni Chioma ang mga turo ng Tagapagligtas tungkol sa pagsunod at mabasa ang Kanyang pagpapasakop sa kalooban ng Ama sa Langit, naunawaan niya na dahil alam ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na tayo ay magkakasala at maliligaw, binigyan Nila tayo ng mga kautusan para tulungan tayong manatili sa makipot at makitid na landas. Nalaman din niya na kapag hindi tayo sumunod, hindi tayo makapapasok sa kaharian ng Diyos.

“Nalaman ko na walang perpektong tao, ngunit sa pagsunod, mapagsisikapan nating lahat na maging perpekto,” sabi niya. “At nalaman ko na dapat tayong maging masunurin para mapagpala tayo ng Ama sa Langit.”

Naipakita niya ang kanyang pagkamasunurin sa paaralan nang utusan siyang magwalis sa silid-aralan kahit hindi siya ang dapat gumawa nito.

“Mapagpakumbaba akong sumunod nang makinig ako sa Espiritu Santo na nagsasabi sa akin na sumunod at walisang silid. Nagulat ang mga kaklase ko, at maging ang aming guro. Dahil sa nangyaring ito, alam na ngayon ng mga tao na masunurin at mapagpakumbaba ako. Masaya ako sa buong linggo dahil masunurin ako.”

Si Michelle Kielmann Hansen ay lumaki sa Greenland at nakatira ngayon sa Denmark, dalawang lugar na kapwa may kulturang “nagpapakita ng kabaitan at pagkamatulungin,” sabi niya. Sa maraming aspeto, sabi niya, ang mga lugar na natirhan niya ay nakatulong para mas madali niyang matularan si Cristo sa kanyang pamumuhay.



Pero sa ibang paraan, sinabi niya na mahirap ipaunawa sa mga tao na ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay hindi lamang paminsan-minsan ginagawa kundi isang paraan ng pamumuhay. Ang mga kabarkada raw niya, pati na ang dalawang kasama niya sa kuwarto na hindi miyembro, ay madalas mahirapang unawain ang pamumuhay na kinapapalooban ng “lahat ng oras na iyon sa simbahan,” pagpunta sa templo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at buwanang pag-aayuno. Nagiging mas mahirap pang mamuhay bilang disipulo kapag naharap siya sa masamang media, magaspang na pananalita, o iba pang negatibong impluwensya sa labas. “Dahil sa mga impluwensyang iyon,” sabi niya, “napakahirap alalahanin na talagang ako ay disipulo ni Jesucristo.”

Inamin ni Sister Hansen na mahirap maging young adult sa isang mundong ang moralidad ay tila pabagubago. Sa ilang pagkakataon, madaling magdesisyon kung alin ang tama at mali. Sa ilang pagkakataon, hindi ito madali. Ngunit, sabi niya, kahit kung minsan ay kumplikado ang mga sitwasyong nakakaharap niya, simple lang ang mga banal na kasulatan.

“Mas mahirap maging disipulo ni Jesucristo kung hindi mo Siya kilala,” sabi ni Sister Hansen. “Ang mga banal na kasulatan ay mga kasangkapan para makilala natin Siya. Tuwing hindi ko alam kung paano kumilos, kaagad akong bumabaling sa napag-aralan ko sa araw at gabi,” sabi niya. “Ang pag-aaral ng buhay at mga turo [ng Taga-pagligtas] ay higit na nagpaunawa sa akin na ginawa Niya ang ginawa Niya dahil mahal Niya ang bawat isa sa atin.

“Nang higit ko Siyang makilala, naunawaan ko na ang ibig sabihin

Sabi ng isang miyembro, “Makakakita tayo ng bagong paraan para matularan ang Taga-pagligtas tuwing pinag-aaralan natin ang Kanyang buhay. At patuloy nating natututuhan iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa.”



ng pagiging disipulo ni Jesucristo ay makilala Siya. At nakatulong iyan para kumilos ako sa paraang itinuro Niya. Ang pagiging disipulo ay ang malaman [at piliin] ang gagawin ni Jesucristo sa anumang sitwasyon—kung gayon, mahalagang pag-aralang madalas ang Kanyang mga turo.”

Pagiging Disipulo sa Lahat ng Lugar

Si Stacey White, may apat na anak sa Indiana, USA, ay hangad na magkaroon ng pagkakataong makatulong sa isang kapitbahay, kaibigan, o kahit sa hindi kakilala noong buong linggong pag-aralan niya ang Mateo 25:35–40, kung saan itinuro ng Tagapagligtas na ang paglilingkod “kahit sa pinakamaliit na ito” ay, sa katunayan, paglilingkod sa Kanya (talata 40).

“Dahil isa akong abalang maybahay at nag-aalaga ng apat na musmos na anak, kung minsan ay nalulungkot ako na hindi ako makapaglingkod nang madalas ayon sa gusto ko,” paliwanag ni Sister White. “Abalang-abala ako sa pag-aasikaso ng mga pangangailangan ng sarili kong pamilya kaya halos wala na akong oras para sa iba pa.”

Napansin ni Sister White na nang patuloy niyang pag-aralan, i-cross-reference, at pagnilayan ang mga talatang ito sa banal na kasulatan, na ipinagdarasal na magkaroon siya ng mga pagkakataong makapaglingkod, “tila mas humirap kaysa dati ang pagiging ina”—na hindi niya talaga inasahan.

“Pagtulong sa mga school project, paglilinis ng mas maraming kalat, pag-awat sa nag-aaway na magkapatid, at santambak na labahin na tila lalong dumarami sa halip na mabawasan. Parang hindi matapus-tapos ang mga dapat gawin. Tila hindi nasasagot

ang panalangin ko habang inaasam kong magkaroon ako ng libreng oras at lakas para makapaglingkod sa iba bukod sa aking asawa’t mga anak.”

Subalit, sa kalagitnaan ng linggo, napagtanto ni Sister White: hindi dahil wala siyang pagkakataong makapaglingkod sa labas ng kanyang tahanan ay hindi na sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin, at hindi rin ibig sabihin nito na hindi siya nakakapaglingkod sa makabuluhang paraan.

“Ang Panginoon ay sumagot sa aking panalangin sa pagbibigay sa akin ng mga pagkakataong iyon sa sarili kong pamilya,” sabi niya. “Kung minsan pakiramdam ko hindi matatawag na paglilingkod ang ginagawa ko sa sarili kong pamilya, na para matawag itong paglilingkod, kailangan ay sa labas ng tahanan, sa isang taong hindi kapamilya. Pero dahil may bago akong naunawaan, habang nag-aayos ako ng mga kobrekama at nagtutupi ng mga kumot, naglalaba, naghahatid ng mga bata sa eskuwela, at ginagawa araw-araw ang tungkulin ko bilang ina, mas masaya ko nang ginagawa ang mga iyon. Ang mga ginagawa ko ay may kabuluhan, at natanto ko na may nagagawa pala akong kaibhan para sa pamilya ko.”

Para kay Dima Ivanov ng Vladivostok, Russia, ang imbitasyong makibahagi sa “eksperimento sa pagiging disipulo” ay dumating sa oras na napakarami niyang ginagawa. Nagbitiw sa trabaho si Brother Ivanov kamakailan para simulan ang sarili niyang negosyo, at dahil napakarami niyang responsibilidad na dapat isipin sa kanyang trabaho, inisip niya kung mahihirapan siyang unahin sa kanyang isipan ang pagiging disipulo.

Gayunpaman, pumayag siyang makibahagi, at dahil ang pagiging disipulo para sa kanya ay “pagsunod sa utos o payo ng isang guro,” pinag-aralan niyang mabuti ang Sermon sa Bundok, na matatagpuan sa Mateo 5 at 3 Nephi 12.

Ang natuklasan ni Brother Ivanov nang pag-aralan niya ang mga katangian ng sermon na iyon, ayon sa kanya, ay ang sarili niyang mga kahinaan. Ngunit batid na nangako ang Tagapagligtas na gagawing malakas ang mahihinang bagay sa mga nagpapakumbaba (tingnan sa Eter 12:27), bumaling si Brother Ivanov sa Kanya, na naghahanap ng mga pagkakataong para umunlad pa siya.

“Nadama ko na mas malapit sa akin ang Tagapagligtas,” pag-uulat ni Brother Ivanov. “Nalaman ko na Siya ang pinakadakilang Guro, at nalaman ko kung paano ko Siya higit na matutularan. Nang pag-aralan ko ang katangian ng pagiging disipulo, nalaman ko na makakakita tayo ng bagong paraan para matularan ang Tagapagligtas tuwing pinag-aaralan natin ang Kanyang buhay. At patuloy nating natututuhan iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang halimbawa. Kailangan nating gawin ang natututuhan natin.”


Nagbago raw ang pagkaunawa niya sa pagiging disipulo noong linggong iyon. “Ang pagsunod sa Tagapagligtas ay hindi lamang pag-aaral ng mga alituntunin ng ebanghelyo o pagsunod sa Kanyang mga utos,” paliwanag niya. Saanman tayo naroon o anuman ang ating ginagawa, maaari tayong magkaroon ng “tunay na hangaring tularan ang Kanyang halimbawa at magkaroon ng hangaring maging katulad Niya.” ■

Si Melissa Merrill ay nakatira sa Idaho, USA.



Ni Elder
Dallin H. Oaks

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol



Pagbabalanse

NG KATOTOHANAN AT PAGPAPARAYA

Ang pag-iral at likas na katangian ng katotohanan ay isa sa mahahalagang tanong sa buhay. Sinabi ni Jesus sa Romanong gobernador na si Pilato na naparito siya sa mundo upang “bigyang patotoo ang katotohanan.” Sumagot ang taong iyon na walang pananalig, “Ano ang katotohanan?” (Juan 18:37–38). Bago iyon ipinahayag ng Tagapagligtas, “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay” (Juan 14:6). Sa makabagong paghahayag, sinabi Niya, “Ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa” (D at T 93:24).

Naniniwala tayo sa *lubos na katotohanan*, kabilang na ang pag-iral ng Diyos at ang tama at mali na itinakda sa Kanyang mga utos. Alam natin na ang pag-iral ng Diyos at ng lubos na katotohanan ay mahalaga sa buhay sa daigdig na ito, pinaniniwalaan man ang mga ito o hindi. Alam din natin na ang kasa- maan ay umiiral at na ang ilang bagay ay talagang tunay na mali magpakailanman.

Ang pagpaparaya sa pag-uugali ay parang baryang may magkabilang panig. Ang pagpaparaya o paggalang ay nasa isang panig ng barya, ngunit ang katotohanan ay laging nasa kabila.

Ang nakakagulat na mga report tungkol sa malawakang nakawan at kasinungalingan sa mga sibilisadong lipunan ay nagpapakita ng kawalan ng moralidad kung saan maraming hindi nakaaalam ng tama at mali. Dahil laganap ang kaguluhan, pandarabong, at pandaraya maraming nag-iisip kung nawawala na ba sa atin ang pundasyon ng morali-

dad na namana ng mga bansa sa Kanluran mula sa mga Judio at Kristiyano.¹

Tama lang na mag-alala tayo tungkol sa pundasyon ng ating moralidad. Naninirahan tayo sa isang mundo kung saan lalong dumarami ang mga taong may impluwensya na nagtuturo at kumikilos ayon sa paniniwala na walang lubos na tama at mali—na lahat ng awtoridad at lahat ng tuntunin sa pagkilos at pag-uugali ay pagpapasiya ng tao na maaaring mangibabaw sa mga utos ng Diyos. Marami pa ngang nagdududa kung totoo ngang may Diyos.

Ang pilosopiya na ang moralidad ay depende sa tao, na nagsasabing bawat tao ay malayang magpasiya para sa kanyang sarili kung ano ang tama at mali, ay nagiging di-opisyal na doktrina ng marami sa Estados Unidos at iba pang mga bansa sa Kanluran.

Ang pinakamatindi, ang masasamang gawain na iilan lang ang gumagawa at inililihim na parang pigs ay ginawa nang legal ngayon at ipinapangalandakan na sa publiko. Dahil napaniwala sa pilosopiyang ito, marami sa bagong henerasyon ang nakisali sa aktibidad para sa pansariling kasiyahan, pornograpiya, pagsisinungaling, masasamang pananalita, hapit na pananamit, pagpapatato at pagpapabutas sa mga bahagi ng katawan, at nakasusuklam na pagpapakasawa sa seks.

Maraming pinuno ng relihiyon ang nagtuturo na mayroong Diyos na pangunahing tagapagbigay ng batas, na ginawang lubos na tama at totoo ang ilang pag-uugali at ang iba naman ay lubos na mali at hindi totoo.² Nakinita ng mga propeta ng Biblia at Aklat ni Mormon ang panahong ito, na ang mga tao ay magiging “maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios” (II Kay Timoteo 3:4) at, sa katunayan, itatatwa ng mga tao ang Diyos (tingnan sa Judas 1:4; 2 Nephi 28:5; Moroni 7:17; D at T 29:22).

Dapat tayong ma-
nindigan sa kato-
tohanan, bagama’t
nagpaparaya tayo
at iginagalang ang
mga paniniwala at ideyang nai-
iba sa atin.

Sa magulong sitwasyong ito, tayo na naniniwala sa Diyos at sa kaugnay na katotohanan ng lubos na tama at mali ay may hamon na mamuhay sa mundong hindi naniniwala sa Diyos at moralidad. Sa ganitong sitwasyon, lahat tayo—lalo na ang bagong henerasyon—ay may tungkuling manindigan at magsalita upang pagtibayin na mayroong Diyos at may mga lubos na katotohanang itinakda sa Kanyang mga utos.

Maraming guro sa mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad ang nagtuturo at kumikilos ayon sa moralidad na depende sa tao. Ito ang humuhubog sa pag-uugali ng maraming kabataan na nagiging guro ng ating mga anak at humuhubog sa pag-uugali ng mga tao sa pamamagitan ng media at popular na libangan. Ang pilosopiyang ito na ang

moralidad ay depende sa tao ay nagtatatwa sa itinuturing na mahalaga ng milyun-milyong naniniwalang Kristiyano, Judio, at Muslim, at ang pagtatatwang ito ay lumilikha ng mabibigat na problema para sa ating lahat. Ang dapat gawin ng mga nananalig tungkol dito ang simula ng pagtalakay ko sa ikalawa kong paksa, ang pagpaparaya.

Ang ibig sabihin ng *pagpaparaya* ay saloobing mabuti at patas sa mga di-pamilyar o iba’t ibang opinyon at gawi o sa mga taong naniniwala o gumagawa nito. Dahil sa modernong transportasyon at komunikasyon mas nakilala natin ang iba’t ibang tao at kultura, kailangang mas maging mapagpaparaya tayo.

Ang mas malawakang pagkalantad na ito sa pagkakaiba-iba natin ay kapwa pinagyayaman ang ating buhay at ginagawa rin itong kumplikado. Napagyayaman tayo sa pakikisalamuha sa iba’t ibang tao, na nagpapaalala sa atin ng magandang pagkakaiba-iba ng mga anak ng Diyos. Ngunit ang pagkakaiba-iba ng mga kultura at pinahahalagahan ay hamon din sa atin na tukuyin ang dapat na tanggapin na naaayon sa kultura at mga pinahahalagahan ng ating ebanghelyo at kung ano ang hindi natin dapat tanggapin. Sa ganitong paraan, lumalaki ang posibilidad na magkakaroon ng alitan at kailangan nating mas pag-isipan ang pagpaparaya. Ano ang pagpaparaya, kailan ito angkop, at kailan hindi angkop?

Mas mahihirap ang tanong na ito sa mga taong naninindigan na may Diyos at lubos na katotohanan kaysa sa mga taong naniniwala na ang moralidad ay depende sa tao. Ang taong mahina ang pananalig sa Diyos at hindi gaanong naninindigan sa kung ano ang lubos na tama at mali ay kadalasang hindi nahihirapang magparaya sa mga ideya o gawi ng ibang tao. Halimbawa, hindi kailangang magdesisyon ng isang atheist kung anong uri at tindi ng kawalang-paggalang o paglapastangan sa Espiritu Santo ang maaaring gawin at anong uri ang dapat komprontahin. Ang mga taong hindi naniniwala sa Diyos o sa lubos na katotohanan sa mga bagay na nauukol sa moralidad ay maaaring ituring ang kanilang sarili na pinakamapagparayang tao. Para sa kanila, halos lahat ay maaaring tanggapin. Ang ganitong sistema ng paniniwala ay maaaring magparaya sa halos lahat ng ugali at tao. Sa kasamaang-palad, ang ilang naniniwala na depende sa tao ang moralidad ay tila nahihirapang magparaya sa mga taong naninindigan na may Diyos na dapat iginalang at may tiyak na mga panuntunan sa moralidad na dapat sundin.

Tatlong Lubos na Katotohanan

Kaya ano ang kahulugan ng pagpaparaya sa atin at sa ibang mga nananalig, at ano ang ating natatanging mga hamon sa pagsunod dito? Magsisimula ako sa tatlong lubos na



Dahil ang mga disipulo ni Jesucristo ay kailangang manirahan sa mundo ngunit hindi dapat maging taga sanglibutan, kailangang sikapin natin na matamo ang pagpaparaya ng mga yaong namumuhi sa atin dahil hindi tayo namumuhay sa paraan ng mundong ito.

katotohanan. Ipinapahayag ko ang mga ito bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, ngunit naniniwala ako na karamihan sa mga ideyang ito ay tanggap ng lahat ng nananalig.

Una, lahat ng tao ay magkakapatid sa mata ng Diyos, na tinuruan sa kanilang iba't ibang relihiyon na mahalín at gawan ng mabuti ang isa't isa. Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang ideyang ito para sa mga Banal sa mga Huling Araw: “Bawat isa sa atin [mula sa iba't ibang sekta ng relihiyon] ay naniniwala sa pagiging ama ng Diyos, bagama't maaaring magkakaiba ang pagkakakilala natin sa Kanya. Bawat isa sa atin ay bahagi ng isang malaking pamilya, ang pamilya ng tao, mga anak na lalaki at babae ng Diyos, at samakatwid tayo ay magkakapatid. Kailangan nating sikapin pang igalang ang isa't isa, mag-unawaan, at magparaya sa isa't isa anuman ang pinaniniwalaan nating mga doktrina at pilosopiya.”³

Pansinin na binanggit ni Pangulong Hinckley ang paggalang sa isa't isa *gayundin* ang pagpaparaya. Ang mamuhay nang magkakasama na may paggalang sa pagkakaiba ng isa't isa ay isang hamon sa mundo ngayon. Gayunman—at dito ay ipinapahayag ko ang *ikalawang* lubos na katotohanan—ang pamumuhay na ito sa kabila ng pagkakaiba-iba ang itinuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo na kailangan nating gawin.

Ang kaharian ng Diyos ay parang lebadura, pagtuturo ni Jesus (tingnan sa Mateo 13:33). Ang lebadura—pampaalsa—ay nakatago sa mas malaking masa hanggang sa mapaalsa ang kabuuan nito, na ibig sabihin ay pinaalsa ng impluwensya nito. Itinuro din ng ating Tagapaglig-tas na ang Kanyang mga disipulo ay may kapighatian sa mundo (tingnan sa Juan 16:33), na ang kanilang bilang

at nasasakupan ay kakaunti (tingnan sa 1 Nephi 14:12), at na sila ay kamumuhian dahil hindi sila taga sanglibutan (tingnan sa Juan 17:14). Ngunit iyan ang papel natin. Tinawag tayo upang mamuhay kasama ang iba pang mga anak ng Diyos na iba ang relihiyon o mga pinahahalagahan at walang obligasyon sa mga tipan na ating tinanggap. Narito tayo *sa* mundo ngunit hindi tayo mamumuhay *tulad* ng mga nasa mundo.

Dahil ang mga disipulo ni Jesucristo ay inutusang maging lebadura, kailangang sikapin natin na matamo ang pagpaparaya ng mga taong namumuhi sa atin dahil hindi tayo namumuhay sa paraan ng mundong ito. Dahil bahagi tayo ng mundo, kung minsan ay kakailanganin nating harapin ang mga batas na makasisira sa kalayaan nating ipamuhay ang ating relihiyon, na ginagawa ito ayon sa ating mga karapatan sa konstitusyon na malayang ipamuhay ang ating relihiyon. Ang malaking problema ay “ang kakayahan ng mga tao sa lahat ng relihiyon na pagandahin ang relasyon nila sa Diyos at sa isa't isa nang hindi nakikialam ang gobyerno.”⁴ Kaya nga kailangan natin ng pag-unawa at suporta kapag kailangan nating protektahan ang ating kalayaan sa relihiyon.

Kailangan din nating magparaya at igalang ang iba. Tulad ng itinuro ni Apostol Pablo, ang mga Kristiyanong ay dapat “sundin ang mga bagay na makapapayapa” (Mga Taga Roma 14:19) at, hangga't maaari, “[mamuhay nang payapa] sa lahat ng mga tao” (Mga Taga Roma 12:18). Samakatwid, dapat handa tayong purihin ang kabutihang dapat nating makita sa lahat ng tao at sa maraming opinyon at gawaing naiiba sa atin. Tulad ng itinuturo sa Aklat ni Mormon:

“Lahat ng bagay na mabuti ay nagmumula sa Diyos; . . .

“ . . . kaya nga, bawat bagay na nag-aanyaya at nang-aakit na gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya, ay pinapatnubayan ng Diyos.

“Samakatwid, mag-ingat . . . na huwag kayong humatol na . . . yaong mabuti at sa Diyos ay sa diyablo” (Moroni 7:12–14).

Ang paraang iyan sa pagharap sa mga pagkakaiba-iba ay magbubunga ng pagpaparaya at paggalang din sa atin.

Ang pagpaparaya at paggalang natin sa iba at sa kanilang mga paniniwala ay hindi dahilan para kalimutan natin ang ating katapatan sa mga katotohanang nauunawaan natin at sa mga tipang ginawa natin. Iyan ang *ikatlong* lubos na katotohanan. Ang tungkulin natin ay maging mga sundalo sa digmaan ng katotohanan at kamalian. Hindi tayo maaaring gumitna. Dapat tayong manindigan sa katotohanan, bagama’t nagpaparaya tayo at iginagalang ang mga paniniwala at ideyang naiiba sa atin at ang mga taong nagtataglay nito.

Pagpapasensya sa Pag-uugali

Bagama’t kailangan nating magparaya at igalang ang iba at ang kanilang mga paniniwala, pati na ang kanilang karapatang ipaliwanag at panindigan ang kanilang opinyon, hindi natin kailangang igalang at pagpasensyahan ang maling *pag-uugali*. Ang ating tungkulin sa katotohanan ay pigilan ang maling pag-uugali. Madali ito sa may napakasmang pag-uugali na alam ng karamihan sa mga nananalig at walang pananalig na mali ito o hindi katanggap-tanggap.

Tungkol naman sa mga pag-uugaling di-gaanong mabuti, na kahit ang mga nananalig ay hindi magkasundo kung mali ang mga ito, ang uri at limitasyon ng pagpaparaya ay lalong mahirap matukoy. Sa gayon, isinulat ng isang nag-aalalang babae na Banal sa mga Huling Araw na “ang pakahulugan ng mundo sa salitang ‘pagpaparaya’ ay tila lalong ginagamit para hayaan ang masasamang uri ng pamumuhay.” Itinanong niya kung ano ang pakahulugan ng Panginoon sa *pagpaparaya*.⁵

Sinabi na ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang salitang *pagpaparaya* ay hindi mag-isa sa kahulugan nito. Kailangan nito kapwa ng isang bagay na ipagpaparaya at pagtugon sa pagpaparayang iyon upang maituring itong isang kagandahang-asal. . . . Ang pagpaparaya ay kadalasang hinihingi ngunit bihirang ibalik. Mag-ingat sa salitang *pagpaparaya*. Ito ay isang kagandahang-asal na maaaring hindi maunawaan at magamit nang mali.”⁶

Ang babalang ito na binigyang-inspirasyon ay nagpaalala sa atin na para sa mga taong naniniwala sa lubos na katotohanan, ang pagpaparaya sa pag-uugali ay parang baryang may magkabilang panig. Ang pagpaparaya o



Tulad ng itinuro ni Apostol Pablo, ang mga Kristiyano ay dapat “sundin ang mga bagay na makapapayapa” at, hangga’t maaari, “[mamuhay nang payapa] sa lahat ng mga tao.”

paggalang ay nasa isang panig ng barya, ngunit ang katotohanan ay laging nasa kabila. Hindi kayo maaaring magparaya at kasabay nito ay binabalewala ang mga alituntuning ng katotohanan.

Ginamit ng ating Tagapagligtas ang alituntuning ito. Nang makaharap Niya ang babaeng nangalunya, bumanggit si Jesus ng nakapapanatag na salita ng pagpaparaya: “Ako man ay hindi hahatol sa iyo.” Pagkatapos, nang sabihin Niyang humayo ang babae, sinabi Niya ang nag-uutos na katotohanang ito: “Humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala” (Juan 8:11). Lahat tayo ay dapat mapasigla at mapalakas ng halimbawang ito tungkol sa pagpaparaya at katotohanan: mabait makipag-usap ngunit matatag sa katotohanan.

Isinulat ng isa pang nag-aalalang Banal sa mga Huling Araw: “Madalas kong marinig ang pangalan ng Panginoon na ginagamit sa walang kabuluhan, at may mga kakilala rin ako na sinasabi sa akin na nagsasama na sila ng kasintahan nila. Nalaman ko na ang paggalang sa araw ng Sabbath ay halos hindi na sinusunod. Paano ko matutupad ang aking tipan na tumayo bilang saksi at huwag saktan ang damdamin ng mga taong ito?”⁷

Magsisimula ako sa ating sariling asal. Sa paggamit ng kung-minsan-ay-nagpapaligsahang mga hinihingi ng katotohanan at pagpaparaya sa tatlong pag-uugaling ito—masamang pananalita, pagsasama nang hindi kasal, at hindi paggalang sa Sabbath—at marami pang iba, hindi tayo dapat magparaya sa ating sarili. Dapat tayong sumunod sa mga hinihingi ng katotohanan. Dapat tayong maging matatag

sa pagsunod sa mga kautusan at sa ating mga tipan, at dapat tayong magsisi at magpakabuti kapag nagkukulang tayo.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: “Ang anyo ng kasalanan ngayon ay kadasalang nakabalatkayo ng pagpaparaya. Huwag palinlang; sa kabila ng balatkayong iyan ay nariyan ang sama ng loob, kalungkutan, at pasakit. . . . Kung ipagagawa sa inyo ng itinuturing ninyong mga kaibigan ang alam ninyong mali, *kayo* ang manindigan sa tama, kahit nag-iisa kayo.”⁸

Gayundin, sa ating mga anak at sa ibang mga taong tungkulin nating turuan, ang tungkulin natin sa katotohanan ay napakahalaga. Mangyari pa, ang pagtuturo ay nagkakaroon lamang ng bunga sa pamamagitan ng kalayaan ng iba, kaya dapat ang ating pagtuturo ay laging gawin nang may pagmamahal, tiyaga, at paghihikayat.

Tatalakayin ko ngayon ang mga obligasyon natin sa katotohanan at pagpaparaya sa ating personal na pakikipag-ugnayan sa mga nagsasalita nang masama sa ating harapan, nakikisama sa kasintahan nang hindi kasal, o hindi angkop ang paggalang sa araw ng Sabbath.

Ang obligasyon nating magparaya ay nangangahulugan na wala sa mga pag-uugaling ito—o sa iba pang itinuturing nating lihis sa katotohanan—ang dapat maging dahilan para tumugon tayo nang may galit o sa masamang paraan. Ngunit ang obligasyon natin sa katotohanan ay may sariling set ng mga dapat gawin at sariling set ng mga pagpapala. Kapag “[nagsalita] ang bawa’t isa sa [atin] ng katotohanan sa kanyang kapuwa” at kapag tayo ay “[nagsalita] ng katotohanan na may pagibig” (Mga Taga Efeso 4:15, 25), kumikilos tayo bilang mga lingkod ng Panginoong Jesucristo, sa paggawa ng Kanyang gawain. Susuportahan tayo ng mga anghel, at isusugo Niya ang Kanyang Banal na Espiritu upang gabayan tayo.

Sa sensitibong bagay na ito dapat muna nating pag-isipan kung—o hanggang saan—dapat nating sabihin sa ating mga kasamahan ang alam nating totoo tungkol sa kanilang pag-uugali. Mas madalas ang desisyong ito ay maaaring depende sa kung paano tayo direktang naapektuhan nito.

Ang pagsasalita nang masama na palaging ginagawa sa ating harapan ay angkop na dahilan para ipaalam ang katotohanan na nasasaktan tayo rito. Ang pagsasalita nang masama na ginawa ng mga walang pananalig sa harap ng ibang tao ay malamang na hindi isang pagkakataon para harapin natin ang mga gumawa nito.

Ang pagsasama nang hindi kasal ay alam nating mabigat na kasalanan, na hindi dapat gawin ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kapag ginagawa ito ng mga nakapaligid sa atin, maaari itong lihim na gawain o isang

bagay na hinihiling sa atin na palagpasin, kunsintihin, o bigyang-daan. Sa pagbalanse ng katotohanan at pagpaparaya, maaaring manaig ang pagpaparaya kung hindi tayo mismo sangkot sa gawaing ito. Ngunit kung tayo mismo ang sangkot sa pagsasama nang hindi kasal, dapat tayong magabayan ng ating tungkulin sa katotohanan. Halimbawa, iba ang ibig sabihin ng balewalain ang mabibigat na kasalanan kapag lihim na ginawa ang mga ito; iba rin ang mahilingang kunsintihin o di-direktang suportahan ang mga ito, tulad ng patirahin sila sa sarili nating pamamahay.

Sa paggalang sa araw ng Sabbath, marahil ay dapat nating ipaliwanag ang ating paniniwala na ang paggalang natin sa araw ng Sabbath, pati na ang pakikibahagi natin ng sakramento, ay nagpapanumbalik ng ating espirituwalidad at ginagawa tayong mas mabubuting tao sa buong linggong iyon. Pagkatapos, sa iba pang mga nananalig, maaari tayong magpasalamat sa katotohanan na iisa ang pinakamahalaga sa atin: bawat isa sa atin ay naniniwala sa Diyos

Bagama’t kailangan nating magparaya at igalang ang iba at ang kanilang mga paniniwala, pati na ang kanilang karapatang ipaliwanag at panindigan ang kanilang opinyon, hindi natin kailangang igalang at kunsintihin ang maling pag-uugali.

at na may lubos na katotohanan, kahit na magkakaiba ang pakahulugan natin sa mahahalagang bagay na iyon. Bukod dito, dapat nating tandaan ang turo ng Tagapagligtas na dapat nating iwasang makipagtalo (tingnan sa 3 Nephi 11:29–30) at na ang ating halimbawa at ating pangaral ay dapat maging “tinig ng babala, bawat tao sa kanyang kapwa, sa kahinahunan at kaamuan” (D at T 38:41).

Sa lahat ng ito huwag nating akalaing maaari nating hatulan ang ating kapwa o kasamahan sa ibinunga ng



Lahat tayo ay dapat mapasigla at mapalakas ng halimbawang ito ng Tagapagligtas tungkol sa pagpaparaya at katotohanan: mabait makipag-usap ngunit matatag sa katotohanan.

kanilang mga pag-uugali. Ang Panginoon ang hahatol, hindi tayo.

Mga Alituntunin sa Talakayan sa Publiko

Kapag sumali ang mga nananalig sa pampublikong talakayan upang subukang impluwensyahan ang paggawa o pagpapatupad ng mga batas dahil sa kanilang mga paniniwala, dapat nilang gamitin ang ilang naiibang alituntunin.

Una, dapat nilang hangarin ang inspirasyon ng Panginoon na maging mapili at matalino sa pagpapasiya kung aling totoong mga alituntunin ang hahangarin nilang isulong ng batas o ipatupad ng pamahalaan. Karaniwan, dapat silang tumigil sa paghahangad ng mga batas o hakbanging-administratibo na magsusulong sa mga paniniwalang natatangi sa mga nananalig, tulad ng pagpapatupad ng mga pagsamba, kahit na ito ay ipinahiwatig

lamang sa batas. Ang mga nananalig ay dapat maghangad sa pamahalaan ng mga hakbanging magsisilbi sa mga alituntunin na mas malawak kaysa isulong ang gawain ng kanilang relihiyon, tulad ng mga batas tungkol sa kalusugan, kaligtasan, at moralidad ng publiko.

Ang mga nananalig ay maaaring maghangad at kailangang maghangad ng mga batas na poprotekta sa kalayaan sa relihiyon. Kasabay ng pag-iibayo ng paniniwala na ang moralidad ay depende sa tao, dumaranas ng nakababahalang pagbaba ng paggalang sa relihiyon ang Estados Unidos at iba pang mga bansa. Minsang naging tanggap na bahagi ng buhay-Amerikano, ngayon ay pinagdududahan na ng marami ang relihiyon. Kinukuwestiyon pa ng ilang maimpluwensyang tao ang lawak ng proteksyong dapat ibigay ng ating mga konstitusyon sa kalayaan sa relihiyon, pati na ang karapatang sumamba at mangaral ng mga alituntuning pang-relihiyon.

Mahalagang bagay ito na tayong mga nananalig sa isang Poong Maykapal na siyang nagtakda ng lubos na tama at mali sa pag-uugali ng tao ay kailangang magkaisa upang ipaglaban ang matagal na nating karapatang sumamba sa ating relihiyon, na bumoto alinsunod sa ating konsiyensya tungkol sa mga isyung pampubliko, at makilahok sa mga halalan at debate sa

pampublikong liwasan at mga bulwagan ng katarungan. Kailangan tayong makiisa sa iba pang mga nananalig para protektahan at palakasin ang kalayaang isulong at ipamuhay ang ating mga paniniwala sa relihiyon, anuman ang mga ito. Dahil dito kailangan nating tumahak nang sama-sama sa iisang landas upang matiyak ang ating kalayaang tahakin ang magkakaahinalay nating landas kapag kailangan ayon sa magkakaiba nating paniniwala.

Ikalawa, kapag isinulong ng mga nananalig ang kanilang opinyon sa pampublikong talakayan, dapat ay lagi silang mapagparaya sa opinyon ng mga taong iba ang mga paniniwala. Ang mga nananalig ay kailangang magsalita palagi nang may pagmamahal at magpasensya, umunawa, at mahabag sa kanilang mga kaaway. Ang mga nananalig na Kristiyano ay inutusang mahalín ang kanilang kapwa (tingnan sa Lucas 10:27) at magpatawad (tingnan sa Mateo 18:21–35). Dapat din nilang alalahanin ang turo

ng Tagapagligtas na “pagpalain . . . ang sa [kanila’y] sumusumpa, [gawan ng mabuti ang mga napopoot sa kanila], at ipanalangin . . . ang sa [kanila’y] lumalait” (Lucas 6:28).

Ikatlo, ang mga nananalig ay hindi dapat mapigil ng paratang na sinisikap nilang gumawa ng mga batas batay sa mga pamantayang moral. Maraming bahagi ng batas ang batay sa moralidad ng mga Judio at Kristiyano noon pa

Kailangan tayong makiisa sa iba pang mga nananalig para protektahan at palakasin ang kalayaang isulong at ipamuhay ang ating mga paniniwala sa relihiyon.

man. Ang kanluraning sibilisasyon ay batay sa moralidad at hindi maaaring umiral nang wala ito. Bilang pangalawang pangulo ng U.S., ipinahayag ni John Adams: “Ang ating Konstitusyon ay nilikha para lamang sa mga mamamayang may moralidad at relihiyoso. Hindi nito lubos na mapamamahalaan ang mga taong iba kaysa rito.”⁹

Ikaapat, hindi dapat iwasan ng mga nananalig ang paghahangad ng mga batas na magpapanatili ng mga kundisyon o patakarang pampubliko na tumutulong sa kanila na ipamuhay ang mga hinihingi ng kanilang relihiyon kung saan ang mga kundisyon o patakarang iyon ay angkop din sa kalusugan, kaligtasan, o moralidad ng publiko. Halimbawa, kahit na mga paniniwala sa relihiyon ang pinagbatayan ng maraming batas laban sa krimen at ilang batas na pampamilya, ang mga batas na iyon ay matagal nang angkop sa mga demokratikong lipunan. Ngunit kapag ang mga taong nananalig ang nakararami, dapat silang maging sensitibo sa mga opinyon ng mga walang pananalig.

Ang huli, ang gabay na alituntunin sa pagbalanse natin ng katotohanan at pagpaparaya ay ginamit sa mga salitang

ito ni Pangulong Hinckley: “Tumulong tayo sa mga nasa ating komunidad na hindi natin miyembro. Maging mabubuti, mababait at mapagbigay at magigiliw tayong kapitbahay. Makilahok tayo sa mabubuting layon ng komunidad. Maaaring may mga sitwasyon kung saan, pagdating sa mabibigat na problema ukol sa moralidad, hindi natin maaaring ipagpalit ang ating prinsipyo. Ngunit sa gayong mga sitwasyon maaari tayong hindi sumang-ayon nang may paggalang at nang hindi kinaiinisan. Maaari nating kilalanin ang katapatan ng mga taong hindi natin matanggap ang opinyon. Maaari nating pag-usapan ang mga prinsipyo sa halip na ang pagkatao.”¹⁰

Bantay sa Tore

Itinuro sa Biblia na isa sa mga tungkulin ng isang propeta ang maging “bantay” upang balaan ang Israel (tingnan sa Ezekiel 3:17; 33:7). Sa paghahayag idinagdag ng Panginoon ang payong ito para sa makabagong Sion: “Maglagay ng . . . bantay sa tore,” na “[makakakita sa] kaway samantalang sila ay malayo pa” at magbibigay-babala upang maligtas ang ubasan “mula sa mga kamay ng mangwawasak” (D at T 101:45, 54).

Nagsasalita ako bilang isa sa mga bantay na yaon. Tinitiyak ko sa inyo na ang aking mensahe ay totoo. Ipinahahayag ko ang aking kaalaman na ang Diyos ay buhay! Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, na ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan, at na tinutulungan Niya ang bawat isa sa atin sa walang-hanggang paanyaya na tanggapin ang Kanyang kapayapaan sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa Kanya at pagtahak sa Kanyang landas (tingnan sa D at T 19:23). ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa Church Educational System fireside noong Setyembre 11, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa mormonnewsroom.org/article/truth-and-tolerance-elder-dallin-h-oaks.

MGA TALA

1. “Is US a Nation of Liars? Casey Anthony Isn’t the Only One,” *The Christian Science Monitor*, Hulyo 19, 2011, 20; “Anarchy in the UK,” *The Economist*, Ago. 13, 2011, 144.
2. Tingnan, halimbawa, sa Joseph G. Donders, ed., *John Paul II: The Encyclicals in Everyday Language* (2005), 212–13; tingnan din sa Rabbi Harold Kushner, *Who Needs God* (2002), 78.
3. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 665.
4. Eric Rassbach, sa William McGurn, “Religion and the Cult of Tolerance,” *Wall Street Journal*, Ago. 16, 2011, A11.
5. Liham kay Dallin H. Oaks, Mayo 14, 1998.
6. Boyd K. Packer, “Be Not Afraid” (pananalita sa Ogden Utah Institute of Religion, Nob. 16, 2008), 5; tingnan din sa Bruce D. Porter, “Defending the Family in a Troubled World,” *Ensign*, Hunyo 2011, 12–18.
7. Liham kay Dallin H. Oaks, Dis. 22, 1987.
8. Thomas S. Monson, “Mga Halimbawa ng Kabutihan,” *Liahona*, Mayo 2008, 65.
9. Sa Charles Francis Adams, ed., *The Works of John Adams, Second President of the United States*, 10 tomo (1850–56), 9:229.
10. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 131.

NATUKSONG MAGSINUNGALING

Ang chapel na pinagsasambahan ko sa Nigeria ay malapit sa eskuwelahan at ang prinsipal dito ay walang pakialam sa Simbahan. Sa isang pagkakataon sinabihan ng prinsipal ang isang guro na huwag nang babalik sa eskuwelahan kailanman nang malaman nitong miyembro ng Simbahan ang guro. Isang miyembro ng Simbahan na nagboluntaryong bumisita at magpaliwanag ng misyon ng Simbahan ang tinanggihan nito.

Iitanong ng prinsipal ang ipinagdasal kong huwag niyang itanong: “Ano ang relihiyon mo?”

Bilang salesman para sa laboratory at medical equipment, madalas akong bumisita sa mga eskuwelahan at ospital para magbenta. Pagkaraan ng isang buwan na wala akong naibenta, wala akong nagawa kundi puntahan ang eskuwelahang ito. Ang plano ko ay ibenta ang produkto ko at umalis, umaasang hindi malalaman ng prinsipal na miyembro ako ng Simbahan. Gayunman, ibinulong sa akin ng Espiritu na *gugustuhin* nitong malaman ang tungkol sa aking relihiyon.

Naging maayos naman ang pag-uusap namin ng pinuno ng science department ng eskuwelahan, at dinala ako nito sa prinsipal para mabayaran. Matapos sulatan ang tseke, nagtanong na siya sa akin para mas makilala pa niya ako. Nang maging personal na ang mga tanong niya, hindi na ako napakali. Pagkatapos ay itinanong niya ang ipinagdasal kong huwag niyang itanong: “Ano ang relihiyon mo?”

Natukso akong magsinungaling, kunin ang tseke, at umalis dahil kailangang-kailangan kong makabenta. Pero naramdaman ko na dapat kong sabihin sa kanya ang totoo. Tatal, mas malala ang naranasan ng mga naunang Banal kaysa sa maliit na pagsubok na ito sa pananampalataya ko.

Lakas-loob ko siyang tiningnan nang direktso sa mata at sinabi ko, “Miyembro po ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.” Pagkatapos ay nagpatotoo ako. Nagulat ako nang ngumiti siya, at sinabi niya na iisa ang Diyos na sinasamba nating lahat, at iniabot sa akin ang tseke.

Pag-alis ko, naisip ko ang isang talata sa banal na kasulatan: “Ngayon, ito ay naging isang malaking pagsubok sa mga yaong nanatiling matatag sa pananampalataya; gayon pa man, sila ay naging matatag at di natitinag sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at kanilang binata nang may pagtitis ang pag-uusig na ibinunton sa kanila” (Alma 1:25).

Masaya ako dahil hindi ko binigo ang Ama sa Langit o ang sarili ko. Dahil sa karanasang ito, nangako ako na laging magiging mabuting sales representative. Ang mas mahalaga, nangako ako na laging maging mabuting kinatawan ng ebanghelyo ni Jesucristo. ■
Aderogba Aderemi, Nigeria



ANG PAGPAPALA SA PAG-IIMBAK NAMIN NG PAGKAIN

Kami ng asawa kong si Brittney ay maagang nagsimulang bumili ng iimbaking pagkain noong mga unang buwan ng aming pagsasama. Sa mga unang buwan matapos kaming ikasal, bumili kami ng ilang bagay na maaaring imbakin tuwing bumibili kami ng groseri. Sa unti-unting pagdaragdag sa tuwina, nakaipon kami ng mapapakinabangang imbak ng pagkain. Hindi namin alam kung kailan namin ito kakailanganin, pero alam namin na mahalaga ito.

Isang taon matapos kaming ikasal, nangibang bayan kami para mag-aral sa graduate school, at dinala namin ang naimbak naming pagkain. Hirap kami noon sa pera. Nagamit namin ang lahat ng aming ipon sa pagbabayad ng bahay, at wala namang suweldo si Brittney bilang student teacher. Inasahan namin ang suweldo ko sa graduate school assistantship para bayaran ang mga bayarin, pero maliit lang iyon.

Nadagdagan pa ang problema namin sa pera noong ikalawang gabi sa bagong bahay namin. Nagising si Brittney na napakasakit ng tiyan, at nang hindi napawi ang sakit pagkaraan ng ilang oras, nagpunta na kami sa ospital. Inalis ang kanyang apendiks kalaunan nang araw na iyon.

Nang gumaling na siya, nag-usap kami para ibadyet ang pera namin. Nang kalkulahan namin ang bayarin sa susunod na apat na buwan—kasama na ang operasyon—natuklasan namin na makakaraos pa rin kami nang hindi nangungutang. Gayunman, para magawa iyon, hindi kami maaaring gumastos nang mahigit \$25 sa groseri buwan-buwan. Mga sangkapat iyon ng dati naming ginagastos.

Naging napakahalaga ng inimbak naming pagkain noong nakaraang taon. Sapat na iyon para matugunan ang mga pangunahin naming pangangailangan sa loob ng apat na buwan, at ginamit namin ang binadyet naming \$25 sa pagbili ng gatas at iba pang pagkaing kailangang kainin kaagad. Hindi kami kumain ng mamahaling pagkain, pero hindi kami ginutom.

Nang magtipid kami at kusang naglingkod sa iba, tumanggap kami ng dagdag na mga pagpapala. Nakatapos ng kanyang degree ang isa sa mga kaklase ko at nagpatulong sa amin sa

Pinagpala kami ng Panginoon nang mag-imbak kami ng pagkain, magbayad ng aming ikapu, at magpakita ng kahandaang maglingkod.

paglipat ng kanyang pamilya. Habang tumutulong kami, tinanong niya kung gusto naming kunin ang pagkaing nawalan sa freezer nila. Dahil sa kanyang kabaitan, nagkaroon kami ng karneng pandagdag sa imbak naming pagkain.

Pinagpala kami ng Panginoon nang mag-imbak kami ng pagkain, magbayad ng aming ikapu, at magpakita ng kahandaang maglingkod. Nakaraos kami sa mga buwang iyon nang hindi nangungutang. Pagkatapos ng semestrenang iyon, nakakita ng full-time job ang asawa ko, at nadagdagan ang pambili namin ng groseri. Nag-ipon kaming muli ng imbak na pagkain, at patuloy kaming pinagpapala kapag sinusunod namin ang mga utos ng Panginoon. ■
Bruce Richards, Illinois, USA



SUMALI KAMI

Lumipat kami mula sa isang malaking lungsod na maraming miyembro ng Simbahan tungo sa isang bayan na may 5,000 mamamayan sa bukiring rehiyon ng Deep South sa Estados Unidos, kung saan kami nanirahan nang mahigit pitong taon. Nang paalis na ako sa lokal na hardware store sa unang araw namin doon, sinabi ng tinedyer na klerk doon, “Ingat po, Mrs. Grant.”

Itinanong ko, “Paano mo nalaman ang pangalan ko?”

Sagot niya, “Kayo lang po ang bago rito.”

Nakabili kami ng bahay na katapat ng kalye ng isang simbahang Protestante at isang kanto ang layo mula sa isa pa, pero 45 minuto ang layo ng bahay namin sa pinakamalapit na LDS meetinghouse. Tuwing Linggo, at dalawang beses sa buong linggo, mahaba ang biyahe namin papunta sa meetinghouse namin. Sa loob ng pitong taong iyon, naglingkod ang aking asawa sa bishopric, at naglingkod ako bilang Primary president at pagkatapos ay bilang Young Women president.

Alam namin na ang buhay at pundasyon ng lipunan sa maliliit na bayan ay nasa mga lokal na simbahan. Para matanggap, alam namin na kailangan naming makihalubilo. Agad naging kaibigan ng tatlong musmos na anak namin ang iba pang mga bata sa ward, ngunit gusto rin naming madama nila na kabilang sila sa aming komunidad. Hinikayat namin silang makilahok sa karaniwang araw ng linggo sa mga aktibidad ng simbahan doon, kabilang na ang mga hapunan ng pamilya tuwing Miyerkules ng gabi sa isang simbahan.

Ininama namin ang aming anak na lalaki at mga anak na babae sa programa ng mga kabataan doon.

Dumalo rin ang aming mga anak sa Vacation Bible School sa dalawang kapalit na simbahan. Kumanta ang mga anak naming babae sa isang lokal na choir ng mga kabataan; naging soloista pa sa koro ang isang anak namin. Dumalo ang anak naming lalaki sa isang lokal na grupo ng mga kabataan sa simbahan.

Madalas mangaral ang isang bumibisitang evangelical na pastor laban sa “mga Mormon,” ngunit alam ng mga

kapitbahay namin na hindi kami katulad ng mga taong sinisiraan ng mga mangangaral na iyon.

Nag-iisponsor ng youth camp tuwing summer ang mga parokya ng isang relihiyong Protestante sa rehiyon sa St. Simons Island, Georgia. Pagkatapos ng isang gayong camp, sinabi ng pastor mula sa pulpito, “Ang tanging kabataang pupunta sa camp ngayong summer ay ang ating mabait na batang Mormon na si Kelly Grant.”

Alam namin na ang buhay at pundasyon ng lipunan sa maliliit na bayan ay nasa mga lokal na simbahan. Para matanggap, alam namin na kailangan naming makihalubilo.



Lubos kaming tinanggap ng mga kapitbahay naming Protestante dahil lubos namin silang tinanggap. Hindi namin kinailangang ikompromiso ang aming mga pamantayan o prinsipyo kahit kailan.

Nang lumaki ang aming mga anak, lumaki rin ang kanilang patotoo sa ipinangyabang na Simbahan. Ang natutuhan nila sa mga kuwento ng ibang mga simbahan tungkol sa Biblia ay naging daan para lalo nilang maiugnay ang Biblia sa Aklat ni Mormon. Bukod dito, nakita nila ang mahalagang papel ng priesthood sa ating Simbahan, at nadama nila ang kaibhan.

Pagsapit ng aming mga anak sa edad na maaari na silang makipag-deyt, inilipat ng kumpanya ang aking asawa sa Atlanta, Georgia. Umakyat ako nang pirmahan namin ang mga papeles ng bahay para ibenta sa mga bagong may-ari nito. Niyakap ako ng aming abugado at magiliw nitong sinabi, “Walang makapagsasabi kailanman na hindi nanirahan dito ang mga Mormon.”

Natutuhan ng aming mga anak ang magparaya, magtiis, at umunawa mula sa naging karanasan nila sa munting bayang Protestante. Nakakita sila ng magkatulad na paniniwala sa mga taong iba ang relihiyon, na nakatulong sa kanila na maglingkod bilang mga kinatawan ng Simbahan. At pinasalamatan nila ang kahalagahan ng Espiritu Santo, ng priesthood, at ng malaking pagmamahal ng Tagapagligtas para sa ating lahat.

Wala kaming napabinyagan sa loob ng pitong taong iyon, ngunit nagkaroon na sila ng interes sa Simbahan. Napagpala kami ngayon dahil dumating sa buhay namin ang mga tao sa munting bayang iyon. Sana’y napagpala rin sila sa pagdating namin sa kanilang buhay. ■

Nancy Grant, Georgia, USA

ANGKOP BA SA AKIN ANG MGA PATNUBAY?

Ang pagpapasiyang maging disente ay madali para sa akin noon pa man. Lumaki ako sa isang bahay kung saan mataas ang mga pamantayan, at nang ikasal ako sa templo, ipinaalala sa akin ng garments ko na manamit nang disente.

Gayunman, nahirapan akong mamili ng swimsuit. Kung walang patnubay sa pananamit, gugustuhin kong magsuot ng mga swimsuit na ikahihiya kong makita ng sinumang kakilala ko na suot ko.

Nagplano kaming mag-cruise na mag-asawa na kaming dalawa lang. Akala ko perpektong pagkakataon ang cruise para magsuot ng gayong swimsuit. Wala akong makikitang kakilala ko, kaya hindi ako makokonsensya. Walang makakaalam na miyembro ako ng Simbahan, at lahat ng iba pang kababaihan sa barko ay malamang na katulad ko ang suot.

Dahil may-asawa na ako, wala talagang dahilan para magsuot ako ng disenteng swimsuit, o iyon lang ang akala ko. Para lang naman sa mga tinedyer ang mga patnubay sa pagiging disente, hindi ba? Pero patuloy na nanaig ang isang damdamin sa aking isipan. Ikinasal ako sa templo.

Dahil may-asawa na ako, wala talagang dahilan para magsuot ako ng disenteng swimsuit, o iyon lang ang akala ko.

Narating ko ang mithiin kong manatiling karapat-dapat at makatagpo ng karapat-dapat na asawa. At gusto kong patuloy na piliin ang tama.

Ipinasiya kong basahin ang “Pananamit at Kaanyuan” sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Matagal-tagal ko na rin namang hindi nababasa ang buklet, kaya malaki ang naging epekto sa akin ng mga nakasaad doon: “Sa inyong pananamit at kaanyuan, maipapakita ninyong alam ninyo kung gaano kahalaga ang inyong katawan. Maipapakita ninyo na kayo ay disipulo ni Jesucristo at Siya ay mahal ninyo” ([2011], 6).

Paulit-ulit ang mga salitang iyon sa aking isipan. Disipulo ba ako ni Jesucristo? Handa ba akong maging tapat sa *lahat* ng panahon at sa *lahat* ng lugar (tingnan sa Mosias 18:9)?

Mula noon ipinasiya ko na kahit lagpas na ako ng 25, kailangan kong panatilihin ang mga prinsipyong natutuhan ko noong kabataan ko. Tinitiyak ko na angkop pa rin sa akin ang mga prinsipyong iyon. Nais kong maging mabuting halimbawa sa aking mga anak. Nais kong malaman nila na ako ay disipulo ni Jesucristo. ■

Julie Letner, Arizona, USA



Mga Pamantayan

SA LAHAT NG PANAHON

Ni Lori Fuller

Ibinahagi ng limang young adult kung paano sila ginagabayan ng mga halimbawa ng pagsunod mula sa Aklat ni Mormon sa pagpili nila nang tama o mali.

Sa mga unang pag-aaral natin ng ebanghelyo, tinuturuan tayong kilalanin ang tama sa mali. Nalaman natin na ang mga pagpili ay may mga bunga, na ang pagsunod ay nagdudulot ng mga pagpapala, at ang mabubuting pagpili ay naglalapit sa atin sa Diyos. Noong tayo ay tinedyer tumanggap tayo ng buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, na malinaw na nagsasaad ng mga pamantayan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo.

Ngunit kung minsan para sa mga young adult na nahahirapang manirahan sa mundo nang hindi sinusunod ang paraan ng mundong ito (tingnan sa Juan 17:14), maaaring hindi na malinaw ang mga pagpipilian at pamantayan. Marahil naroon ang tila malawak na lugar ng mga pagpipilian, isang alanganing lugar sa pagitan ng tama at mali.

Samantalang mukhang mas mahirap pumili habang tumatanda tayo, angkop pa rin ang dating mga pamantayan noong bata pa tayo. Ang alituntunin ng pagsunod ay hindi nagbabago. Mahalaga pa rin ngayon ang piliing maging masunurin tulad noon. Habang nahaharap tayo sa mga desisyon, ang mga alituntunin mula sa Aklat ni Mormon—na isinulat para sa ating panahon—ay magagabayan tayong gumawa ng pina-kamabubuting pagpapasiya at ipaaalala sa atin na ang pinakadakilang mga

pagpapala ay dumarating dahil sa pina-kadakilang pagsunod. Sa artikulong ito, nagbigay ng puna ang limang young adult kung paano nila sinusunod ang mga alituntuning ito.

Ang Pagsunod ay Naglalapit sa Atin sa Diyos

“Ano ang nararapat kong gawin upang isilang sa Diyos, . . . upang ako ay mapuspos ng galak, upang hindi ako maitakwil sa huling araw? . . . Tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala [ang Diyos]” (Alma 22:15, 18).

Nang marinig ng ama ni Haring Lamoni ang salita ng Diyos, ipinasiya niyang talikuran ang lahat ng kanyang kasalanan upang makilala Siya. Nang malaman niya ang mga pamantayan ng Diyos, ipinasiya niyang sundin ang mga ito para manatiling malapit sa Diyos. Kasama ang iba pang mga Anti-Nephi-Lehi, ginawa niya at tinupad ang kanyang mga tipan sa Ama sa Langit at “kailanman ay hindi nagsitalikod” (Alma 23:6).

Ang alituntunin ng pagsunod ay ipinamumuhay rin ng mga young adult ngayon. Paliwanag nga ni Vijay Patha ng India, “Ang pagsunod ay naglalapit sa atin sa Diyos. Naghatid ito ng kapayapaan ng isipan, pananampalataya, kaligayahan, pagmamahal, at magandang pananaw.



Wala nang iba pang paraan upang makamit ang mga ito kundi sa pamamagitan ng ebanghelyo.

“Kapag kailangang gumawa ng mahihirap na desisyon,” pagpapatuloy niya, “magagabayan tayo ng Espiritu Santo. Kapag walang mga hangganan, lalo tayong nanganganib na mahulog. Ang pagtupad sa aking mga tipan ay naglalaan sa akin ng mga hangganan. Ang mga hangganang ito ay proteksyon upang hindi ako mahulog sa di-kilalang mga landas at natulungan ako sa maraming pagkakataon na maging kinatawan ni Cristo at iwasang gawin ang mga bagay na gaya ng paggamit ng masasamang pananalita. Ang pagtatakda ng mga hangganan ay nagbibigay ng kaliwanagan.”

Tutulungan Tayo ng Diyos na Sumunod

“Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila” (1 Nephi 3: 7).

Kung minsan tila mahirap sundin ang mga utos, ngunit nangako ang Ama sa Langit na lagi Siyang maglalaan ng paraan para makasunod tayo.

Tulad ni Nephi, ang mga young adult na determinadong maging tapat ay makababaling sa Ama sa Langit upang magkaroon ng lakas at kakayahang maging masunurin. Ikinuwento ni Duncan Purser ng England kung paano ito nangyari sa kanya:

“Ang ikapu ay isang utos na nagtatakda ng mga hangganan: nagbabayad tayo ng 10 porsiyento ng ating kinikita. Ngunit sa mga handog-ayuno binibigyan tayo ng mas malaking kaluwagan sa ating pagsunod.

“Habang nag-iipon ako ng pangmatrikula sa unibersidad, ang ideyang magbayad ng handog-ayuno ay isang hamon sa akin. Talagang nahirapan ako sa Linggo ng ayuno, sa pagsisikap na magpasiya kung magbabayad ba ako at kung magkano ang ‘malaking’ handog. Nagdarasal ako, at hindi lamang ako laging nahihikayat na magbayad ng mga handog-ayuno kundi nadama ko rin ang ibayong hangaring gawin ito.

“Alam ko na pinagpapala ng Panginoon ang mga sumusunod sa utos na ito, at kapag sumusunod ako, palaging napapasaakin ang mga kailangan ko sa buhay. Kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo, sinusunod ang mga utos, at natatanto na tayo ay mga halimbawa sa lahat ng nakapaligid sa atin, mag-iibayo ang ating hangaring magpakabuti, at ipapaalam sa atin ng Panginoon kung ano ang gagawin.

“Binigyan tayo ng Panginoon ng mga pamantayan para sa ating ikabubuti. Mapipili natin kung hanggang saan natin ipamumuhay ang mga pamantayang ito at kung babaguhin tayo ng ating pagsunod o hindi. Sa aking karanasan, nakita ko nang dumating ang mga pagpapala nang sundin ko ang panghihikayat ng Espiritu.”

Nais ng Panginoon na Sumunod Tayo nang May Kahustuhan

“Simunod nila at tinupad gawin ang bawat salita ng pag-uutos nang

may kahustuhan; oo, at maging alin-sunod sa kanilang pananampalataya ay nangyari sa kanila” (Alma 57:21).

Ang pagsisikap na sumunod nang may kahustuhan, tulad ng ginawa ng mga kabataang mandirigma, ay makatutulong sa mga disipulo ni Jesucristo na maging katulad Niya. Ngunit nauunawaan ng ating Tagapagligtas at ng Ama sa Langit na walang taong perpekto. Sa mga panahong nagkukulang tayo, naglaan Sila ng paraan para makapagsisi tayo at maging mas mabuti.

“Nawala sa akin ang babaeng pangarap kong mapangasawa dahil sinuway namin ang batas ng kalinisang-puri—nang kaunti,” sabi ni Tyler (pinalitan ang pangalan). “Pero ang pagsuway sa batas ng kalinisang-puri nang ‘kaunti’ ay pagsuway pa rin sa batas ng kalinisang-puri. Laging nawawala sa akin ang mahahalagang pagpapala ng pagsunod; gusto kong manatili ang Espiritu sa buhay ko.

“Ayaw kong gawin ang anuman sa maliliit na bagay na iniisip ng mga tao na OK ‘basta’t hindi natin kailangang makipagkita sa bishop.’ Gusto kong sundin ang batas nang 100 porsiyento. Pero huli na ang desisyon kong maging masunurin para isalba ang aming relasyon; narumihan na ito ng pagsuway sa batas ng kalinisang-puri.

“Nariyan ang batas ng kalinisang-puri para sa ating proteksyon. Hindi ito limitasyon sa ating pag-ibig. Sa halip, ito ang pinakamahalagang paraan ng pagpapahayag ng ating pag-ibig. Sa pagsunod dito, sinasabi nating, ‘Mahal na mahal kita kaya kita iginagalang at sinusunod ang mga utos ng Diyos. Mahal na mahal kita kaya pinananatili ko ang ating buhay na nakasentro kay Cristo.’

“Bilang mga single adult kailangan din nating sumunod sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ang batas ng kalinisang-puri ay angkop sa lahat, anuman ang inyong



Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo ng mga alituntunin ng pagsunod na makatutulong sa atin na kumapit sa gabay na bakal sa paggawa natin ng mga desisyon.

edad o sitwasyon. Nagpapasalamat ako sa bagong patotoong ito dahil tutulongan ako nitong mapalapit sa Tagapagligtas at sa aking magiging asawa hanggang sa kawalang-hanggan kapag natagpuan ko siya.”

Ang Mahigpit na Pagsunod ay Naglalayo sa Atin sa Panganib

“At ito ay nangyari na, nang matanggap ni Lehonti ang mensahe ay hindi siya nagtangkang bumaba sa paanan ng bundok. . . . At ito ay nangyari na, nang malaman ni Amalikeo na hindi niya makuhang pababain si Lehonti mula sa bundok, siya ay umahon sa bundok” (Alma 47:11–12).

Determinadong manatili si Lehonti sa ligtas na lugar. Ngunit ipinasiya niya na hindi naman masama na bumaba nang kaunti para salubungin sa gitna ang kanyang kaaway. Bagama’t sigurado si Lehonti na siya ang may kontrol, sinimulan ni Amalikeo na “unti-unting lasunin” (Alma 47:18) si Lehonti hanggang sa mamatay, na marahil ay hindi natanto ang panganiib hanggang sa huli na ang lahat.

Ikinuwento ni Claudia R. ng Colorado, USA, kung paano siya nagpakatatag:

“Pakiramdam ko ay parang hindi na malinaw sa lipunan ang mga pamantayan ng moralidad. Halimbawa, sasabihin ng mga tao tungkol sa alak, ‘Hindi ka naman mamamatay sa isang tikim lang nito.’ Sa gayong klaseng katwiran ay talagang mapapaisip ka. At sa gayong mga sitwasyon—ang mga bagay na tila hindi naman nakakasama—ay talagang sumusubok sa kalayaan mong pumili.

“Kaya kailangan mong matutong magpigil, na maging matatag. May ilang taong nag-aakala na hindi masamang gawin ang isang bagay, at ang bagay na iyon kalaunan ay humahantong pala sa kasalanan. Pagkatapos parang wala ka nang kawala roon.

“Nakipagdeyt na ako nang ilang beses sa isang lalaki, pero minsang wala kaming kasama sa kotse sa dilim, tinangka niya akong gawan nang hindi maganda. Alam ko na ang gusto niyang gawin ay maaaring human-tong sa iba pang imoralidad. Hindi ko papayagang mangyari iyon, kaya lumabas ako ng kotse.

“Bilang mga single adult, kapag may nangyari na hindi ayon sa ating mga pamantayan, kailangan nating manindigan. Sa pakikipagdeyt, siyempre, gusto ninyong maghawak-kamay, yumakap at humalik. Ngunit gusto tayong linlangin ni Satanas sa pag-iisip na ang batas ng kalinisang-puri ay batas na maaaring sundin nang bahagya lamang.

“Kailangan nating tatagan pa ang ating mga pamantayan kaysa rati. Kailangan na nating magpasiya bago dumating ang mahihirap na desisyon. Kailangan nating manindigan kapag mali ang mga pangyayari. Alam ko na hindi madaling mabuhay sa ating mundo; napakaraming nangyayari sa paligid natin. Ngunit binigyan na tayo ng mga propeta at apostol ng mga pamantayan at patnubay. Dala-dala ko ang maliit na bersiyon ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa pitaka ko, at nakakatulong iyon sa akin sa mahihirap na panahon.”

Maaari Tayong Maging Masunurin Kahit Hindi Masunurin ang mga Tao sa Ating Paligid

“Kung wala silang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi na ito mahalaga sa iyo, ikaw ay naging matapat; kaya nga, ang iyong mga kasuotan ay gagawing malinis” (Eter 12:37).

Nang ipagdasal ni Moroni na pagpalain ang mga Gentil sa hinaharap, sinabi sa kanya ng Diyos na ang pinakamahalaga ay nanatili siyang tapat. Hindi tinutulutan ng mundo na maging madali para sa matatapat na young adult na ipamuhay ang

kanilang mga pamantayan. Ngunit kahit ibang landas ang piliing taha-kin ng iba, posibleng piliin ang mas mataas na landas.

Gaya ng iba pang mga young adult, natagpuan ni Victor Kim ng South Korea na nasa sitwasyon siya kung saan ang iba ay hindi niya katulad ang mga pamantayan:

“Kung minsan sa trabaho, lumalabas kami ng mga kaopisina ko para kumain nang sama-sama, at lagi silang nag-iinuman. Pinipilit nila ako palagi na uminom, at hindi madaling tangihang silang lahat. Lagi kong tinitiyak na alam na nilang hindi ako umiinom bago kami lumabas. Magkagayunman, kinailangan kong magpakatatag at magpakita ng kumpiyansa sa mga limitasyon ko.

“Sa aking karanasan, ang mga hindi nagtatakda ng malililaw na hangganan ay maaaring maging kampante, at kalaunan ay makumbinsi na OK lang ang maliit na kasalanan. Maaari silang maging manhid sa Espiritu at hindi na makita kung ano ang mali at kung bakit mali ito.

“Ang pambubuyong barkada ay maaaring talagang malakas din. Ang mga hindi matatag ay maaaring sumama kalaunan dahil tila may katwiran ang sinasabi ng kanilang mga kaibigan, kahit hindi iyon akma sa ating mga pamantayan. Pero hindi kayo maaaring gumitna. Kalaunan ay kailangan ninyong pumili.

“Para manatiling matatag, nakatutulong ang magkaroon ng mabuting kaibigan para magkausap kayo at magkatulungan. Sa gayong ay maaari kayong manatiling matatag na magkasama. Kapag sinusunod ko ang aking mga pamantayan, pakiramdam ko ay ligtas ako. Karapat-dapat akong humiling sa Diyos na protektahan ako. Nananalig ako na kung ako ay masunurin, tutulongan Niya ako.” ■

Si Lori Fuller ay nakatira sa Utah, USA.

KAILANGAN NATIN ANG SIMBAHAN NI CRISTO

Usong ngayon ang pagsisinungaling na puno ng kasamaan.

Ni David A. Edwards

Mga Magasin ng Simbahan

Kung masisilip ninyo ang lalagyan ng mga kasangkapan ng diyablo, makikita ninyo ang mga kasangkapan sadyang ginawa para iligaw ang tao, gayundin ang ilang mahuhusay na kasangkapan na kitang-kitang madalas niyang gamitin.

Isang partikular na kasangkapan na napakadalas niyang gamitin sa mga panahong ito ay nasa mapanlinlang na kasinungalingang ito: “Hindi ninyo kailangan ng organisadong relihiyon para maging mabuting tao, maging espirituwal, o mahal in si Jesus. Lahat ng simbahan ay hindi diperpekto at tiwali rin naman.”

Ang panlilinlang na ito ay tuso dahil nagsasabi ito ng dalawang totoong ideya para tanggapin ninyo ang malaking kasinungalingan. Totoong dapat nating patatagin ang ating relasyon



sa Diyos at ang mga tao ay hindi diperpekto, ngunit hindi dahil sa totoo ang mga ito ay mali na ang mismong ideya ng pagkakaroon ng simbahan.

Hindi totoo ang ganitong klase ng pag-iisip, at narito ang limang dahilan lamang kung bakit:

1. Itinatag ni Cristo ang Kanyang Simbahan. Sa mga Ebanghelyo ayon kina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, makikita ninyo na halos buong ministeryo ng Tagapagligtas ay binuo ng pagtawag sa mga tao, pagbibigay sa kanila ng awtoridad, pagsasanay sa kanila sa pamumuno, at pagtuturo sa kanila kung paano kumilos bilang isang grupo. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang mga hindi naniniwalang kailangan ang organisadong relihiyon ay tumatanggi sa gawain ng Guro, na nagtatag ng Kanyang Simbahan at humirang sa mga pinuno nito noong kalagitnaan ng panahon at muling nagtatag ng mga ito sa makabagong panahon.”¹

2. Pinangangasiwaan ng Simbahan ang ebanghelyo at ang mga ordenansa nito. Malinaw na itinuro ng Tagapagligtas na ang binyag at ang kaloob na Espiritu Santo ay mahalaga sa kaligtasan (tingnan sa Juan 3:5), at ang awtoridad na ipangaral ang ebanghelyo at isagawa ang mga ordenansa ay ipinag-utos. Tulad ng sabi ni Elder Oaks, “Malinaw na nakasaad sa Biblia na kailangan ang awtoridad ng priesthood at na ang awtoridad na ito

ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga taong mayhawak nito. Ang awtoridad ng priesthood ay hindi nagmula sa hangaring maglingkod o mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan.”²

3. Ang Simbahan ay tumutulong sa atin na maging mas mabubuting tao. Kamakailan ay itinuro ni Elder Donald L. Hallstrom ng Panguluhan ng Pitumpu: “Kailangan natin ang ebanghelyo at ang Simbahan. Sa katunayan, layunin ng Simbahan na tulungan tayong ipamuhay ang ebanghelyo.”³ Bagama’t ang Simbahan ay binubuo ng mga taong hindi diperpekto, tinutulungan tayo nitong maging higit na katulad ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagtuturo sa atin ng Kanyang doktrina, pagbibigay sa atin ng mga pagkakataong maglingkod at personal na umunlad, at pagtutulong sa atin na pumasok sa mga tipan at panibaguhin ang mga ito sa Diyos.

4. Mahalaga ang pagkakaisa. Iniutos sa atin ng Panginoon na “maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin” (D at T 38:27). Ang pagiging isa o pagkakaisa ay mahalagang bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit para sa atin. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

“Nasasabik tayo bilang mga espirituwal na anak ng ating Ama sa Langit sa kagalakang iyon na minsang nadama natin sa piling Niya bago tayo isinilang. Hangad Niyang ipagkaloob ang



sagradong pangarap nating iyon na magkaisa dahil mahal Niya tayo.

“Hindi Niya ito maipagkakaloob sa atin nang hiwa-hiwalay tayo. Ang galak sa pagkakaisa na gustung-gusto Niyang ibigay sa atin ay hindi sa pag-iisa. Hangarin natin ito at maging marapat para dito na kasama ang iba. Hindi nakakagulat kung gayon na hinihimok tayo ng Diyos na magtipon upang mapagpala Niya tayo.”⁴

5. Ang “organisado” ay hindi kasing-kahulugan ng “masama” o “tiwali.” Karaniwan kapag tinawag ng mga tao na “organisado” ang isang tao o isang bagay, papuri iyon. Ngunit sa relihiyon ito ay parang pang-iinsulto. Ayon kay Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang isa sa mga dahilan kaya inorganisa ni Cristo ang Kanyang

Simbahan ay “dahil hindi sapat ang manaka-nakang kabutihan ng bawat tao para labanan ang kasamaan.”⁵ Niliwanag ng Panginoon ang usaping ito nang sabihin Niyang, “Masdan, ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan, wika ng Panginoong Diyos, at hindi isang bahay ng kaguluhan” (D at T 132:8). Pagiging organisado ang mismong kailangan ng isang relihiyon.

Kapag nakaharap ninyo ang mga kasinungalingan na mga kasangkapan ng diyablo, tandaan na may sarili kayong mga kasangkapan na tutulong sa inyo na ipamuhay ang ebanghelyo—mga kasangkapang makukuha natin sa pamamagitan ng Simbahan ni Jesucristo: mga banal na kasulatan, kaloob na Espiritu Santo, inyong patotoo, at mga katotohanang inihayag sa pamamagitan ng mga makabagong propeta. ■

MGA TALA

1. Dallin H. Oaks, “Dalawang Linya ng Pakikipag-ugnayan,” *Liahona*, Nob. 2010, 85.
2. Dallin H. Oaks, “Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan,” *Liahona*, Ago. 2011, 50.
3. Donald L. Hallstrom, “Nagbalik-loob sa Kanyang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Kanyang Simbahan,” *Liahona*, Mayo 2012, 14.
4. Henry B. Eyring, “Nagkakaisa ang Ating mga Puso,” *Liahona*, Nob. 2008, 69.
5. Neal A. Maxwell, “Why Not Now?” *Ensign*, Nob. 1974, 13.

“Talagang nasaktan ako sa ginawa ng isa sa mga kaibigan ko. Alam ko na dapat akong magpatawad, pero paano ko malilimutan ang sakit?”

Ang pagpapatawad sa iyong kaibigan at paglimot sa sakit na nadama ay maaaring mahirap gawin. Ang pagpapatawad *at* paglimot sa sakit na nadama ay mangangailangan ng awa—mula sa iyo at sa Panginoon. Ang tungkulin mo ay hindi ang kalimutan ang sakit kundi ang magpatawad: magpakita ng habag sa iyong kaibigan (tingnan sa D at T 64:8–10). Sa paggawa mo nito, magpapakita sa iyo ng habag ang Panginoon kung hihingin mo ang Kanyang tulong. Ibig sabihin, mapapalitan Niya ng pagmamahal at kapayapaan ang damdamin mong nasaktan.

Kausapin ang kaibigan mo. Unawain ang nangyari. Baka matuklasan mong hindi naman sinadya ng kaibigan mo na saktan ka, na mas magpapadali sa pagpapatawad at paglimot sa sakit.

Kahit na mahirap o matatagalan ang pagpapatawad, sikapin mong gawin ito. Kalaunan, gugustuhin mong ipaalam sa iyong kaibigan na pinatawad mo na siya at gusto mong manatili pa rin ang inyong pagkakaibigan. Ang pagtatanim ng sama-ng-loob sa kaibigan ay hindi kailanman magdudulot ng kapayapaang nagmumula sa tunay na pagpapatawad.

Alalahanin na lahat tayo ay nakaasa sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas para mapatawad sa ating mga kasalanan. Manalangin na makapagpatawad, at manampalataya na tutulungan ka ng Panginoon. May kapangyarihan Siyang pahilumin ang iyong pusong sugatan.

Hayaang Panginoon ang Humatol

Hayaang Panginoon ang humatol sa ginawang pananakit ng ibang tao. Alalahanin ang sinabi ng Panginoon: “Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao” (D at T 64:10). Mahirap kalimutan ang damdaming nasaktan, ngunit kung magdarasal ka at hihingi ng tulong, matatanto mo na kayang pahilumin ng pagpapatawad ang matitinding sugat at palitan ang pagkapoot ng kapayapaan at pag-ibig na tanging Diyos ang makapagbibigay.

Genesis H., edad 16, Antofagasta, Chile

Patawarin ang Lahat



Dahil sa pagdurusa ng Panginoong Jesucristo Siya ay nilabasan ng dugo sa bawat butas ng Kanyang balat, ngunit nalampasan Niya ang

sakit at nagkaroon ng lakas na magpatawad habang nasa krus. Hindi dahil sa wala Siyang nadamang sakit kundi dahil para sa Kanya, ang tanging mahalaga ay ang kalooban ng Ama. Gayundin sa atin, dapat ang tanging mahalaga ay ang kalooban ng Diyos, at nais Niyang patawarin natin ang lahat. Kahit mabagal ang paggaling ng ating mga sugat, malalampasan natin ang sakit sa pamamagitan ng panalangin at taos-pusong pagpapatawad sa mga nakagawa sa atin ng pagkakamali. *Ahou O., edad 17, Ivory Coast*

Mahalin Sila



Nalaman ko na ang pinakamainam na paraan para mawala ang sakit ay mahalin ang taong nakasakit sa iyong damdamin. Pagkatapos masaktan ng

isang tao ang aking kalooban, sinisikap kong purihin siya at magpakita lalo ng kabaitan sa kanya hangga't maaari. Sa paggawa nito, hindi na magngingitngit ang iyong kalooban. Sa halip ay mawawala na ito nang tuluyan. Mas magiging matatag ang ugnayan ninyo ng sinumang nakasakit sa iyong damdamin. *Katie A., edad 18, Utah, USA*

Tingnan Sila Gaya ng Pagtingin sa Kanila ng Panginoon

Nadama ni Jesucristo ang iyong pasakit upang mapatawad ang iyong mga kasalanan at para mapatawad mo rin ang ibang tao. Kapag nanalangin ka na magkaroon ng kakayahang makita ang isang tao gaya ng pagkakita sa kanya ng Panginoon, makikita mo na mas mauunawaan mo sila. Sa paglipas ng mga

linggo, mapapansin mo na maglalaho ang pagngingitngit ng iyong damdamin.
Kimberly B., edad 18, Nebraska, USA

Manalangin na Maging Mapagpatawad



Manalangin sa ating Ama sa Langit na magkaroon ka at ang iyong kaibigan ng lakas ng loob na patawarin ang isa't isa.

Ang pagpapatawad sa isang taong nakasakit sa iyo ay gawin ni Cristo. Napahihilom ng pagpapatawad maging ang lubhang nasaktang damdamin.

Lehi E., edad 16, Abu Dhabi, United Arab Emirates

Alalahanin ang Pag-ibig sa Kapwa-tao

Itinuro ni Nephi, “Ang Panginoong Diyos ay nagbigay ng isang kautusan na dapat magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang lahat ng tao, kung aling pag-ibig sa kapwa-tao ay pagmamahal” (2 Nephi 26:30). Para sa akin, ang pag-ibig sa kapwa-tao ang pinakamainam na paraan para mawala ang sakit nang masaktan ng isa sa aking mga kaibigan ang aking kalooban. Ang ibig sabihin ng pag-ibig sa kapwa ay pagtanggap sa mga kahinaan ng isang tao; pagpapasensya sa isang taong bumigo sa atin; at hindi pagdaramdam kapag hindi ginawa ng isang tao ang isang bagay sa paraang inaasahan natin. Kung mahal natin ang ating mga kaibigan, tayo ay pagpapalain.

Liezel V., edad 21, Negros Occidental, Philippines

Manalangin na Matutong Magpatawad

Dapat mong ipanalangin na matutuhan mong mahal in at patawarin ang ibang tao. Bagama't kung minsan ay napakahirap magpatawad, ang ating Ama sa Langit ay laging handang tumulong

sa atin. Alalahanin ang halimbawang ipinakita ng Tagapagligtas sa pagpapatawad sa ating lahat. Sinasabi sa Mga Taga Colosas 3:13 na, “Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man: na kung paanong pinatawad tayo [ni Cristo], ay gayon din naman ang inyong gawin.” Ang tunay na pagpapatawad ay isang proseso, minsan ito ay matagal. Ngunit kapag tunay tayong nagpatawad, nakadarama tayo ng malaking kapanatagan at kagalakan. Alam ko na kung pagsisikap, malilimutan ninyo ang sakit na nadama at makahanap ng tunay na kaligayahan.

Leonardo L., edad 20, Buenos Aires, Argentina

Magtiwala sa Pagbabayad-sala

Puno ng kagalakan ang puso ko kapag naaalala ko na maaaring alisin ng kapangyarihan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo ang pait na ating nadarama. May mga pagkakataon na tayong lahat ay nagkakaroon ng mapait na karanasan, ngunit sa mahigpit na paghawak sa salita ng Ama sa Langit, matatanggap natin ang lakas na kailangan natin upang makapagtiis. Kahit noong ipinapako Siya ng mga kawal sa krus,

hiniling ni Jesucristo sa Ama na patawarin sila. Ang Kanyang kalooban ay puno ng pagmamahal at awa sa lahat ng tao. Alam ko na kung lalapit tayo sa Kanya at hihingin ang Kanyang tulong, mapupuspos tayo ng Kanyang walanghanggang pagmamahal.

Virginia M., edad 20, Peru



SUNDIN ANG HALIMBAWA NG TAGAPAGLIGTAS

“Sa pinakamasakit na sandali ng Pagpako sa Krus ay nasabi ng Tagapagligtas na,

‘Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa’ (Lucas 23:34). Mahirap gawin iyan kapag nasasaktan o naghihinanakit tayo, o pagod o nanlalata o nagdurusa nang walang kasalanan. Ngunit iyan ang sandali kung kailan napakahalaga ng pagiging Kristiyano.”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Lessons from Liberty Jail,” *Ensign*, Set. 2009, 32.

SUSUNOD NA TANONG


“Napakalayo ng templo kaya’t hindi ako madalas pumunta roon. Paano magiging mas malaking bahagi ng buhay ko ngayon ang templo?”

Ipadala sa pamamagitan ng E-mail ang iyong sagot bago sumapit ang Marso 15 sa liahona@ldschurch.org o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo sa:

Liahona, Questions & Answers 3/2013
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



LIGHTS ... CAMERA ...

Malamang narinig na ninyo ang katagang “Ang buong mundo ay isang entablado” mula sa bantog na dula ni William Shakespeare na *As You Like It*. Ang ideya na ipinakikita ni Shakespeare ay na tayong lahat ay may ginagampanang papel sa malaking dula ng buhay. Ang tanong ko ngayon sa inyo ay, “Ano ang papel na ginagampanan ninyo sa buhay?” o kaya naman, “Ano ang gusto ninyong gampanang papel sa buhay?”

Sinabi ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) na, “Ang kaisipan ang pinagmumulan ng mga pagkilos, at mas nauuna ito.”¹ Pero bakit ang inyong kaisipan ang nagiging script sa inyong utak? Alam na siguro ninyo na ang utak natin ay tulad ng computer: ang makukuha mo lamang

Kayo ang nagdedesisyon kung anong landas ang tatahakin ninyo sa buhay.

dito ay ang ipinasok mo rito. Kung basura lamang ang ipapasok mo rito, iyon lang din ang makukuha mo rito. Dapat ninyong malaman na ang lahat ng inyong pinanonood, binabasa, o pinakikinggan ay tutulong sa pagsusulat ng script ng inyong buhay.

Mga Imahe at Kaisipan na may Malaking Epekto

Dahil malaking bahagi ng aking propesyon ay nasa advertising, marami akong karanasan sa nakita kong paraan ng media na makalikha ng mga imahe at kaisipan na may malaking epekto sa isip ng tao. Ang paggawa ng napakagandang patalastas sa telebisyon ay maaaring katulad talaga ng paggawa ng isang pelikula sa Hollywood, maliban na ang “shooting” o pagsasapelikula ay karaniwang ginagawa sa loob lamang ng ilang araw sa halip na ilang buwan.

Matapos gumugol ng mahabang panahon sa pagsasaliksik at pagpapalano ng media campaign, maaari akong kumuha at magbayad ng mga cinematographer o cameraman mula sa Hollywood, mga modelo mula sa Italy, at mga music producer mula sa New York City. Sa gayon ay masisimulan na ang trabaho. Matapos ang napakabalang iskedyul, ilulunsad na namin ang advertising campaign sa lahat ng uri ng media. Kasiya-siya, kapapanabik, at masaya ang gawaing ito.

Dahil sa karanasang ito masasabi ko sa inyo na ang mga patalastas na nakikita ninyo online, sa telebisyon, o sa mga magasin ay hindi tunay.

Ni Adrián Ochoa

Pangalawang
Tagapayo sa Young
Men General
Presidency



ACTION!

Ang mga imahe na nakikita ninyo ay mga malikhaing sining lamang, na ginawa para akitin ang mga tao na bilhin ang ipinapatalastas na produkto. Ito ang dahilan kaya hindi ako pumayag kailanman na gumawa ng patalastas para sa mga produktong hindi ko pinaniniwalaan. Nauunawaan ng karamihan sa mga tao ang mga katotohanang ito tungkol sa mga patalastas, at ganito rin ang prinsipyo sa mga pelikula, programa sa TV, web at mobile content, at mga electronic game: lahat ng ito ay sadyang nilikha na may nakatagong mensahe at motibo sa mga ito.

Malakas na Proteksyon

Dahil ginagamit ni Satanas ang media para subukang iligaw tayo ng landas at malabag ang mga kautusan ng Diyos, dapat ninyong sundin nang buong determinasyon ang payo na ibinigay sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Matalinong pumili kapag gumagamit ng media dahil anuman ang inyong binabasa, pinakikinggan, o tinitingnan, ito ay makakaapekto sa inyo. Piliin lamang ang media na nagbibigay-inspirasyon sa inyo.”²

Tandaan na sa katunayan kayo ay narito sa buhay na ito para magkaroon ng pananampalataya, subukan, at matuto at maging maligaya. Bilang miyembro ng totoong Simbahan ni Cristo, may dakilang kapangyarihan na tutulong sa inyo. Nasa inyo ang kapangyarihan ng Espiritu Santo para balaan kayo kapag hindi tama ang bagay na nasa harapan ninyo. Nasa

inyo rin ang kapangyarihang pumili, upang mapili ninyo ang gagawin at hindi ninyo gagawin.

Kung may mga pagkakataon na hindi kayo naging matalino at paminsan-minsan ay pinipiling tingnan o pakinggan ang maling nilalaman, magpasiya ngayon na magbago. Kung ang masasamang pagpiling iyon ay nakabawas sa kakayahan ninyong madama ang Espiritu, lumuhod at humingi sa Ama sa Langit ng lakas at kapatawaran. At kung may problema pa rin kayo, hingin ang tulong ng iyong mga magulang o bishop. Maaaring nahihiya o natatakot kayong makipag-usap sa kanila, pero ang ibig sabihin niyan ay kailangan na lalo ninyo itong gawin. Taglay ang tapang at kababaang-loob malalampasan ninyo ang mga hamon sa inyong buhay, at kapag nagawa ninyo ito, madarama ninyo ang maluwalhating kapayapaan at kagalakang dulot ng pagsisisi.

Hindi kayo basta aktor o aktres lamang sa isang entablado; kayo ay anak ng Diyos na nasa daigdig ng pagsubok na puno ng mabubuti at masasamang media. Kung bubusugin ninyo ang inyong espiritu ng tamang nilalaman, magiging maligaya ang papel na gagampanan ninyo sa buhay, at magiging tulad kayo ng isang ilaw na nagliliwanag para tulungan at gabayan ang iba. Palaging may kadiliman sa ating paligid, ngunit palaging nariyan ang walang-hanggan at naiilawang landas na gumagabay sa atin tungo sa pinagmumulan ng lahat ng kabutihan at liwanag. ■

MGA TALA

1. David O. McKay, *Stepping Stones to an Abundant Life*, comp. Llewelyn R. McKay (1971), 206.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, (2011), 11.



SULIT BA ANG ORAS NATIN DITO?

"Pag-isipan kung paano natin ginagamit ang ating oras sa pagpili ng panoorin sa telebisyon, lalaruing video games, hahanapin sa Internet, o babasahing mga aklat o magasin. Siyempre pa magandang panoorin ang makabuluhang palabas o makakuha ng nakawiwiling impormasyon. Ngunit hindi lahat ng ganitong uri ng bagay ay nararapat pag-ukulan ng ating panahon para makamtan. May ilang bagay na mas maganda, at may iba pang pinakamaganda."

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona*, Nob. 2007, 105.

ADIK SA VIDEO GAMES

Hindi ibinigay ang pangalan

Noong ako ay 13-taong-gulang, binigyan ako ni Inay ng isang video game para sa kaarawan ko. Bago para sa akin ang video games noon, at napakaganda ng graphics ng isang ito at talagang nakalilibang. Walang pasok noon sa eskuwela, at nagpasiya akong tapusin kaagad ang laro hangga't maaari para mas marami akong oras na makapaglaro sa labas kasama ng mga kaibigan ko.

Isang hapon ng Huwebes sinimulan kong laruin ang bago kong video game. Bago ko namalayan, lampas na pala ng hatinggabi, at hindi man lang ako nakapagdasal. Pero patuloy pa rin ako sa paglalaro.

Lalo lang lumala ang lahat. Paggising ko kinabukasan, ang unang ginawa ko ay buksan ang laro at magsimula na namang maglaro. Halos hindi ako

tumitigil para kumain o matulog, at ang tanging nasa isip ko ay makarating sa kasunod na level sa aking laro.

Pagsapit ng Sabado ng gabi binalaan ako ni Inay na kung hindi ako matutulog nang maaga, mahihirapan akong gumising kinabukasan para magsimba. Pero patuloy pa rin akong naglaro at alas-3:00 na nang umaga ako nakatulog. Pagdating ko sa Simbahan, pagod at puyat ako kaya't nahirapan akong magtuon na mabuti. Hindi ako nakapagpasa ng sakramento, at umuwi ako para matulog, at talagang nanlalata ako.


Tulog ako sa buong araw ng Linggo at Lunes na nang umaga ako nagising, at gumising lang ako para maglaro pa rin. Nang linggong iyon alam kong kailangan kong makapagpahinga nang mabuti sa gabi at sikaping matulog nang maaga, pero sinayang ko pa rin ang oras ko sa video games. Nagsimula na akong gumugol ng mas maraming oras sa paglalaro ng video games kaysa pagbabasa ng mga bernal na kasulatan. Sa katunayan, ilang araw pa akong tumigil sa pagbabasa ng mga ito. Nang magsimula muli ang pasok sa eskuwelahan, sinabihan ako ni Inay na huwag maglaro nang Lunes hanggang Biyernes, kaya't sinamantala ko ang mga Sabado sa paglalaro, pati na ang araw ng Linggo.

Sa hindi na pagdalo sa mga puulong sa araw ng Linggo, itinigil ko

ang paggawa ng mga bagay na mahalaga kapalit ng hindi mahalagang bagay na gaya ng video game. Hindi ko na sinusunod ang payo ng aking lolo, na minsang nagsabing, "Huwag na huwag mong ipagpapalit ang mahahalagang bagay sa mga bagay na pangkaraniwan lamang." Palagi kong naiisip ang payong ito.

Natanto ko na kailangang maging balanse ang aking buhay. Ang isang nakatulong sa akin ay ang aking klase sa seminary. Sa aking middle school, ang seminary ay idinaraos bilang bahagi ng kurikulum sa araw-araw, at malaki ang naitulong nito sa akin. Binigyan ako nito ng pagkakataon na matutong isaayos ang aking mga priyoridad at unahin ang Panginoon higit sa anupamang bagay. Kung nagtitiwala tayo sa Kanya at kung hihilingin natin sa Kanya mula sa kaibuturan ng ating mga puso na tulungan tayo sa ilang aspeto ng ating buhay, diringgin tayo ng Panginoon. Kung talagang gusto nating magbago, magagawa natin ito.

Mabuti na lamang hindi ko kinailangang dumanas ng malaking problema para lamang tumigil sa paglalaro. Ang pagsasaayos sa aking mga priyoridad at paglilimita ng oras ko sa paglalaro ay sapat na. Gayunman, hindi iyon nangyari hangga't hindi ako nanalangin sa Panginoon na tulungan ako, at tinulungan nga Niya ako. ■





MAGPOKUS sa MGA PINAHAHALAGAHAN

Ang pagkakaroon ng walang-hanggang mga pinahahalagahan ay tutulong sa atin na marating ang nais ng ating Ama sa Langit na marating natin.



**Ni Elder
Russell M. Nelson**

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

Gusto kong magsalita tungkol sa ilang pinahahalagahan na dapat ninyong pagtuunan ng pansin sa inyong araw-araw na buhay. Makikilala ninyong mga kabataang babae ang mga ito. At kayong mga kabataang lalaki, hindi lamang ito para sa mga kabataang babae. Ang mga pinahahalagahan ito ay nararapat din ninyong pagtuunan ng pansin gaya ng mga kabataang babae.

Pananampalataya

Ang unang pinahahalagahan ng Young Women ay pananampalataya. Sa katunayan, pananampalataya ang unang alituntunin ng ebanghelyo. Dapat ninyong ituon ang inyong pananampalataya sa ating mapagmahal na Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang Panginoong Jesucristo. Dapat patuloy rin ninyong patatagin ang inyong pananampalataya sa plano ng Diyos ukol sa kaligtasan.

Mahalagang magkaroon ng pananampalataya upang masunod ang lahat ng kautusan ng Diyos, nalalaman na ibinigay ang mga ito para pagpalain kayo at magdulot sa inyo ng kagalakan. May makikilala kayong mga tao na namimili kung aling mga utos ang susundin at kung alin ang kanilang babalewalain. Hindi uubra ang ganitong pagpili. Hahantong ito sa kalungkutan. Sa paghahandang humarap sa Diyos, kailangan ninyong sundin ang lahat ng Kanyang mga utos. Kailangan ng pananampalataya para masunod ang mga ito, at ang pagsunod sa Kanyang mga utos ay magpapalakas sa pananampalatayang iyon.

Banal na Katangian

Ang pangalawang pinahahalagahan ng Young Women ay ang banal na katangian. Iyan ang paraan ng matatanda sa pagsasabing, “Ako ay anak ng Diyos.” Kayo ay may kabanalan sa inyong kalooban. Ang ating Ama sa Langit ang lumikha sa inyo.

Naisip na ba ninyong magpasalamat para sa inyong puso? Tingnan ninyo ang trabahong ginagawa nito. Bumobomba ito ng sapat na likido o tubig bawat araw na makapupuno sa isang railroad tank car, mga 2,000 galon (7,570 litro). Sa loob ng puso ay may apat na balbula na bukas-sara nang 100,000 beses sa isang araw, mahigit 36 milyong beses sa isang taon, at hindi nasisira ang mga ito. Walang bagay na gawa ng tao—papel, plastik, metal, o bakal—na makakapagbukas-sara nang ganuong karaming beses, nang ganoon kadalas, nang hindi nasisira. Bawat organ o bahagi ng katawan ay napakainam ng pagkadisenyo at kagila-gilalas ang gamit nito.

Alam ninyo kung langangoy kayo sa ilalim ng tubig nang hindi humihinga, sandali lang ang itatagal ninyo. Ano ang nagtutulak sa inyo na huminga? Ang carbon dioxide ay sinusukat ng dalawang maliliit na metro sa leeg, at nagpadala ang mga ito ng mensahe sa inyong utak na parang sinasabing, “Masyado nang mataas ang lebel ng iyong carbon dioxide. Alisin mo na ito.” Kaya’t lumalangoy kayo paahon at bubuga ng hangin, para lumabas ang carbon dioxide.

Talagang pambihira ang mga nagagawa ng inyong katawan! Pangalagaang

mabuti ang inyong katawan. Huwag gumawa ng anumang bagay na magpaparumi sa likas na kagandahan nitong kagila-gilalas na likhang bigay ng Diyos.

Kahalagahan ng Sarili

Ang susunod na pinahahalagahan ng Young Women ay ang kahalagahan ng sarili. Ang matapat na disipulo ni Jesucristo ay magiging matapat na anak ng Diyos—mas gugustuhing maging mabuti kaysa maging makasarili, mas sabik na magpakita ng awa kaysa maging dominante, mas pipiliin ang integridad kaysa popularidad.

Alam ninyo ang inyong walang katapusang kahalagahan. Tunay na bawat matapat na dalagita sa Simbahan ay nagsasabing ang kahalagahan ng sarili ay isa sa mga pinakamahalaga sa kanya. Sinasabi niya, “Ako ay may walang hanggang kahalagahan at may sarili akong banal na misyon, na pagsisikap kong isakatuparan” (*Pansariling Pag-unlad ng Young Women* [buklet, 2009], 29).





Totoo rin ito sa mga kabataang lalaki. Bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos ay walang hanggan ang kahalagahan dahil sa kanyang banal na misyon.

Kabilang din sa kahalagahan ng sarili ang pag-unlad ng inyong pananampalataya bilang indibiduwal. Walang ibang maka-pagpapaunlad ng inyong pananampalataya. Maaaring gusto ninyong magkaroon ng pananampalatayang tulad ng kay Pangulong Thomas S. Monson o ng iba pang hinahangaan ninyo, pero kailangang kayo mismo ang magpaunlad nito. Kapag nakagagawa kayo ng pagkakamali, bilang isang indibiduwal pinagsisisihan ninyo ang mga nagawa ninyong pagkakasala. Nang kayo ay bininyagan at natanggap ninyo ang kaloob na Espiritu Santo, ginawa ito sa bawat isa. Kaya, bilang isang indibiduwal, gumagawa kayo ng mga tipan. Ang mga ordenansang ito ng kaligtasan ay ginagawa ng bawat isa.

Ang pinakadakilang mga ordenansa at pagpapala ng pagiging miyembro sa Simbahan ay dumarating sa loob ng templo. Naroon ang mga ordenansa ng endowment at ng mga pagbubuklod sa mga magulang, asawa, at mga ninuno. Lahat ng ordenansa ng kadakilaan ay para sa pamilya. Nakikita ba ninyo ang kaibhan? Ang mga ordenansa ng *kaligtasan* ay isahang ginagawa; ang mga ordenansa ng *kadakilaan* ay kinabibilangan ng mahigit sa isang tao.

Kaalaman

Ang susunod na pinahahalagahan ng Young Women ay kaalaman. Sa Simbahan, ang pagkakamit ng edukasyon at pagkaroon ng kaalaman ay responsibilidad ng relihiyon. Tinuturuan natin ang ating isipan para balang-araw makapagbigay tayo ng makabuluhang paglilingkod sa ibang tao. Ang magnais na gumawa ng kaunting kabutihan o gumawa ng kaunting kabutihan ay nakasalalay sa taglay na kaalaman.

Madalas akong tanungin ng mga tao kung ano ba ang pakiramdam ng maging isang doktor. Tanong nila, “Gaano ka katagal nag-aral?” Ah, napakatagal. Mula nang makatapos

ako ng medisina hanggang sa maningil ako ng unang bayad sa ibinigay kong serbisyo ay gumugol ng 12½ taon. Matagal na panahon, ngunit nag-aral man ako o hindi paglipas ng 12½ taon pareho lang ang edad ko? Parehong-pareho. Kaya makabubuting sikapin mong abutin ang kaya mong marating.

Dahil nag-aral ako ng medisina nagawa kong operahan sa puso si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) noong 1972. Kaya huwag ninyong mamaliitin ang kaalaman. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay talagang katalinuhan (tingnan sa D at T 93:36).

Pagpili at Pananagutan

Ang kasunod na pinahahalagahan ng Young Women ay pagpili at pananagutan. Isang paraan ito ng pagsasabi ng “kalayaang moral.” Ang kalayaang moral ay bahagi ng buhay dahil gusto ng Ama sa Langit na kumilos ang bawat isa sa atin para sa ating sarili at marating ang nais nating marating.

Ang pagpili at pananagutan ang nagsasabi sa inyo na sa bawat desisyong ginagawa ninyo, kayo ay mananagot sa mga ibubunga ng desisyong iyon. Kaya kailangan tayong gumawa ng makabuluhang mga desisyong. Siguro hindi gaanong mahalaga kung ang suot ninyong kurbata ay asul o pula o ang damit ninyo ay kulay lila o berde, ngunit ang mahalaga ay kung ang pagpili ninyo ay naglalapit ba sa inyo o naglalayo sa inyo sa Panginoon at sa Kanyang paraan ng pamumuhay. At bakit kami nagpapayo at nakikiusap na sundin ninyo ang paraan ng Panginoon? Simple lang, dahil ito ang landas tungo sa kaligayahan.

Mabubuting Gawa

Ang susunod na pinahahalagahan ng Young Women ay mabubuting gawa. Ang huwaran nito ay ang buhay ni Jesucristo, na nagmamahal sa mga tao. Para ipakita ang Kanyang pagmamahal sa mga tao, pinaglingkuran Niya sila. Kapag mahal natin ang isang tao, ipinakikita natin ito sa paggawa ng mabuti. Kaya matutong maglingkod: hanapin ang pangangailangan at tugunan ang pangangailangan. Gawan ng kabutihan ang isang

tao nang hindi nila inaasahan. May ganyan tayong pagkakataon sa tahanan, sa paaralan, at sa simbahan.

Naaalaala ko pa nang una akong magpunta sa Africa bilang General Authority. Kasama ko noon sa pagbiyahe si Elder Russell C. Taylor. Paggising ko tuwing umaga, makikita ko na lang na pinakintab na niya ang aking sapatos. Hindi niya kailangang pakintabin ang sapatos ko, pero iyon ang paraan niya ng pagsasabing, “Mahal kita.”

Integridad

Ang kasunod na pinahahalagahan ng Young Women ay integridad. Ang salitang *integridad* ay mula sa salitang *integer*, na ibig sabihin ay “buo” o “walang kulang.” Sa medisina pinag-uusapan namin ang tungkol sa integridad ng istruktura ng puso. Kaya’t kapag nagkaroon ng problema—halimbawa, nasugatan ang puso—sinasabi naming nawalan ito ng integridad; hindi na nito ginagawa ang dapat nitong gawin. Kung nakapatungkol sa tao, ang ibig sabihin ng integridad ay mapagkakatiwalaan ka—puwede kang asahan.

Sa mga banal na kasulatan mababasa natin na ang kapatid ni Propetang Joseph Smith na si Hyrum ay minahal ng Panginoon dahil sa “katapatan ng kanyang puso” (D at T 124:15). Hindi tinutukoy ng Panginoon ang anatomiya ng puso; ang tinutukoy Niya ay ang integridad ng espiritu ni Hyrum.

Kabanalan

Ang pinakabagong pinahahalagahan ng Young Women ay ang kabanalan. Ang *kabanalan* ay napakagandang salita. Ano ang ibig sabihin nito sa inyo? Ang ibig sabihin ng *kabanalan* ay “kadalisayan.” Ngunit may isa pang kahulugan. Naaalala ba ninyo sa Bagong Tipan nang hipuin ng babaing inaagasan ang laylayan ng damit ng Tagapagligtas? Sinabi ng Tagapagligtas, “May humipo sa akin: sapagka’t naramdaman ko na may umalis na bisa sa akin” (Lucas 8:46). Sa gayong sitwasyon, ang *kabanalan* ay may kaibang kahulugan. Sa wikang Griyego ang salitang *dunamis*, ang pinag-ugatan

ng mga salitang *dynamo* at *dynamite*. Ibig sabihin nito ay “kapangyarihan.” Nais namin ang dalawang uring ito ng kabanalan para sa inyong mga kabataan.

Abutin ang Inyong Potensiyal

Ang kaalaman ay nagdudulot ng kapangyarihan; ang kadalisayan ay nagdudulot ng kapangyarihan; ang pag-ibig ay nagdudulot ng kapangyarihan. Nais naming mapasainyo ang kapangyarihan upang marating ang nais ng Panginoon na kahinatnan ninyo. Lumalaki kayo, nagbabago kayo, at kayo ang bahala sa kahihinatnan ninyo.

Sa palagay ko walang ipinagkaiba kung kayo man ay isang tagapagbenta ng mga muwebles, isang siruhano, abugado, o arkitekto. Anumang karapat-dapat na trabaho, ano man ang akma sa inyo, ay napakaganda. Ngunit ang talagang mahalaga ay ang kahihinatnan ninyo.

Itanong ang mga ito sa inyong sarili: May integridad ba ako? May kadalisayan ba ako? May pagmamahal ba ako? Mahabagin ba ako? Lahat ng mga katangiang ito ay hindi masusukat. At habang iniisip at ipinamumuhay ninyo ang mga katangian ng mga pinahahalagahan ng Young Women, tutulungan kayo nitong maabot ang inyong potensiyal. ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa kabataan sa Nairobi, Kenya, noong Nobyembre 2011.





MARAMI RING GINAGAWA ANG AKING GURO SA SEMINARY

Sa Pilipinas, may mga science high school na nakatuong mabuti sa akademika. Ang mga estudyante sa mga paaralang ito ay mas maraming subject, mas matagal ang oras sa klase, at maraming homework. Ganito ang uri ng aking kapaligiran noong dalagita pa ako.

Hindi ko dinaluhan ang maraming aktibidad pagpasok ko ng high school dahil alam kong mas marami akong iuukol na oras sa pag-aaral. Halos hindi ako dumadalo noon sa mga aktibidad ng Simbahan at paminsan-minsan ay hindi nagsisimba sa araw ng Linggo dahil sa mga gawain sa paaralan. Nahirapan din akong dumalo ng seminary.

Isang Sabado sinabi sa amin ng aming guro sa seminary kung gaano siya kaabala noong nasa high school pa siya. Sa kabila ng kanyang iskedyul, nagagawa pa rin niya ang asayment sa seminary at pinag-aaralan ang mga scripture mastery sa aklatan. Nagdesisyon akong tanggapin

ang kanyang hamon at gayon din ang gawin. Dala-dala ko lagi ang aking mga scripture mastery card at nirerebyu ang mga ito kapag may libreng oras ako. Nanalangin ako at humingi ng tulong na mabalanse ko ang pag-aaral ko ng seminary at ang mga gawain sa paaralan. Nagsasaulo ako ng mga banal na kasulatan habang nasa sasakyan papunta sa paaralan. Inilalabas ko ang mga card habang nakikipag-usap ako sa aking mga kaibigan. Kapag oras ng meryenda at tanghalian, natutuwa ang mga kaibigan ko sa pagtatanong sa akin ng nasa mga mastery card. At nagsimulang dalhin ng ilan sa kanila ang kanilang mga banal na kasulatan at nagkukuwentuhan tungkol sa mga aktibidad sa kanilang mga simbahan. Nadama ko ang pagbabago sa aking kapaligiran, at naging mas magaan ang gawain at mas maganda ang pakiramdam ko sa eskuwelahan.

Sinundan ng tatlo kong nakababatang mga kapatid na babae ang aking halimbawa,

at ngayon ay inaani ng pamilya ko ang mga pagpapalang dulot ng mga banal na kasulatan sa aming tahanan. Ang pagsasaulo ko ng mga scripture mastery ay napakasimpleng gawain, ngunit mas mahalaga kaysa sa mga naisaulong salita, natutuhan ko ang kaibhang magagawa ng mga banal na kasulatan sa akin at sa mga taong nakapaligid sa akin. Alam ko na kahit ano pa ang hamon o pagsubok na ating makaharap, palagi tayong magkakaroon ng lakas at patnubay sa mga salita ng ating mapagmahal na Tagapagligtas.

Ni Maria Andaca, Metro Manila, Philippines

ANG PINAKAMAGANDANG WIKA

Dahil ang bibig na gamit natin sa pagdarasal, sa pagbabahagi ng ating patotoo, at sa pagbabasbas ng banal na sakramento ay ang bibig din na gamit natin sa pagsasalita, kailangang maging maingat tayo at panatilihin malinis at dalisay ang ating mga salita. Ang paraan ng ating pagsasalita ang nagsasabi kung sino tayo at ano ang uri ng ating pamumuhay. Sinabi ni Apostol Pablo, "Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig" (Mga Taga Efeso 4:29). Nasasaktan ang ating Ama sa Langit kapag ginagamit natin ang Kanyang pangalan sa walang kabuluhan.

Ang kabaligtaran ng kalapastanganan ay panalangin. Kapag nagdarasal tayo, ginagamit natin ang pinakamagandang wikang magagamit natin. Sa pakikipag-ugnayan natin sa ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin, mahalagang gawin natin ito sa dalisay at mapagpakumbabang paraan. Sa ganitong paraan, tayo ay gagabayan at makikita natin ang walang katapusang mga pagpapala ng ebanghelyo sa ating buhay.

Ni Jared Rodriguez, Maryland, USA



PAGKAKAROON NG BAGONG KAIBIGAN

Kasama kong nananghalian noon ang aking mga kaibigan nang mapansin ko na ang bagong pasok na estudyanteng si Michael ay sumabay sa oras ng aming tanghalian. Parang wala siyang kakilala pero gusto namang magkaroon ng mga bagong kaibigan. Nagpasiya siyang umupo sa tabi ng mga batang mas matanda sa kanya, na nagkunwaring mga kaibigan niya sandali ngunit sa bandang huli ay ginawa na siyang katatawanan. Palagi nilang pinagtatawanan si Michael hanggang sa nagsimula na siyang umiyak. Nakita kong

nangyari ito, at hindi talaga ako mapalagay. Kalaunan nalaman kong may autism si Michael.

Nagpasiya akong tanungin si Michael kung gusto ba niyang maupong katabi ko at ng aking mga kaibigan. Tumanggi siya, siguro sa takot na muli siyang pagtawanan ng mga tao. Nagdesisyon siyang umupo na lang nang mag-isa.

Nang sumunod na araw, nilapitan ko siya at ipinakilala sa kanya ang mga kaibigan ko. Halatang masaya siya na hindi ako tumigil sa paglapit sa kanya, at nagsimula kaming mag-usap. Nalaman ko na napakahusay pala niyang maglaro ng tic-tac-toe. Halos walang makatalo sa kanya. Nalaman

ko rin kung gaano siya katalino. Alam niya ang lahat ng pangulo ng U.S. at masasabi sa iyo kung kailan sila nanungkulan. Ang galing talaga niya, ngunit ilan lang ang taong hindi pumapansin sa kanyang kapansanan. Tinutukso ako ng ilang estudyante sa pagupo ko sa kanyang tabi, pero hindi ko sila pinansin. Gustungusto kong kasama si Michael.

Araw-araw kapag nagkikita kami sa tanghalian, masasabi kong nagiging mas masaya si Michael. Inaabangan niya ang tanghalian araw-araw, at gayon din ako. Ang inakala kong simpleng paglilingkod ay naging simula ng isang napakagandang pagkakaibigan.

Ni Laura Potts, Illinois, USA



Pagsagot
sa mga Tanong
tungkol

SA PLANO NG KALIGTASAN

Ni Michael R. Morris
Mga Magasin ng Simbahan

At ano ang paniniwala ng mga Mormon tungkol sa kasal?” tanong sa akin ng guro namin sa Spanish sa hayskul.

Lumington ang lahat ng kaklase ko mula sa kanilang upuan, para makinig sa sagot ko. Napalunok ako at nagtaka kung paano napunta sa pagdedeyt at kasal ang tala-kayan namin sa klase tungkol kina Don Quixote at Dulcinea.

Wala nang ibang miyembro ng Simbahan sa klase. Ano ang dapat kong sabihin? Gaano karaming detalye ang dapat kong ibigay? Pagtatawanan ba ako ng lahat kung magsalita ako tungkol sa walang-hanggang kasal?

“Kami ay, ah . . . ,” pautal kong sinabi, na hindi pa rin tiyak kung ano ang sasabihin.

Noon ako sinagip ng kaibigan kong si Denise. “Maganda ang pananaw ng mga Mormon tungkol sa kasal,” wika niya.

“Naniniwala sila na ang mga kasal na isinasagawa sa kanilang mga templo ay maaaring magtagal magpakailanman.”

“Iyan *ang* maganda,” sagot ng aming guro. Maging ang mga kaklase ko ay tila nasiyahan.

Matapos iyon, nagpatuloy ang klase namin at iniisip ko pa rin kung bakit ako pinagpawisan sa isang tanong na napakadaling nasagot ng kaibigan kong hindi miyembro ng simbahan.

Habang dumarami ang mga taong nakaririnig tungkol sa Simbahan, darami ang pagkakataon ng mga Banal sa mga Huling Araw na sumagot sa mga tanong tungkol sa

ebanghelyo. Sa hayskul, nalaman ko na hindi tayo kailangang magbigay ng mahahabang sagot, at hindi tayo kailangang matakot. Maliwanag ang sinasabi ng magaganda at mga simpleng doktrina ng ebanghelyo.

Sa susunod na magtanong ang mga kaibigan ninyo tungkol sa alam natin bilang “plano ng kaligtasan,” isiping gamitin ang sumusunod na maiikling sagot. Naroon ang mga detalyeng nais malaman ng karamihan sa mga tao, kaya hindi ninyo dapat isipin na kailangan ninyo ng diagram ng buong plano ng kaligtasan sa isang tsart.

Saan Tayo
Nanggaling?

Tayo ay mga walang-hanggang nilalang. Bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa piling ng Diyos, ang Ama ng ating mga espiritu. Lahat ng tao sa mundo ay literal na magkapatid na may iisang Ama sa Langit. Sa buhay bago tayo isinilang sa mundo, bawat isa sa atin ay isang indibiduwal na may banal na katangian at tadhana. Binigyan tayong lahat ng Diyos ng kaloob na kalayaan, o ng karapatang pumili para sa ating sarili, kapwa sa buhay bago tayo isinilang at dito sa lupa. Dahil Siya ang Ama ng ating espiritu, tinatawag natin Siya na ating Ama sa Langit.

Bakit Tayo Narito?

Ang buhay sa mundo ay bahagi ng plano ng Diyos para sa ating walang-hanggang kaligayahan. Kasama sa planong iyan ang pagkakaroon ng pisikal na katawan at pagkatutong pumili sa pagitan ng mabuti at masama. Sinabi ng ating buhay na propeta, si Pangu-long Thomas S. Monson: “Lubos tayong magpasalamat na bumuo ng daigdig ang matalinong Lumikha at inilagay tayo rito na may lambong ng pagkalmot tungkol sa ating pinagmulan kaya maaari tayong dumanas ng pagsubok, isang pagkakataon para patunayan ang ating sarili, upang maging karapat-dapat sa lahat ng inihanda ng Diyos na matanggap natin” (“Ang Takbo ng Buhay,” *Liahona*, Mayo 2012, 91).

ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan” (Alma 40:11–12).

Kung isasabuhay natin ang Pagbabayad-sala, o sakripisyo, ni Jesucristo, pagsisisihan ang ating mga kasalanan, at sisikaping mabuhay na katulad Niya, lilinisin tayo ng Kanyang Pagbabayad-sala at tutulutan tayo nitong mabuhay magpakailanman sa piling ng Ama sa Langit.

Yaong mga magpapasiyang huwag sundan si Cristo at tanggapin ang Kanyang ebanghelyo ay hindi tatanggap ng mga pagpapalang iyon (tingnan sa Alma 40:13–14).

Ano ang Papel na Ginagampanan ni Jesucristo?

Isinugo ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang maging Tagapagligtas natin

at upang ituro sa atin kung paano mamuhay ayon sa plano ng Diyos. Mahuhugasan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan at magagawa tayong karapat-dapat na bumalik sa piling ng Diyos. Matapos Ipako sa Krus ang Tagapagligtas, nahimlay ang Kanyang katawan sa libingan nang tatlong araw hanggang sa magbalik ang Kanyang espiritu. Dahil napagtagumpayan ni Jesus ang kamatayan (tingnan sa Mormon 7:5), tayo ay mabubuhay na mag-uli pagkamatay natin at mabubuhay magpakailanman na may perpektong katawan. ■

Saan Tayo Pupunta Pagkatapos ng Buhay na Ito?

Patuloy tayong mabubuhay pagkamatay natin, ngunit ang buhay natin sa hinaharap ay batay sa kung paano tayo namuhay ngayon. Kung ipamumuhay natin ang ebanghelyo, ang biyaya ng Panginooong Jesucristo ay bibigyan tayo ng kakayahang magsisi, mapatawad sa mga kasalanan, at maging malinis sa harapan ng Diyos.

Nalaman natin sa Aklat ni Mormon na “ang espiritu ng lahat ng tao matapos na sila ay lumisan sa katawang mortal na ito, . . . maging sila man ay mabuti o masama, ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay.

“At sa gayon ito ay mangyayari na ang mga espiritu ng yaong mabubuti



SUMALI SA USAPAN



Sa buong Pebrero, pag-aaralan ninyo ang plano ng kaligtasan sa inyong mga klase sa Sunday School at Young Women at sa mga priesthood quorum. Ang Sunday School lalo na ay magtutuo sa kung paano ninyo *maituturo* ang plano ng kaligtasan. Isiping gumawa ng listahan ng karagdagang mga tanong ninyo o ng inyong mga kaibigan tungkol sa plano ng kaligtasan at ibahagi ang mga ito sa inyong guro at sa iba pang mga kabataan sa inyong ward o branch.

Magkakasama kayong makatutuklas ng mga paraan para maituro ang doktrinang ito sa iba.

HANDANG MAGTURO



“Kung ipamumuhay ninyo ang mga alituntunin ng ebanghelyo [sa halip na] pag-aralan lang ang mga ito, ang natatanging kombinasyong iyan ng kaalaman ang tutulong sa inyo na mapanatag at maging handa sa pagtuturo ng alam ninyong totoo.”

Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa Michael Otterson, “Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Ating Relihiyon,” *Liahona*, Ago. 2012, 78.



Paano Ko Pangangasiwaan ang Isang Miting?

Kunwari 12-anyos ka na at lumipat na mula sa Primary tungo sa Young Women o sa Aaronic Priesthood. Lalong gumaganda ang takbo ng mga bagay, at nagugustuhan mo na ang ilan sa mga bagong bagay na ginagawa mo. Kaya lang, natuklasan mo na kaakibat din ng

pagbabagong ito ang mga bagong responsibilidad. Isa sa mga responsibilidad na iyon na maaaring medyo nakakatakot sa iyo ay ang maaari ka nang hilingan ngayon na mangasiwa sa mga miting.

Depende sa kung anong miting ang pinangangasiwaan mo (aktibidad sa Mutuwal, miting sa araw ng Linggo,

mga miting ng quorum o class presidency), ang mga kailangan at adyenda ay medyo maiiba nang kaunti, ngunit narito ang ilang karaniwang mungkahi at tagubilin na isasaisip habang ginagampanan mo ang responsibilidad na ito:

- Gumamit ng adyenda na nagsaad ng mangyayari sa miting. Itanong sa iyong mga lider kung may blangkong papel ng adyenda na maaari mong sulatan.
- Pumili ng musika na mag-aanyaya sa Espiritu.
- Magplano para sa pambungad at pangwakas na panalangin.
- Magbigay agad ng mga asaynment bago pa idaos ang miting.
- Dumating nang maaga at tiyaking handa na ang lahat.
- Ipaalam kung sino ang mananalangin, kukumpas sa musika, magtuturo, at gagawa ng iba pang mga bagay sa miting.
- Maging mapitagan habang nangangasiwa at hayaang gabayan ka ng Espiritu. Maging mabuting halimbawa sa iba pang kabataan na dumadalo sa miting.

Ang pag-alam kung paano pangasiwaan ang isang miting ay medyo nakakatakot sa una, ngunit magiging mas madali na ito kapag lagi mo itong ginagawa, at tutulongan ka nitong matutuhan ang kakailanganin mong kasanayan bilang lider ng Simbahan sa hinaharap. ■

SAMPOL NG ADYENDA NG MITING

Karamihan sa mga miting sa Simbahan ay may sinusunod na huwaran. Ganito dapat ang hitsura ng inyong adyenda:

- Pagbati
- Pambungad na himno
- Pambungad na panalangin
- Pagpapakilala ng mga bisita
- Business at mga announcement
- Aralin o aktibidad
- Pangwakas na panalangin

NATATANGING SAKSI



Ni Elder Richard G. Scott

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.

Batid ng ating Ama sa Langit na haharapin natin ang mahihirap na hamon ng buhay. Naglaan Siya ng mga kagamitan upang tulungan tayong magtagumpay. Isa sa mga kagamitang ito ang mga banal na kasulatan.

Ang mga banal na kasulatan ang nagbubukas sa daluyan ng komunikasyon sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Ang mga banal na kasulatan ay maaaring maging ating tapat na kaibigan. Laging nariyan ang mga ito kapag kinakailangan.



Ang pagninilay sa isang talata ay maaaring maging isang susi na magbubukas sa paghahayag at patnubay ng Espiritu Santo.

Malaking tulong ang nagagawa ng pagsasaulo ng mga banal na kasulatan.

**BANAL
NA
BIBLIA**

**AKLAT
NI
MORMON**



Mula sa "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan,"
Liahona, Nob. 2011, 6–8.

Ang Tunay na Mahalaga



Ni Charlotte Wood Wilson

Batay sa tunay na buhay

“Aking Ama’y buhay, mahal N’ya ako. Espiritu’y bumubulong: Ito ay totoo, ito ay totoo” (“Aking Ama’y Buhay,” Aklat ng mga Awit Pambata, 8.)

Nahirapan ako noong nasa ikalimang grado ako. Iisang grupo ng mga kaibigan ko hanggang ikaapat na grado, at akala ko palagi kaming magiging mga magkaibigan. Ngunit di nagtagal nang magsimula ang ikalimang grado, nagsimulang gumamit ang mga kaibigan ko ng masasamang salita at kumilos sa paraang alam

kong hindi magugustuhan ng Ama sa Langit. Nagsimula rin silang maging salbahe sa ibang mga bata sa aming klase at nagsasabi ng hindi maganda tungkol sa ibang tao.

Kalaunan naging isa ako sa mga batang ginagawang katatawanan ng mga kaibigan ko. May palayaw pa sila sa akin na hindi maganda: Makapal na Labing Charlotte, o “MLC” para maikli. Nasaktan ang damdamin ko. Sinimulan kong iwasan ang mga kaibigan ko sa paaralan, ngunit mahirap dahil magkakasama kami sa iisang klase.

“Kumusta na!” Sabi ko minsan nang oras ng tanghalian, sinisikap na maging palakaibigan at masayahin.

“Aba, MLC! Makapal na Labing Charlotte!” ang sabay-sabay nilang sinabi habang iniinis nila ako.

Tumakbo ako palayo, sinisikap na pigilan ang mga luha. Mag-isa akong kumain ng tanghalian at halos hilahin ko na ang oras para makauwi na ako.

“Ano’ng problema mo, anak?” tanong ni Inay nang mapansin niya ang bakas ng mga luha sa pisngi ko pagkatapos ng klase.

“Ang mga dati ko pong kaibigan, may bansag po sila sa akin na hindi maganda. Hindi ko po maintindihan kung bakit ganoon sila kasalbahe sa

Si Charlotte sa ikalimang grado . . .



akin.” Nagsimula na naman akong umiyak.

“Hindi dapat ganoon ang pakitun-ngo nila sa iyo. Pero sa totoo lang, hindi mahalaga kung ano ang iniisip ng ibang tao tungkol sa iyo. Maganda ka, at walang dahilan para pakinggan mo ang sinasabi ng mga batang iyon.”

“Pero Inay,” sabi ko. “Araw-araw ko po silang nakikita. Nag-aalala *po* ako sa iniisip nila tungkol sa akin. At pinakikinggan ng ibang tao ang sinasabi nila tungkol sa akin. Paano ko po hindi papansinin ang *lahat*?”

“Charlotte, ang tanging opinyon na mahalaga ay ang sa iyo at sa Panginoon. Kung sa tingin mo OK ka naman at ang ginagawa mo, at kung OK naman sa Ama sa Langit ang mga pagpili o desisyon mo, hindi na mahalaga kung ano ang tawag sa iyo ng ibang tao o ano ang sinasabi nila tungkol sa iyo. Maniwala ka.”

Sa pagpasok ko sa paaralan nang sumunod na ilang linggo, pinagtatawanan pa rin ako ng mga dati kong kaibigan at may bansag pa rin sila sa akin. Pero ‘di nagtagal nadama ko na nakakalakad na ako na may kapayapaan sa puso ko. Alam ko na kung OK sa Ama sa Langit ang makakapal na labi ko, ayos na rin ito sa akin.

Nakatapos ako sa ikalimang grado. Sa huli ay nagkaroon ako ng mga




bagong kaibigan na hindi ako bina-bansagan o tinutukso at tumulong sa akin na maging maganda ang pakiramdam ko sa aking sarili. Higit sa lahat, natutuhan ko na kung natutuwa ang Ama sa Langit sa kung sino ako, hindi na ako dapat mag-alala pa sa iniisip ng ibang tao tungkol sa akin. ■

Si Charlotte Wood Wilson ay nakatira sa Oregon, USA.



“Wala nang tana-wing mas gaganda pa kaysa sa isang kabataang babaeng pinagniningning ng Espiritu, na tiwala at malakas ang loob dahil siya ay banal.”

Elaine S. Dalton, Young Women general president, “Alalahanin Kung Sino Kayo!” *Liahona*, Mayo 2010, 122.




at sa araw ng kanyang kasal.

Ang Ating Pahina



Liza P., edad 7, Russia

Gusto nina Josheline at Camila C., mga edad 5 at 2, mula sa Bolivia, ang pagsimba para malaman ang tungkol sa Ama sa Langit. Kaagad silang naghahanda para magsimba at tinutulungan ang kanilang mga magulang na magmadali para makarating sa oras. Gustung-gusto nilang nagdarasal, at mahal nila ang kanilang mga klase sa Primary.




Gustung-gusto ko ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon tungkol kay Nephi—lalo na nang nagpunta siya sa ilang kasama ang kanyang pamilya at nang gawin na niya ang bangka.

Saúl T., edad 11, Mexico



MISSIONARY



Tomas P., edad 5, Argentina



Minsan nagbiyahe kami ng kapatid ko sakay ng bus kasama ang aming tiya papunta sa kanyang tahanan para magbakasyon ng isang linggo. Binigyan kami ni Itay ng basbas bago kami umalis. Makalipas ang ilang sandali, isang taong nakasakay din sa bus ang pumara. Habang tinutulungan siya ng katuwang ng drayber sa kanyang bagahe, may marahang bumulong sa akin, "Ninakaw ang bagahe mo." Dumungaw ako, at naibaba nga ang aming bagahe at itinago sa damuhan. Sumigaw ako at sinabing amin ang bagaheng iyon at hindi sa taong pumara. Alam kong ang Espiritu Santo ang nagsalita sa akin, at nagpapasalamat ako.

Vaniala R., edad 10, Madagascar

Missionary,
ni Emilia A.,
edad 11, Finland



Fidel N., edad 11,
Democratic Republic
of the Congo

“Ako ay Mormon.
Alam ko ito.
Ipinamumuhay ko ito.
Mahal ko ito.”

Ann M. Dibb,
pangalawang tagapayo
sa Young Women general
presidency

Mula sa pangkalahatang
kumperensya ng Oktubre
2012

PAGLALARAWAN NI CRAIG STAREY



Ang Mundo ay Nilikha para sa mga Anak ng Ama sa Langit

“Wow!” sabi ni Ana. “Tingnan ninyo, ang daming bituin.” Lahat ng miyembro ng pamilya ni Ana na nagsisiga ay tumingala. Parang milyun-milyon ang mga bituin sa madilim na kalangitan.

“Isipin ninyo,” sabi ni Inay, “bawat isa sa mga bituing iyon ay likha ng Ama sa Langit.”

“Magbanggit nga ang bawat isa sa atin ng isa sa mga paborito nating bagay na nilikha ng Ama sa Langit para sa atin,” mungkahi ni Itay.

“Alam ko na,” mabilis na sagot ni Daniel. “Gusto ko po ang malalaking alon na nakita natin sa karagatan noong isang taon.”

Hindi alam ni Ana kung ano ang pipiliin. Naisip niya ang mainit na araw, ang maliwanag na buwan, at ang mababangong bulaklak. At nalala niya kung gaano niya kagusto ang lahat ng uri ng malalambot at mabalahibong hayop. “Mga hayop!” sabi niya.

Nagsimulang ginawin si Ana, kaya’t kinumutan siya ni Itay. “Pagkatapos likhain ng Ama sa Langit ang lahat ng magagandang bagay na ito para sa Kanyang mga anak, nakita Niya na mabuti ang mga ito,” sabi ni Itay.

Maganda ang naging pakiramdam ni Ana. Hinatak niya ang kumot hanggang sa kanyang baba at tumingala sa mga bituin. “Salamat po, Ama sa Langit,” bulong niya. ■

AWITIN AT BANAL NA KASULATAN

- “Ako ay Mahal ng Ama sa Langit” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 16–17)
- Moises 2:3–27

MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

- Maaari mong bigyan ang bawat miyembro ng pamilya ng isang supot at anyayahan ang pamilya na lumabas at mangolekta ng tatlong bagay na nilikha ng Ama sa Langit. O maaari kayong magdrowing ng mga larawan o gumawa ng listahan ng mga nilikha ng Ama sa Langit. Pagkatapos ay pag-usapan kung paano ipinakikita nito at ng iba pang nilikha ang pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit.
- Puwede kayong magpalitan sa pagbabasa nang malakas ng mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa bawat bituin at hanapin ang katugmang mga bituin.

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.



KALANGITANG PUNO NG PAGPAPALA

Itugma ang bawat isa sa mga banal na kasulatan sa itaas sa isang larawan na nagpapakita ng isa sa mga nilikha ng Ama sa Langit. Kulayan ng iisang kulay ang magkatugmang pares ng larawan ng mga bituin at mga bituin sa banal na kasulatan.

Kagandahan sa Buong Paligid

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan



Kunwari bumibisita ka sa Africa. Habang tinitingnan mo ang mababangis na hayop gamit ang iyong largabista, napansin mo ang isang hugis na papalapit sa iyo. Agilang kuwago pala! Habang papalapit ito, itinaas mo ang iyong mga bisig bilang panangga. Ngunit sa halip na manakit, ang kuwago ay dahan-dahang lumapag sa iyong kamay, humuni-huni at tumingin sa iyo sandali bago muling lumipad. Ito ay talagang nangyari kay Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gustung-gusto niya ang mga hayop lalo na ang mga ibon.

Ang isang paraan na ipinakikita ni Pangulong Packer kung gaano niya kamahal ang kalikasan ay sa pamamagitan ng sining. Mula pa noong bata siya, gustung-gusto na niya ang magdrowing, magpinta, at umukit. "Lahat ng nakikita ko ay nagpapatunay sa aking kaluluwa na mayroong Diyos, na lumikha sa lahat ng ito," sabi ni Pangulong Packer. ■



Idinrowing ni Pangulong Packer ang mga hayop na ito noong siya ay 11 taong gulang. Nag-uwi ang kanyang Itay ng mga sobrang papel na hindi ginamit ng lokal na pahayagan, at nakadapang nagdodrawing si Pangulong Packer. "Kung ang pagdodrawing ay isang karamdaman, parang matindi ang pagdapo nito sa akin," sabi niya.



Si Pangulong Packer ay mga 10 taong gulang nang gawin niya ito mula sa mga pinecone na nakalap nang minsang magkamping ang pamilya.



Habang naglilingkod bilang piloto sa militar, nagpadala si Pangulong Packer ng mga liham sa kanilang tahanan na nakasilid sa mga sobrang pinalamutian niya sa mga sandaling wala siyang gaanong ginagawa.



Tinabas at pininturahan ni Pangulong Packer ang mga ibong ito na yari sa kahoy noong bata pa siya, gamit ang tabla mula sa mga lumang kahon at pinturang ibinigay sa kanya ng isang kapitbahay.



Si Pangulong Packer ay nakapag-ukit ng napakaraming ibon sa paglipas ng mga taon. Sinabi niya na ang pag-ukit ay nakatutulong sa kanya na magrelaks at makapag-isip kung ano ang dapat niyang sabihin sa susunod na pagbibigay ng mensahe.

Ni Jennifer Maddy

Batay sa tunay na buhay

“Mga anak, magsitalima kayo sa inyong magulang sa lahat ng mga bagay, sapagka’t ito’y totoong nakalulugod sa Panginoon” (Mga Taga Colosas 3:20).

Nakatitig si Ethan sa maku-lay na pabalat ng video games na nakasalansan. Sinabi ng kanyang mga magulang na maaari siyang pumili ng isang laro bilang regalo sa kanyang kaarawan, at napakaraming pagpipilian! Nagpalipat-lipat ang tingin ni Ethan sa car racing game, sa adventure game, at sa isang dance game. Sa wakas, pinili niya ang racing game at dinala ito sa kanyang ama.

“May nagustuhan ka na ba?” tanong ni Itay.

“Parang gusto ko po itong racing game,” sabi ni Ethan.

“Mukhang maganda nga,” sabi ni Itay. “Ano ang rating niyan?”

Binaligtad ni Ethan ang pabalat. Alam niya na ang puwede lang niyang laruin na mga game ay iyong may partikular na rating. Noong bagong bili pa lang ang kanyang computer, sinabi ng kanyang mga magulang ang kahalagahan ng pagsunod sa patakaran ng kanilang pamilya tungkol sa rating ng video games. Alam ni Ethan na maraming games o laro ang may masasamang nilalaman, at nais niyang maging masunurin.

Nakita ni Ethan ang rating na nasa pabalat at ipinakita ito kay Itay. “Para po sa lahat ang rating nito,” sabi niya.

“Okey,” sabi ni Itay. “Bayaran na natin ito. Maligayang kaarawan sa iyo, Ethan!”

“Salamat po, Itay!” Ngumiti si Ethan, sabik nang makauwi para masubukan na ang kanyang bagong lalaruin.

Makaraan ang ilang araw, nag-punta si Ethan sa bahay ng kaibigan niyang si Chase para maglaro. Magkasama sila ni Chase sa klase sa Primary, at palagi silang naglalaro. Dinala ni Ethan ang kanyang bagong video game.

“Hi, Ethan,” sabi ni Chase nang buksan niya ang pinto. “Halika, pasok ka. May bago akong video game na malalaro natin!”

“Ako rin!” Sabi ni Ethan, habang ipinakikita ang kanyang game.

Naupo na ang mga bata sa harap ng computer, at inilagay na ni Chase ang kanyang laro. Lumitaw sa screen ang pamagat, at gayundin ang rating. Nagulat si Ethan. Hindi siya pinapayagang laruin ang gayong rating.

ANG PATAKARAN SA MGA RATING

MGA PAMANTAYAN KO SA EBANGHELYO

“Tanging mga bagay lamang na nakalulugod sa Ama sa Langit ang babasahin at panonoorin ko.”

Sabik na tumingin-tingin si Chase sa mga menu gamit ang kanyang controller at sinimulan ang laro. Wala pang nakikitang masama si Ethan. Nag-klik siya sa kanyang controller para pagalawin ang kanyang character sa game. Nakakatuwa, pero habang naglalaro siya, lalo siyang hindi naging komportable. Wala pa rin siyang nakikitang anumang masama, pero gusto niyang sundin ang patakaran ng kanyang pamilya.

“Hoy, Chase, bawal akong maglaro kapag ganito ang rating,” sabi ni Ethan.

“Hay, OK lang ‘to,” sabi ni Chase. “Wala namang masama rito.”

“Sigurado ka?” tanong ni Ethan.

“Oo,” sabi ni Chase. “Nilalaro ito

ng pamilya ko. Sa tingin ko mali ang naibigay na rating dito.”

Noon biglang sumilip sa silid ang ina ni Chase. “Hi, mga iho,” sabi niya. “OK lang ba kayo?”

Napalunok si Ethan. “Hi, Sister Murphy,” sabi niya. “Hindi po kasi ako puwedeng maglaro ng video game na ganito ang rating.”

“Sinabi ko pong wala namang masama rito,” sabi ni Chase.

Ikinaway lang ng nanay ni Chase ang kamay nito. “Huwag kang magalala, Ethan,” sabi niya. “Alam kong marami sa mga larong ganito na ang rating ay hindi maganda, pero sigurado akong papayagan ka ng nanay mo na laruin ang isang ito.” Ngumiti siya at umalis na ng silid.

Patuloy na naglaro si Chase, pero binitiwang na ni Ethan ang kanyang controller. “Chase, bakit ‘di na lang natin laruin ang racing game na dala ko?” tanong ni Ethan.

Nagkibit-balikat lang si Chase at patuloy na tumutok sa screen. “Ayoko, mas gusto kong laruin ito.”

Dahan-dahang tumayo si Ethan at nagpunta sa silid ni Chase, kung saan nakakita siya ng ilang laruang kotseng pangkarera na puwedeng laruin. Hindi ito nakakatuwang tulad ng kanyang video game, pero maganda ang pakiramdam ni Ethan dahil alam niyang sinusunod niya ang patakaran ng kanyang pamilya. ■


Si Jennifer Maddy ay nakatira sa Utah, USA.



Tulong-Tulong sa Pagtatayo

Ni Michelle Tripp, Idaho, USA

Batay sa tunay na buhay



VROOM. VROOM. VROOM. Dumungaw si Ashley sa kanyang bintana. May nakita siyang trak na kulay asul. Nakita niya ang matataas na bunton ng lupa. Nagtatayo ng bagong bahay ang mga kapitbahay.



“Ano po ang nagbubunton ng mga lupa?” tanong ni Ashley. “Sino po ang gumagawa ng mga bahay?”

“Mga trak ang nagbubunton ng lupa,” sabi ni Inay. “Mga karpintero ang gumagawa ng mga bahay.”



“Sabi po ng titser ko si Jesus ang gumawa sa lahat ng bagay,” sabi ni Ashley. “Oo,” sabi ni Inay. “Si Jesus ang gumawa ng lahat ng bagay na gamit nila sa pagtatayo ng mga bahay.”



Tumingin si Ashley sa bakuran. “Tulad po ng mga puno, at bato, at lupa?” tanong ni Ashley.

“Oo,” sabi ni Inay. “Si Jesus din ang gumawa ng ating katawan. Ang katawan natin ay nakagagawa ng mga bagay.”



Naging masaya si Ashley. Si Jesus ang tumulong sa kanyang mga kapitbahay para makapagtayo ng bahay. Alam niyang matutulungan din siya ni Jesus na gumawa ng mga bagay. ■

ISANG MAGANDANG DAIGDIG

Nalaman ni Ashley na ang Ama sa Langit at si Jesus ang gumawa sa lahat ng bagay. Tingnan ang magandang lugar na ito na Kanilang nilikha. Tingnan kung mahahanap at mabibilugan mo ang mga larawan na nasa ibaba ng pahina.



MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Hinikayat ng Simbahan ang mga Miyembro sa Buong Mundo na Maglingkod sa Kanilang Lugar

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Nitong nakaraang taon, muling binigyang-diin ng Welfare Department ng Simbahan ang pagtulong ng mga miyembro sa lahat ng dako ng mundo sa sarili nilang komunidad.

Iminungkahi ng bahaging Humanitarian Service ng LDS.org na, “Anong mga pangangailangan o hamon ang nakikita o naririnig ninyo? . . . Kung tutukuyin ninyo ang isang pangangailangan sa inyong komunidad ngunit wala kayong makitang nakatatag na programa na lulutas

Nagpakete ng libu-libong hygiene kit ang mga miyembro sa Chile kasunod ng malaking lindol na puminsala sa kanilang bansa noong 2010.



sa pangangailangang ito, subukan ninyong humanap ng solusyon” (sa LDS.org, mag-klik sa **Resources, Welfare, Humanitarian Service**).

Itinuro ni Lynn Samsel, direktor ng emergency response para sa Simbahan, ang ilang pakinabang ng humanitarian response sa bawat lugar: “Ito’y mas mabilis, mas kakaunti ang problema sa customs, makakabili ang Simbahan ng mga produktong lokal na pamilyar sa mga miyembro sa lugar, nakakatulong ito sa ekonomiya ng lugar, at nagkakaroon sila ng mga bagong kaibigan.”

Noong 2011, libu-libo ang nawalan ng tahanan dahil sa kaguluhan sa pulitika sa ilang bansang Arabo. Sa halip na magbuo ng mga hygiene kit sa Salt Lake at ipadala ang mga ito sa Middle East, nagbigay ng pondo ang Simbahan sa area presidency sa lugar. Sa gayon ay nagawang makipagtulungan ng 50 miyembrong naninirahan sa Jordan sa iba pang mga organisasyon sa lugar sa pagbuo at pamamahagi ng 40,000 hygiene kit at pakete ng pagkain sa loob lamang ng limang araw.

Sa buong mundo, maaaring magpasimula ang mga miyembro ng sarili nilang mga proyektong pangserbisyo. Sa iba pang mga pagkakataon maaaring bigyan ng branch, ward, district, o stake ng mga oportunidad ang mga miyembro at iba pa na makapaglingkod.

Ang mga solusyon sa lugar, pagpapaliwanag ni Gustavo Estrada ng Welfare Department, ay kadalasang natutugunan ang mga pangangailangan nang higit kaysa mga solusyong naisip ng mga tao na libu-libong milya ang layo.

Kasunod ng lindol at tsunami noong Marso 11, 2011, na puminsala sa Japan, tumugon kaagad ang Simbahan. Nagpadala sila ng pera sa mga lider sa lugar, na siyang namili ng pagkain at iba pang mga suplay sa loob ng bansa. Ang mga miyembro sa Japan na hindi naapektuhan ng lindol ang naglagay ng mga suplay sa mga kit na higit na tumugon sa kakaibang mga pangangailangan ng mga biktimang napinsala kaysa mga generic kit.

“Kapag nagsilabas at naglingkod ang mga miyembro sa kanilang komunidad, maaari nilang kaibiganin ang kanilang mga kapitbahay at matamasa ang tiwalang nabubuo sa pagtutulungan sa paglutas sa iisang problema,” sabi ni Sharon Eubank, direktor ng Church humanitarian services.

Noong 2012, sa pagsisikap na mabawasan ang dami ng namamatay na mga bata sa umuunlad na mga bansa, nagpadala ng 1.5 milyong text message ang mga LDS volunteer sa Ghana sa kapwa nila mga Ghanaian, para ipaalang ang immunization drive na itinaguyod ng isang partner ng Simbahan.

“[Ngayon] kapag may dumating na ibang problema sa hinaharap, maaasahan natin na may tutulong ulit,” sabi ni Sister Eubank. “Ang maglingkod nang magkakasama ay nagbuo ng pagkakaunawaan at tunay na kapatirang Kristiyano nang mas mabilis kaysa anupamang maiisip ko.” ■

Nagtuon ang mga Apostol sa Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo nang Bumisita Sila sa Pilipinas

Ng Philippines Area news committee

Bumisita sina Elder David A. Bednar at Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, kasama ang iba pang mga pinuno ng Simbahan, sa Philippines Area mula Agosto 24 hanggang Setyembre 2, 2012.

Sa mga priesthood leadership conference, young single adult devotional, stake conference, at mission meeting, nagturo ng doktrina ang mga Kapatid at hinikayat nila ang mga Banal na palakasin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Sa Laguna, sinagot ni Elder Bednar ang mga tanong ng mga young single adult sa isang espesyal na pulong. Ipinaliwanag niya, “Gumamit ng mga tanong ang Tagapagligtas bilang isa sa Kanyang mga pangunahing kasangkapan sa pagtuturo. Kung sisikapin nating magtanong ng mga bagay na inspirado at epektibo habang nagninilay at nagdarasal tayo, kayo at ako ay maaaring matuto sa paraang makatatanggap tayo ng inspirasyon at malalaman natin ang sagot sa ating sarili mula sa Espiritu Santo.”

Sa araw ng Linggo sa chapel, punung-puno ng mga miyembro ang mga cultural hall, at iba pang mga silid sa paligid ng Legazpi Stake Center nang ituro ni Elder Cook na, “Huwag hayaang magambala ng inyong mga pagdududa ang inyong pananampalataya.”

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng mga lalaki at babae bilang pantay na magkatuwang sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa na itinuro sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” (*Liahona* at *Ensign*, Nob. 2010, 129).



Binati ni Elder Cook ang mga miyembro sa pagtatapos ng pulong.

Naglakbay ang mga miyembro at missionary sa Iloilo, sa Panay Island, nang hanggang limang oras sakay ng barko at bus para dumalo sa mga pulong kung saan itinuro ni Elder Bednar na palakasin nila ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at tulungan ang iba na lumapit kay Cristo.

“Narito tayo para ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo, pero dapat nating tandaan na ang tunay na guro ay ang Espiritu Santo,” pagbubuod ni Sister Manguil, isang full-time missionary na naglilingkod sa Philippines Iloilo Mission.

Sa Cagayan de Oro sinabi ni Elder Cook sa mga young adult sa lugar, “Ang inyong kabutihan ay kailangan, at kailangang maging mas matatag ang bansang ito. Magkakaroon ng epekto [ang] lakas ng Simbahan sa Pilipinas na magpapala sa mga tao sa buong Asya.”

Hinikayat niya ang mga miyembro na magtuon sa pinakamahalaga, alisin ang mga pagdududa, manampalataya, at magpakasal sa templo.

“Ang tiyempo ng mga turo ng mga alituntunin at mga ideya mula sa banal na kasulatan na ibinahagi nila ay [napaka]halaga,” sabi ni Iligan Philippines Stake president Carlo V. Crisanto. “Walang pagsala na ang mga alituntuning iyon ang kailangan natin ngayon. . . . Sa lahat ng tungkulin natin, ang pinakamahalaga ay sa pamilya.”

Tinapos ng mga Apostol ang kanilang pagbisita sa Pilipinas sa pakikipag-usap sa dalawang senador ng bansa at pagdalo sa kultural na kaganapang nagtampok sa mga kabataan sa lugar. ■

Sa loob ng 10 araw noong Agosto at Setyembre, binisita nina Elder David A. Bednar at Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga lungsod sa buong Pilipinas upang kausapin ang mga lider, miyembro, at missionary.

Nasa Wikang Lao na Ngayon ang Aklat ni Mormon

Mahigit 4,500 miyembro ng Simbahan sa Laos, Thailand, at mas maliliit na grupo sa Estados Unidos at Canada ang may access na ngayon sa buong Aklat ni Mormon sa wikang Lao.

Ang pagsasalin sa bagong wika ay makukuha sa softcover sa lokal na mga distribution center ng Simbahan at online sa store.lds.org (item blg. 35607331) at LDS.org.

Tinulungan ng Leadership Training Library ang mga Miyembro sa mga Bagong Tungkulin

Mahigit isang taon matapos ilunsad patuloy na nagiging mahalagang sanggunian ang Leadershiplibrary.lds.org sa mga miyembro—na naglalaman ng humigit-kumulang 100 video sa 11 wika

na nag-aalok ng tulong hinggil sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan.

Kabilang sa mga video ang walong script na recording ng totoong mga ward at branch sa iba't ibang bansa. Kapag natukoy ng mga Area Presidency ang karagdagang mga pangangailangan sa training, magdaragdag ng bagong materyal sa library bawat quarter.

“Ang layunin ng [Leadership Training Library] ay tulungan ang mga lokal na lider na matutuhan, maituro, at masunod ang mga alituntunin at patakaran mula sa handbook,” sabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Nilikha ng mga Lider ang Ikalawang Stake sa Russia, Ikawalo sa Italy

Noong Setyembre 9, 2012, ang araw na naging 88 taong gulang si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng

Nagpakuha ng retrato ang mga young single adult na kasama sina Elder Russell M. Nelson at Sister Nelson sa Summer Gardens sa St. Petersburg, Russia.

Labindalawang Apostol, nilikha niya ang St. Petersburg Russia Stake—ang ikalawang stake sa Russia.

Pitong araw pagkaraan, hinati ni Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu ang Milan Italy Stake para likhain ang bagong Milan Italy East Stake. Ang Milan Italy Stake ay tinawag nang Milan Italy West Stake.

Binisita ng mga Pinuno ng Simbahan ang mga Pinuno ng Pamahalaan sa Croatia at Bosnia

Kinausap nina Elder Ronald A. Rasband ng Panguluhan ng Pitumpu at Elder Kent F. Richards, Pangalawang Tagapayo sa Europe Area Presidency, ang mga pinuno ng pamahalaan sa Croatia at Bosnia at sa Herzegovina noong Setyembre 2012.

Sa Croatia, kinausap ni Elder Rasband si President Ivo Josipović at nangako siya na patuloy na patatagin ng Simbahan ang pamilya.

Noong Setyembre 12, kinausap ni Elder Rasband si Željko Komšić, isa sa tatlong-taong panguluhan ng Bosnia at Herzegovina, sa unang-unang pakikipagkita ng isang pinuno ng Simbahan sa isang pinuno ng pamahalaan mula sa Bosnia.

Inilarawan ni President Komšić ang iba't ibang relihiyong umiiral sa Bosnia at malugod na tinanggap ang Simbahan bilang miyembro ng komunidad na iyon. Ipinaliwanag ni Elder Rasband na mataas ang prayoridad ng Simbahan sa pamilya at inaasam ng mga miyembro na masuportahan ang adhikaing ito sa Bosnia at Herzegovina.



© RT

Pag-aralan, Pagnilayan, at Ipamuhay

Ang *Liahona* ay nagpapalakas sa aking espiritu at patotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Higit sa lahat, pinoprotektahan ako nito mula sa mga bitag ni Satanas sa pagtulong sa akin na bumaling sa mga bagay na talagang mahalaga. Buwan-buwan may isang mensaheng tila isinulat para lang sa akin. Alam ko na kalooban ng Ama na pag-aralan at pagnilayan natin ang mga mensahe bawat buwan at ipamuhay ang mga ito araw-araw.

Pamela Ananta Barbosa da Silva, Brazil

Isang Maliwanag na Landas

Ang mga banal na kasulatan ay kayamanang walang katumbas. Ngunit itinuturing ko ring kayamanan ang *Liahona*. May malaking liwanag na nagmumula sa mga pahina nito. Binibigyan tayo nito ng mga pagkakataong itama ang ating mga pagkakamali at pasakdalin ang ating sarili sa pamamagitan ng mga mensaheng naroon, tulad ng mga banal na kasulatan. Sa bawat pahina may isang mahalagang turo, isang pagkakataon, isang maliwanag na landas.

Manuel de Araújo Fernandes, Mozambique



Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.

“Pagiging Disipulo sa Lahat ng Panahon, sa Lahat ng Bagay, sa Lahat ng Lugar,” pahina 22: Isiping anyayahan ang inyong pamilya na kumpletuhin ang “eksperimento sa pagkadisipulo” na tinalakay sa artikulong ito. Sa loob ng isang linggo, mapanalanging pag-aralan ang isang partikular na turo o kuwento tungkol kay Jesucristo. Sa susunod na family home evening, maaaring ireport ng mga miyembro ng pamilya ang kani-kanilang mga karanasan at ideya.

“Lights . . . Camera . . . Action!”, pahina 48: Matapos basahin ang artikulong ito, talakayin sa inyong pamilya ang kahalagahan ng pagpili ng mabuting media. Isiping ipabahagi sa mga miyembro ng pamilya ang paborito nilang halimbawa ng mabuting media at kung paano ito nakatulong sa kanila. Maaari

kayong magpakita ng isang larawan ni Jesucristo habang tinatalakay ninyo kung paano tayo kailangang pumili ng media na magiging komportable tayong panoorin o pakinggan kung kapiling natin ang Panginoon. (Ang iba pang mga ideya sa pagtuturo ng paksang ito ay matatagpuan sa pahina 9.)

“Dalhin sa Tahanan ang mga Turo sa Primary,” pahina 64: Isiping mamasyal bilang pamilya upang tuklasin kung ilang bagay ang makikita ninyo na nilikha ng Ama sa Langit. Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring mangolekta ng mga bagay-bagay, magdrowing ng mga larawan, o kumuha ng mga retrato ng paborito nilang mga nilikha. Maaari kayong magtapos sa pagkanta ng “Ako ay Mahal ng Ama sa Langit” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 16–17).



Ang Aking Missionary Family Home Evening

Bilang bagong binyag sa Simbahan, lagi kong gustong tulungan ang mga missionary sa ward ko. Madalas kong makita na kahit hindi komportable ang mga investigator sa pakikinig sa mga talakayan, masaya silang nakikilahok sa family home evening.

Minsan inanyayahan ko ang mga full-time missionary at ang buong pamilyang hindi-miyembro sa family home evening ko. Bago sila dumating, nag-ayuno at nanalangan ako na mapasaamin ang Espiritu at mabuksan ang puso nila sa ebanghelyo. Pinanood namin ang isang missionary video tungkol sa pagtulong sa mga pamilya na lumago at magkaroon ng tiwala. Pagkatapos ay ibinahagi namin ang aming damdamin tungkol sa video. Napakalakas ng Espiritu.

Ang pamilyang ito ngayon ay handa nang matuto pa tungkol sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pakikipagkita sa mga missionary. Lahat tayo ay inanyayahang tumulong sa gawaing misyonero, at nakita ko na epektibo ang mga family home evening para maibahagi sa iba ang galak ng magkaroon ng ebanghelyo sa buhay ko.

Maria de los Angeles Vilca Zeballos, Peru

PAG-ALAALA SA KANYA SA SABBATH

Ni Michael R. Morris

Mga Magasin ng Simbahan

Maayos naman ang takbo ng aming aralin sa Sunday School tungkol sa pagpapantiling banal sa araw ng Sabbath—hanggang sa may nagbanggit tungkol sa telebisyon.

Habang nagbabanggit ang mga tao ng kanilang mga opinyon tungkol sa kung dapat bang manood ng telebisyon sa araw ng Linggo, ang ilang miyembro ng klase ay nagpayo kung ano ang dapat gawin nang medyo may pagmamagaling. Hindi nagtagal, nagdamdam na ang iba pang miyembro ng klase. Ang Espiritu, na nadama sa simula ng aming talakayan, ay napalitan ng tensiyon na nadama ng lahat.

Dahil napansin ang tumitinding pagtatalo, hiniling ni Kenneth Payne, miyembro ng aming stake presidency, na makapagsalita siya. Tumindig siya at nagsimulang magkuwento tungkol sa anak niyang si Brian, na naglingkod sa Japan Tokyo North Mission. Nang salubungin ni President Payne at ng kanyang pamilya si Brian sa airport nang umuwi ito mula sa kanyang misyon noong Marso 2003, idinaing niya ang matigas at masakit niyang panga. Sa loob ng ilang linggo, natuklasan ng doktor na si Brian ay mayroong non-Hodgkin's lymphoma, na isang uri ng kanser.

Makalipas ang isang buwan sinimulan niya ang mga chemotherapy at radiation. Sinabi ni President Payne na nagplano ang mga doktor na magsagawa ng bone-marrow transplant sa Setyembre 22, ngunit pagkatapos ng unang



Kung hadlang ang mga aktibidad ng Linggo sa pag-alaala sa Tagapagligtas at sa paghilingkod sa Sabbath gaya ng gagawin Niya, marahil dapat nating muling pag-isipan ang ating desisyon.

araw ng buwan na iyon, “nagsimulang mahirapan si Brian.”

Naospital siya sa ikalawang linggo ng Setyembre. Nang sandaling iyon, dahil sa mabilis na pagkalat ng kanser, nagpasiya ang mga doktor na huli na para gawin ang transplant. Iniuwi ng pamilya si Brian mula sa ospital noong Setyembre 21. Namatay siya kinabukasan nang umaga.

“Ang Setyembre 22 ay espesyal na araw para sa aking pamilya at sa akin,” sabi ni President Payne. “Sa araw na iyan nag-uukol kami ng oras para isipin si Brian, ang kanyang mga kontribusyon sa aming pamilya, at kung paano niya inialay ang huling dalawang taon ng kanyang buhay sa Panginoon at mga Hapones, na minahal niya. Nangungulila kami sa kanya, at sa araw na iyon ay iniisip namin ang kanyang buhay at nagpupugay sa kanyang alaala.”

Para sa ating lahat, sabi ni President Payne, ang Linggo ay araw para mag-ukol ng oras na mag-isip-isip.

“Nag-uukol tayo ng panahon para makadalo sa ating mga miting sa Simbahan, makibahagi ng sakramento, malungkot sa ating mga kasalanan, at pagnilayan ang pagdurusa ng Tagapagligtas para sa ating kapakanan,” sabi niya. “Naglilingkod tayo, nagmamahal, at sinisikap nating huwag magambala ng mga aktibidad na hahadlang sa atin sa pagsamba sa Kanya.”

Sinabi ni President Payne na kung ang mga aktibidad sa Linggo ay naaayon sa diwang iyon, magiging maganda ang pakiramdam natin habang ginagawa natin ito. Ngunit kung hadlang ito sa pag-alaala sa Tagapagligtas at sa paghilingkod sa Sabbath gaya ng gagawin Niya, marahil dapat nating muling pag-isipan ang ating desisyon.

Pagkatapos siya ay umupo at wala nang sinabi pa. Hindi na niya kailangang gawin iyon. Bumalik ang Espiritu sa silid-aralan, at nakinig kaming lahat. ■



PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

BRIGHAM YOUNG

Pinamunuan ni **Brigham Young** ang mga pioneer mula sa Nauvoo, Illinois, papunta sa Salt Lake Valley. Habang siya ang Pangulo ng Simbahan noon, naglingkod din siya bilang gobernador ng Utah Territory. Ang **Eagle Gate** ang tanda ng pagpasok sa kanyang ari-arian. Ginamit ni Brigham Young ang kanyang **tungkod** upang lagyan ng tanda ang lugar kung saan itatayo ang **Salt Lake Temple**. Siya ay naging Pangulo ng Simbahan sa loob ng 30 taon, mas matagal kaysa iba pang mga propeta sa huling araw.



nanyayahan ng Liahona ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang dako ng mundo na makibahagi sa isang "eksperimento sa pagiging disipulo." Hiniling sa kanila na pag-aralan nang isang linggo ang isang turo o kuwento tungkol kay Jesucristo at magreport kung paano naapektuhan ng kanilang pinag-aralan ang kanilang pamumuhay. Tingnan sa pahina 22 ang salaysay ng anim na miyembrong nakibahagi sa eksperimento. Inilalarawan dito ang natutuhan nila at kung paano nito binago ang paraan ng pagsunod nila ngayon sa Tagapagligtas.

